



Kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars sa Implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum Batay sa Persepsiyon ng mga Guro

Wenceslao Jasmin Buen, Jr.

Pangasinan State University, School of Advanced Studies

buen.wenceslao.jr@gmail.com

Petsa ng Pagsumite:

Marso 22, 2026

Petsa ng Pagtanggap:

Abril 25, 2026

Petsa ng Paglathala:

Mayo 19, 2026

DOI:

10.5281/zenodo.20290915

Abstrak

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kaangkupan, pagtanggap, at paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars (FIL7-LEx) sa implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum batay sa persepsiyon ng mga guro. Gumamit ng deskriptibong metodo at sarbey-kwestyoneyr sa apatnapung (40) guro mula sa pampublikong paaralan. Natuklasan na ang mga guro ay may sapat na karanasan sa pagtuturo at patuloy na pag-unlad na propesyonal, subalit may malinaw na kakulangan sa pagsasanay kaugnay sa MATATAG Curriculum at sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, na nagpapahiwatig ng umiiral na training gap. Sa kabila nito, ang kabuoang antas ng kaangkupan ng FIL7-LEx ay “naaangkop” (Mean

= 4.29). Pinakamataas ang kaangkupan sa paghubog ng kagandahang-asal at edukasyong pangkapayapaan (Mean = 4.67), habang nananatiling hamon ang pagtutugma ng dami ng nilalaman at oras ng pagtuturo, na nagreresulta sa coverage over mastery. Sa aspekto ng mga batayang kasanayan, napatunayang epektibo ang FIL7-LEx sa paglinang ng literasi at numerasiya, bagama’t hindi pa ganap ang konsistensi sa lahat ng guro. Sa kognitibong dimensyon, may indikasyon na ang ilang gawain ay hindi lubos na naaayon sa aktuwal na kakayahan ng mga mag-aaral, kahit na maayos ang progresyon ng pagkatuto. Higit pa rito, natukoy na ang antas ng pagtanggap at paggamit ay mataas sa kontekstuwalisasyon (Mean = 4.20), praktikalidad (Mean = 3.85), at adaptabilidad (Mean = 4.31). Pinahahalagahan ng mga guro ang kakayahan ng lesson exemplars na maiangkop sa lokal na konteksto, magbigay ng pedagogical flexibility, at pahintulutan ang pagbabago batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa kabuoan, ipinakikita ng pag-aaral na bagama’t ang Filipino 7 Lesson Exemplars ay epektibo at naaangkop bilang kagamitang panturo, kinakailangan pa ng higit na pagpapahusay sa pagsasanay ng mga guro, pag-angkop ng nilalaman sa oras ng pagtuturo, at pagtiyak ng mas angkop na lebel ng mga gawain upang mapalakas ang kalidad ng implementasyon ng MATATAG Curriculum.

Mga Susing Salita: *Filipino 7, Lesson Exemplar, Enhanced Matatag Curriculum, Kaangkupan, Persepsiyon, Guro*

INTRODUKSIYON

Kaligiran ng Pag-aaral

Ang edukasyon ay saligan ng pag-unlad ng sambayanan, isang institusyong hindi lamang nagsisilbing tagapagdala ng kaalaman, kundi tagapag-ugnay ng diwa, kultura, at identidad ng mamamayan. Sa larangan ng pambansang kaunlaran, ito ang itinuturing na “pinakamabisang tagapagpalaya” (Freire,




1970), sapagkat sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng kakayahan ang tao na basagin ang mga hangganan ng kamangmangan at makilahok sa diskursong panlipunan.

Sa makabagong panahon, ang edukasyon ay hindi na lamang tinitingnan bilang isang serbisyong panlipunan, ito ay isang estratehikong pamumuhunan na nagdidikta sa itatagal at itatayog ng isang bansa. Ang pag-unlad ng bansa ay hindi na nakabatay sa dami ng hilaw na materyales, kundi sa talino at kasanayan ng kaniyang mamamayan. Ang modernong diskurso sa internasyonal na edukasyon ay kumikilala sa pagkatuto hindi lamang bilang isang pundamental na karapatang pantao, kundi bilang isang Global Public Good na may malalim na implikasyon sa seguridad at ekonomiya ng daigdig. Sa ilalim ng teorya ng Human Capital, ang edukasyon ay nagsisilbing pangunahing makina ng paglago sa tinatawag na Knowledge Economy, kung saan ang yaman ng isang nasyon ay nasusukat sa cognitive skills at inobasyon ng mga mamamayan nito sa halip na sa likas na yaman lamang (OECD, 2023). Ang paradigmang ito ay higit na pinagtibay ng Sustainable Development Goal 4 (SDG 4) ng United Nations, na naglalayong tiyakin ang inklusibo at pantay na kalidad ng edukasyon upang masugpo ang tinatawag na learning poverty at ihanda ang sangkatauhan sa mga hamon ng Fourth Industrial Revolution (UNESCO, 2021).

Sa kontekstong Pilipino, ang edukasyon ay patuloy na humaharap sa hamon ng pagbabago. Ang mga reporma sa kurikulum, mula sa Bilingual Education Policy noong dekada '70, patungo sa K to 12 Basic Education Program noong 2013, ay patunay ng patuloy na paghahanap ng sistema ng edukasyon sa isang balanseng ugnayan ng tradisyon at modernidad, ng lokal at global, ng identidad at kompetisyon. Ang kasalukuyang panahon ay naglalalatag ng panibagong yugto ng reporma sa pamamagitan ng Enhanced MATATAG Curriculum ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), na nagsusulong ng pananaw na ang edukasyon ay hindi lamang dapat maging makabago, kundi dapat ding maging makatao, makabansa, at makabuluhan.

Kaakibat ng adhikaing ito, malinaw na nakaugat sa Philippine Development Plan (PDP) 2023–2028 ang papel ng edukasyon bilang pangunahing estratehiya sa paghubog ng produktibong mamamayan at sa pagtatamo ng human capital development. Ayon sa PDP (2023-2028), ang pagpapaiting ng kalidad ng edukasyon ay mahalagang salik sa pagsulong ng inclusive growth at competitiveness ng bansa. Kinikilala ng plano ang pangangailangan para sa edukasyong nagtataguyod ng lifelong learning, digital literacy, at transformative pedagogy, mga prinsipyong nakapaloob din sa layunin ng Enhanced MATATAG Curriculum. Dagdag pa rito, nakahanay din ang mga layunin ng edukasyong Pilipino sa United Nations Sustainable Development Goals (SDGs), partikular sa SDG 4: Quality Education, na naglalayong “matamo ang inklusibo at patas na de-kalidad na edukasyon at itaguyod ang panghabambuhay na pagkatuto para sa lahat.” Ang pagtutok ng DepEd sa dekalidad, makatao, at kontekstuwalisadong kurikulum ay isang konkretong hakbang upang maisakatuparan ang mga layuning ito. Kaya’t ang pagsusuri sa mga kagamitang panturo gaya ng Lesson Exemplars (LEs) ay hindi lamang usapin ng pedagogikal na bisa, kundi bahagi rin ng pambansa at pandaigdigang pananagutan ng edukasyon sa pagtataguyod ng napapanatiling kaunlaran.

Ang pag-aaral at pagtalakay sa edukasyon ay hindi maaaring ikahon sa simpleng mekanismo lamang ng pagtuturo at pagkatuto. Sa gayong diwa, ang edukasyon ay isang malalim at dinamikong proyektong sosyo-kultural na matibay na nakaugat sa wika, panitikan, at mismong karanasan ng mga Pilipino. Kinikilala ng mga mananaliksik na ang wika ay higit pa sa midyum ng pagtuturo; ito ang sisidlan at daluyan ng kultura (Zafra, 2016; David, 2018). Sa pamamagitan ng ating wika at panitikan, nakapagsasalamin at naipapahayag ang kolektibong karanasan ng bayan, na siyang pundasyon sa paglinang ng pambansang kaakuhan at identidad (Azarias, 2018; UST Hasaan, 2015). Ang anumang pag-aaral, maging sa agham panlipunan at pilosopiya, ay dapat nakatuon sa danas o karanasan upang makamit ang



Pilipinisasyon ng kaalaman at maipundar ang ating kapangyarihang kultural (Payongayong, ayon sa Philippine Cultural Education Online, 2019). Dahil dito, ang anumang pagbabago sa kurikulum ay nararapat suriin hindi lamang sa antas ng estruktura at nilalaman, kundi higit sa lahat, sa antas ng ideolohiya at kultural na sensibilidad nito.

Ang Enhanced MATATAG Curriculum (DepEd, 2023) ay itinuturing na tugon sa mga hamong kinaharap ng K to 12 Curriculum sa loob ng mahigit isang dekada ng implementasyon. Ang akronim na MATATAG na nangangahulugang, Make the curriculum relevant to produce job-ready, active, and responsible citizens; Take steps to accelerate delivery of basic education services; Take good care of learners by promoting learner well-being; and Give support for teachers to teach better, ay hindi lamang nagsasaad ng layunin, kundi nagsasakatawan ng isang pilosopiya ng edukasyon na naglalayong itatag ang matibay na pundasyon ng pagkatuto ng bawat batang Pilipino.


Pinagtibay ng kurikulum na ito ang pagbabalik sa mga batayang kasanayan o foundational skills bilang pangunahing tuon: pagbasa, pagsulat, numerasiya, at paghubog ng wastong asal at pagpapahalaga. Ang mga ito’y nilalayong pagtibayin sa pamamagitan ng decongestion ng kurikulum, o ang pagbawas ng labis na kompetensi upang mabigyan ng higit na lalim, hindi lamang lawak, ang proseso ng pagkatuto. Sa kabilang banda, ang Enhanced MATATAG Curriculum ay nagtataguyod din ng character formation at values-based education, isang panawagang lumalampas sa teknikal na pagkatuto tungo sa etikal at makataong paglinang ng isipan at damdamin ng mga mag-aaral.

Sa ganitong pananaw, nananatiling kritikal ang papel ng Asignaturang Filipino. Sa kabila ng pagdami ng mga asignaturang nakasentro sa agham at teknolohiya, ang Filipino pa rin ang nagsisilbing batis ng kabuoang identidad ng mag-aaral bilang Pilipino. Sa pamamagitan ng wika, natututuhan ng mag-aaral ang makabayang pagtingin, ang pagkilala sa sariling kultura, at ang kakayahang magpahayag ng makabuluhang pananaw. Ang Filipino, kung gayon, ay hindi lamang asignatura; ito ay daluyan ng kamalayang pambansa at sandigan ng pag-unlad na nakaugat sa sariling wika.

Sa pag-iral ng bagong kurikulum, isang mahalagang inobasyon ang pagbuo ng Lesson Exemplars (LEs) bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo. Ang LEs ay mga dokumentong pedagogikal na naglalaman ng mga tiyak na aralin, pamamaraan, at pagtatayang nakabatay sa mga pamantayang itinakda ng kurikulum. Ang mga ito’y nagsisilbing “didaktikong mapa” (Torres, 2020) na gumagabay sa guro sa paglalakbay tungo sa episyenteng pagtuturo at makabuluhang pagkatuto.

Partikular na mahalaga ang mga LEs sa antas ng Filipino 7 sapagkat sa yugtong ito nagsisimula ang transisyon ng mga mag-aaral mula sa kongkretong pagkatuto ng wika tungo sa abstraktong pag-unawa sa wika bilang sistema ng kulturang Pilipino. Sa Filipino 7, pinagsasanib ang mga kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat, at panonood sa ilalim ng mga tekstong humuhubog sa kamalayang panlipunan at kultural ng kabataan. Kung gayon, ang kaangkupan ng mga LEs ay hindi lamang nasusukat sa antas ng kaayusan ng nilalaman o pagiging praktikal ng mga aktibidad, kundi sa antas ng kung paano nito naisasalin ang diwang pedagogikal ng kurikulum tungo sa karanasan ng mag-aaral.

Ang LEs, sa ganitong pagtingin, ay hindi simpleng gabay sa pagtuturo; ito ay tekstong ideolohikal na humuhubog sa paraan ng pag-iisip at pagkatuto ng kabataan. Sa gayon, nararapat lamang na ito’y sumailalim sa masusing pagsusuri upang matiyak na ang ipinapakitang “modelo” ng pagtuturo ay tunay na nakasandig sa pilosopiyang makatao, makabayan, at inklusibo— ang mga batayang prinsipyo ng Enhanced MATATAG Curriculum.




Sa kabila ng marubdob na layunin ng bagong kurikulum, nananatiling malaking usapin ang aktuwal na implementasyon nito sa antas ng silid-aralan. Sa mga unang taon ng implementasyon, maraming guro ang humaharap sa kawalan ng sapat na oryentasyon, kakulangan sa materyales, at limitadong pag-unawa sa estruktura ng bagong LEs.

Ang Lesson Exemplar (LE) para sa asignaturang Filipino ay nagsisilbing isang quality-assured pedagogical blueprint na kritikal sa pagtupad ng Enhanced MATATAG Curriculum, lalo na sa pagpapalakas ng foundational competencies tulad ng literacy at pagtugon sa mababang reading proficiency na ipinakita sa mga pambansa at pandaigdigang pagtatasa. Ang LEs para sa Filipino 7 ay partikular na idinisenyo upang isalin ang mga prinsipyo ng kurikulum, na makikita sa mga learning materials na lumabas para sa pilot implementation noong School Year 2023-2024. Sa nilalaman, ang Filipino 7 LEs ay tumutuon sa malalim na pagsusuri ng tekstong Pampanitikan (Tuluyan) at tekstong impormasyonal para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino. Ang performance standards ay nakatuon sa pagbuo ng mga multimodal outputs, tulad ng paggawa ng brochure, na isinasalang-alang ang mga elemento ng biswal at etikal na kasanayan. Ang estruktura ng mga araling ito ay gumagamit ng IDEA Framework (Introduction, Development, Engagement, Assimilation), na nagtitiyak na ang pagtuturo ay sumusunod sa 4Is at 4Cs na prinsipyo ng MATATAG, kabilang ang Integrative at Contextualized na paghahatid ng aralin.

Ang paggamit at pagbuo ng mga LEs ay matibay na sinusuportahan ng DepEd Memoranda. Ang DepEd Memorandum No. 47, s. 2016, ay nagtatag sa LEs bilang sentral na kasangkapan para sa teacher training, na naglalayong sanayin ang mga guro at superbisor sa pagbuo ng mga aralin gamit ang culture-based at integrative na pagtuturo sa Filipino at iba pang asignatura. Samantala, ang Division Memorandum Blg. 142, s. 2020 ay nagsilbing mahalagang mekanismo sa pagpapatibay at pagpapatupad ng IDEA Framework sa antas-dibisyon. Sa bisa nito, opisyal na inatasan ang mga Curriculum Managers (EPS at PSDS) na bumuo ng mga IDEA Lesson Exemplars bilang kanilang itinatakdang outputs. Ang hakbang na ito ay hindi lamang nagtatakda ng malinaw na pamantayan sa paghahanda ng mga kagamitang panturo, kundi nagtitiyak din ng mahigpit na proseso ng standardisasyon at quality assurance. Sa ganitong paraan, napangangalagaan ang integridad, kaugnayan, at pedagogical na bisa ng mga materyales na gagamitin ng mga guro sa aktuwal na pagtuturo, at higit pang napalalakas ang ugnayan ng kurikulum, instruksyon, at pagtatasa sa loob ng sistema ng edukasyon.

Hinggil sa lokal na implementasyon, mayroong tiyak na Lesson Exemplars na gagamitin para sa Filipino 7 sa Region I, at samakatuwid ay sa Schools Division Office (SDO) Pangasinan II. Ang mga materyales na ito ay ang Standardized LEs na inilabas ng DepEd Central Office para sa Grade 7, na opisyal na ipinakalat sa buong rehiyon sa pamamagitan ng Regional Memorandum (RM) No. 251, s. 2025. Ang mga standardized na materyales na ito ang itinatakdang pangunahing instructional resource para sa Filipino 7 upang matiyak ang fidelity sa pambansang disenyo ng MATATAG. Hindi natukoy ang ispesipikong division-initiated na LEs para sa Filipino 7 sa Pangasinan II; gayunpaman, ang SDO Pangasinan II ay may kalayaang gamitin ang Central Office LEs o lumikha ng lokal na materyales para sa iba pang asignatura (tulad ng MAPEH Grade 7) upang punan ang instructional gaps.

May mga paunang pag-aaral na nagsasaad ng kahinaan ng mga materyales na mula sa itaas (top-down approach) sa pagbuo ng kurikulum, dahil madalas ay hindi ito nakaugat sa aktuwal na konteksto ng mga guro at mag-aaral (Bernardo, 2017; Sevilla, 2021). Dagdag pa rito, ang pagiging heterogenous ng mga mag-aaral sa wika at kultura ay nagiging hamon sa paglalapat ng iisang LEs para sa iba't ibang rehiyon. Samakatuwid, may malinaw na research gap hinggil sa pagsusuri ng kaangkupan, kabuluhan, at kontekstuwalisasyon ng mga Lesson Exemplars ng Filipino 7 sa ilalim ng bagong kurikulum.



Ang puwang na ito ang nagbibigay-diin sa kahalagahan ng isang masusing pag-aaral, isang pagtatangkang ilarawan at tasahin kung paano isinasalin ng LEs ang mga prinsipyong pedagogikal ng Enhanced MATATAG Curriculum tungo sa kongkretong karanasan ng pagtuturo at pagkatuto sa silid-aralan.

Batay sa mga nasuring kalagayan, malinaw na nararapat na isagawa ang pananaliksik na ito na may pamagat na “Pagtataya sa Kaangkupan ng mga Lesson Exemplar ng Filipino 7 sa Implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum.” Layunin nitong suriin ang antas ng kaangkupan ng mga LEs sa aspektong nilalaman, pedagohiya, at kontekstuwalisasyon. Higit pa rito, ninanais din ng pag-aaral na maunawaan ang ugnayan ng mga materyales na ito sa aktuwal na karanasan ng mga guro at mag-aaral, upang matukoy kung ito ba ay nagsisilbing epektibong tulay o hadlang sa pagpapasigla ng pagkatuto sa bagong kurikulum.

Sa teoretikal na antas, ang pag-aaral ay nakaugat sa paniniwalang ang wika at edukasyon ay hindi maihihiwalay sa kulturang pinagmumulan nito. Kaya’t ang pagsusuri sa mga LEs ay hindi lamang usapin ng istruktural na pagtataya kundi isang diskursibong pagsusuri sa kung paanong ang mga konsepto ng pagkatuto, pagkatao, at pagka-Pilipino ay isinasabuhay sa loob ng mga materyales ng pagtuturo.

Sa praktikal na antas, inaasahan na ang resulta ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa pagpapahusay ng mga LEs, sa pagbubuo ng mga teacher training modules, at sa muling pagdidisenyo ng mga kagamitang panturo na tunay na nakabatay sa wika, kultura, at kontekstong Pilipino. Higit sa lahat, ang pag-aaral na ito ay inaasahang magiging ambag sa patuloy na diskurso sa Filipino bilang wikang panturo, wikang pangkaisipan, at wikang pantulong sa pambansang kaunlaran.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang persepsiyon ng mga gurong nagtuturo ng Filipino 7 hinggil sa kaangkupan, pagtanggap, at paggamit ng mga Lesson Exemplar sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum. Tinutukoy rin nito ang mga salik na may kaugnayan sa kanilang pagtataya at ang mga hamong kanilang nararanasan upang makabuo ng isang angkop na Enhancement Guide.

Nilalayan ng pag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga gurong nagtuturo ng Filipino 7 ayon sa:
 - a. bilang ng taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino;
 - b. pinakamataas na antas ng edukasyon at espesyalisyong natapos;
 - c. bilang ng mga dinaluhang pagsasanay kaugnay ng *Enhanced MATATAG Curriculum*;
 - d. bilang ng mga dinaluhang pagsasanay kaugnay sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo; at
 - e. uri ng nabuong kagamitang pampagtuturo?
2. Ano ang antas ng kaangkupan ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* batay sa persepsiyon ng mga guro, alinsunod sa mga pangunahing katangian ng *Enhanced MATATAG Curriculum* batay sa:
 - a. pinagaan at inayon na kurikulum;
 - b. paglinang ng mga batayang kasanayan;
 - c. pagbabalanse ng mga kahingian sa kognitibong pagkatuto;

- d. malinaw na paglalata ng mga kasanayan sa ika-21 siglo; at
- e. paghubog sa kagandahang-asal at edukasyong pangkapayapaan?
3. Ano ang antas ng pagtanggap at paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* ayon sa persepsiyon ng mga guro, batay sa:
 - a. kontekstuwalisasyon;
 - b. praktikalidad; at
 - c. adaptabilidad?
4. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga guro sa kanilang persepsiyon hinggil sa:
 - a. kaangkupan ng *Filipino 7 lesson exemplars*; at
 - b. antas ng pagtanggap at paggamit nito?
5. Anong mga hamon batay sa persepsiyon ng mga guro ang kinahaharap sa paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* sa ilalim ng *Enhanced MATATAG Curriculum* at anong mga estratehiya ang kanilang ginagawa upang matugunan ang mga ito?
6. Anong mga estratehiya ang mabubuo batay sa resulta ng pag-aaral upang higit na mapataas ang antas ng kaangkupan, pagtanggap, at paggamit ng mga *Filipino 7 lesson exemplar*?

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay nagtataglay ng isang kritikal na gampanin sa pagpapalawak ng diskursong pang-edukasyon sa Pilipinas, partikular sa panahong ang batayang edukasyon ay sumasailalim sa isang masusing rekonstekstuwalisasyon sa ilalim ng *Enhanced MATATAG Curriculum*. Sa mas mataas na antas ng pag-unawa, ang pag-aaral na ito ay hindi lamang isang teknikal na pagtataya sa pagtugon ng mga *Lesson Exemplar* sa *Filipino 7* sa hangarin ng bagong kurikulum kundi isa rin itong pagtatangkang sipatin ang ugnayan sa pagitan ng nakasulat na kurikulum at ng aktuwal na implementasyon nito sa dinamikong espasyo ng silid-aralan. Ang mga kalalabasan at pagsusuring lilitaw sa pag-aaral na ito ay inaasahang magdudulot ng mahahalagang kapakinabangan sa sumusunod:

Kagawaran ng Edukasyon (DepEd). Bilang pangunahing sangay na tagapamahala ng batayang edukasyon, ang pananaliksik na ito ay magsisilbing matibay na sandigan sa pagbuo ng mga evidence-based policy formulations. Ang empirikal na datos na malilikom hinggil sa pananaw ng mga guro sa kaangkupan ng mga *lesson exemplar* ay magbibigay ng malinaw na direksyon sa kagawaran kung paano higit na mapauunlad ang disenyo, rebisyon, at estratehikong pagpapatupad ng mga *lesson exemplar* sa pambansang saklaw. Makatutulong ito upang matiyak na ang mga binuong kagamitang panturo ay hindi lamang tumutugon sa mga teknikal na pamantayan kundi tunay na nakaugat sa masalimuot na realidad ng mga pampublikong paaralan.

Mga Guro sa Filipino. Bilang mga pangunahing tagapagpatupad at tagapamagitan ng kurikulum sa loob ng silid-aralan, ang pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay upang mapalalim ang kanilang kritikal na pag-unawa sa wastong paggamit ng mga *Lesson Exemplar*. Nilalayan ng pananaliksik na ipakita ang kahalagahan ng mga materyales na ito bilang matibay na pundasyon at balangkas na sumusuporta sa kanilang pagtuturo. Ang pagsusuri sa ugnayan ng kanilang karanasan, antas ng pinag-aralan, at kasanayan sa kanilang pagtanggap sa kurikulum ay magbibigay-diin sa kahalagahan ng patuloy na pagpapahusay sa larangan at propesyonal na pag-unlad. Sa pamamagitan nito, mas matutukoy ang mga partikular na pagsasanay na kailangan ng mga guro upang maging mas bihasa sa kanilang larangan. Higit sa lahat, ang mabubuon gabay mula sa pag-aaral na ito ay magsisilbing praktikal na kagamitan upang matulungan ang



mga gurong iangkop ang mga aralin sa antas ng kakayahan, interes, at kultura ng kanilang mga mag-aaral sa lokal na komunidad.

Mga Tagadiseno ng Kurikulum at Manunulat ng Kagamitang Pampagtuturo. Magiging mahalagang batayan ang pananaliksik na ito sa design thinking at pagbuo ng mga susunod na kagamitang panturo na higit na tumutugon sa pangangailangan ng aktuwal na kaganapan sa silid-aralan. Sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa foundational skills at 21st century skills articulation, ang mga manunulat ay magkakaroon ng malalim na sulyap sa kung paano epektibong maisalin ang mga teorya ng kurikulum tungo sa mga gawaing nakapupukaw ng kritikal na kamalayan. Ang pag-aaral na ito ay nag-aalok ng perspektiba upang ang mga materyales ay maging mas resilient, responsive, at tunay na future-ready sa harap ng nagbabagong global na landas ng edukasyon.


Mga Mag-aaral. Ang pinakamahalagang tunguhin ng anumang pagbabago sa kurikulum ay ang holistikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang pagsusuri at pagpapahusay sa mga Lesson Exemplar ay may tuwirang implikasyon sa kalidad at lalim ng kanilang pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga araling mas angkop sa kanilang kultura, interes, at kognitibong pangangailangan, ang pag-aaral ng Filipino ay lumalampas sa pagiging isang asignatura lamang, ito ay nagiging isang makapangyarihang daluyan ng identidad at karunungan. Sa ganitong paraan, naisasabuhay ang isang transformative education na naglalayong hubugin ang bawat mag-aaral bilang isang aktibo, mapanuri, at makabayang mamamayan.

Mga Mananaliksik sa Hinaharap. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing isang metodolohikal at konseptuwal na balangkas para sa mga susunod na iskolar na nagnanais magsagawa ng ebalwasyon sa mga materyales sa pagtuturo sa ilalim ng sistemang MATATAG. Maaari itong magsilbing modelo sa mga pananaliksik na nakatuon sa curriculum evaluation, instructional design research, at pedagogical innovation. Ang mabubuong Enhancement Guide ay mag-aambag sa limitadong lokal na literatura, na magsisilbing pundasyon para sa mas malawak pang pag-aaral sa iba't ibang disiplina o antas ng edukasyon sa bansa.

Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa komprehensibong pagtataya sa antas ng kaangkupan, pagtanggap, at paggamit ng mga Filipino 7 Lesson Exemplar (FIL7-LEx) batay sa persepsiyon ng mga gurong aktibong gumagamit nito sa aktuwal na pagtuturo. Layunin nitong masuri ang antas ng kaangkupan ng mga FIL7-LEx sa konteksto ng implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum, partikular sa mga sumusunod na pangunahing katangian nito: (a) pinagaan at inayos na kurikulum (decongested curriculum), (b) mga bayatang kasanayan (foundational skills), (c) pagbalanse ng mga kahingian sa kognitibong pagkatuto (balanced cognitive demands), (d) malinaw na paglalalatag ng mga kasanayan sa ika-21 siglo (21st-century skills articulation), at (e) paghubog sa kagandahang-asal at edukasyong pangkapayapaan (values and peace education). Kaakibat nito, tinaya rin ang antas ng pagtanggap at paggamit ng mga FIL7-Lex sa tatlong salik na: (1) kontekstwalisasyon, (2) praktikalidad, at (3) adaptabilidad. Sa kabuoan, layunin ng pag-aaral na makapag-ambag ng matibay na empirikal na batayan na magsisilbing gabay sa patuloy na pagpapaunlad, pag-aangkop, at pagpapatibay ng mga kagamitang pampagtuturo na nakaangkla sa mga layunin ng kasalukuyang kurikulum, habang isinasalang-alang ang aktuwal na konteksto, pangangailangan, at dinamikong sitwasyon ng pagtuturo sa loob ng silid-aralan.

Ang mga respondent sa kwantitatibong bahagi ng pag-aaral ay binubuo ng mga pampublikong gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Ikapitong Baitang mula sa mga pampublikong paaralan sa Ikalimang Distrito ng Pangasinan, na nasa ilalim ng pamamahala ng Schools Division Office of Pangasinan



Division II sa Rehiyon I. Saklaw ng pag-aaral ang walong (8) munisipalidad, partikular ang Villasis, Sison, Santo Tomas, Pozorrubio, Laoac, Binalonan, Bautista, at Alcala, na matatagpuan sa silangang bahagi ng lalawigan ng Pangasinan. Bagama't heograpikal na kabilang sa Ikalimang Distrito ang Lungsod ng Urdaneta, ito ay hindi isinama sa pag-aaral sapagkat ito ay nasa ilalim ng hiwalay na pamamahala ng Schools Division Office of Urdaneta City bilang isang component city. Dahil dito, mayroon itong sariling istrukturang administratibo at hiwalay na hurisdiksyon sa operasyon ng mga paaralan, na naiiba sa Schools Division Office of Pangasinan Division II na siyang saklaw ng pag-aaral.

Samantala, ang mga kalahok sa kwalitatibong bahagi ay mula rin sa parehong pangkat ng mga guro upang matiyak ang pagkakaugnay at konsistensi ng mga datos na makakalap mula sa dalawang metodolohikal na lapit ng pananaliksik. Pinili ang mga nasabing guro batay sa kanilang tuwirang karanasan, malalim na kaalaman, at aktibong pakikilahok sa paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars (FIL7-LEx) sa implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum mula sa panuruang taon 2024–2025 hanggang 2025–2026.

Nakatuon ang pag-aaral sa Filipino 7, sapagkat ito ay nagsisilbing kritikal na transisyonal na yugto ng mga mag-aaral mula elementarya patungong sekondarya. Bilang isa sa mga unang baitang na sumailalim sa implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum, ang Filipino 7 ay magbibigay ng mas malalim na perspektiba sa panimulang paglalapat ng mga bagong pamantayan sa pagkatuto. Sadyang nilimitahan ang saklaw ng pag-aaral na ito upang matiyak ang lalim ng pagsusuri. Hindi layunin ng pananaliksik na suriin ang teknikal na nilalaman ng lesson exemplar sa Filipino 7, ni ang kabuoang epektibidad ng Enhanced MATATAG Curriculum. Sa halip, ang pokus ay nakatuon lamang sa pananaw at karanasan ng mga guro hinggil sa kaangkupan ng mga lesson exemplars sa mga pangunahing katangian ng bagong kurikulum. Layunin din nitong tasahin ang praktikal na kakayahan ng mga lesson exemplar na maiangkop sa aktuwal na sitwasyon ng pagtuturo at dinamiko sa loob ng silid-aralan.

Katuturan ng mga Katawagang Ginamit

Ang mga sumusunod na terminolohiya ay binigyang-depinisyon batay sa konseptwal na pundasyon mula sa mga umiiral na literatura, gayundin sa operasyunal na paggamit nito sa kasalukuyang diskurso ng pananaliksik. Ginawa ito upang matiyak ang kaisahan ng pag-unawa at kalinawan sa interpretasyon ng buong pag-aaral.

Adaptabilidad. Tumutukoy ito sa katangian ng mga lesson exemplar na maiangkop at magamit sa aktuwal na pagtuturo batay sa iba't ibang pangangailangan at konteksto ng pagkatuto. Sa pagtuturo, makikita ito sa kakayahan ng guro na iangkop ang mga gawain sa material ayon sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral, laki ng klase, oras, at iba pang limitasyon o oportunidad sa silid-aralan. Sa pagkatuto, nagbibigay ito ng mas inklusibo at iba't ibang karanasan, kung saan ang bawat mag-aaral ay nabibigyan ng angkop na suporta at hamon ayon sa kanilang kakayahan.

Enhanced MATATAG Curriculum. Ang Enhanced MATATAG Curriculum ay ang nirebisang kurikulum ng batayang edukasyon na pormal na ipinatupad simula Taong Panuruan 2024-2025 para sa Kinder, Grade 1, Grade 4, at Grade 7. Alinsunod sa DepEd Memorandum No. 010, s. 2024, ang kurikulum na ito ay idinisenyo upang tugunan ang mga hamon sa kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga hindi esensyal na kompetensi at pagtuon sa mga pundasyong kasanayan (foundational skills).

Estratehiyang sistematikong plano o maingat na binuong hakbang na isinasagawa upang makamit ang isang tiyak na layunin sa pinakaepektibo at pinakamainam na paraan. Ito ay hindi simpleng gawain

lamang, kundi isang organisado at sinadyang paglalagat ng mga desisyon at pamamaraan na ginagabayan ng malinaw na direksiyon, pagsusuri ng sitwasyon, at pagtanta sa mga posibleng kinalabasan. Sa pananaw nina Chandler (1962), ang estratehiya ay itinuturing na “pagpapasiya ng mga pangunahing pangmatagalang layunin ng isang organisasyon at ang pag-aampon ng mga hakbang at alokasyon ng mga kinakailangang yaman upang maisakatuparan ang mga layuning ito” (Chandler, 1962). Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Mintzberg (1994) na ang estratehiya ay hindi lamang isang planong nakasulat, kundi isang kombinasyon ng plan, pattern, ploy, position, at perspective na lumilitaw sa aktuwal na karanasan at konteksto ng pagpapatupad (Mintzberg, 1994).


Filipino 7. Sa pananaliksik na ito, ginamit ang Filipino 7 bilang pantukoy sa asignaturang Filipino na itinuturo sa unang taon ng Junior High School na nakatuon sa pagpapalawak ng kasanayang komunikatibo, pagpapahalagang kultural, at kritikal na pag-unawa sa panitikan. Ayon sa DepEd Curriculum Guide (2023), layunin nitong paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, at pakikipagtalastasan sa wikang Filipino, bilang bahagi ng paghubog ng makabayang mamamsayan.

FIL7-LEx. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang terminong FIL7-LEx upang tukuyin at bigyang-linaw ang mga Lesson Exemplar sa asignaturang Filipino para sa Ikapitong Baitang. Ang mga kagamitang ito ay nagsisilbing pangunahing batayan at gabay-panturo ng mga guro sa pagdidisenyo, pagsasaayos, at pagpapatupad ng mga gawaing pampagkatuto sa loob ng silid-aralan, alinsunod sa mga pamantayan, layunin, at inaasahang kinalabasan ng Enhanced MATATAG Curriculum. Bilang isang sistematikong kowd na ginamit sa pag-aaral, ang FIL7-LEx ay binubuo ng tatlong bahagi: ang “FIL” na kumakatawan sa asignaturang Filipino, ang “7” na tumutukoy sa Ikapitong Baitang, at ang “LEx” na nangangahulugang Lesson Exemplar.

Hamon. Tumutukoy sa anumang sitwasyon, kalagayan, o suliraning nagdudulot ng pagsubok sa kakayahan, abilidad, o kapasidad ng isang indibidwal o pangkat upang makamit ang isang layunin. Ito ay maaaring magmula sa panloob na salik o panlabas na salik na nangangailangan ng angkop na pagtugon, pag-aangkop, at pag-oorganisa ng mga estratehiya upang malampasan. Sa pananaw ng lingguwistikang Filipino, ang salitang “hamon” ay ginagamit upang ipahayag ang idea ng pagsubok na nangangailangan ng aksiyon at tugon, hindi lamang bilang simpleng problema kundi bilang pagkakataon para sa paglinang ng kakayahan at pag-unlad (Komisyon sa Wikang Filipino, 2015).

Kaangkupan. Sa pag-aaral na ito, ang kaangkupan ay tumutukoy sa antas ng pagkakatumag na nilalaman, estruktura, at layunin ng isang kagamitang panturo sa mga itinakdang pamantayan ng kurikulum at sa kontekstwal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Ayon kay Tomlinson (2021), ang pagiging angkop ng mga kagamitang pampagtuturo ay nasusukat sa lawak ng pagiging “responsive to learner diversity and contextual realities.”

Kontekstuwalisasyon. Tumutukoy ito sa proseso ng pag-aangkop at pag-uugnay ng kurikulum at mga kagamitang panturo sa tiyak na kalagayang lokal ng mga mag-aaral at pamayanan. Batay sa Republic Act No. 10533 at sa mga probisyo ng Implementing Rules and regulation (Sec. 10.2 [d] at [h]), ito ay nagsasangkot ng pagbibigay-laya sa mg paaralan na iayon sa lokal na konteksto (localize), isaalang-alang ang katutubong kaalaman at kultura (indigenize), at higit pang pagyamanin ito, upang maging makabuluihan, angkop at tumutugon sa kultural, panlipunan, at pangedukasyong konteksto ng mga mag-aaral. Sa ganitong pananaw, ang kontekstuwalisasyon ay hindi lamang simpleng pagdaragdag ng lokal na halimbawa, kundi isang sistematikong pagdidisenyo ng pagkatuto na nakabatay sa karanasan, wika, kultura, at pangangailangan ng komunidad upang mapalalim ang pagunawa at mapahusay ang partisipasyon ng mga mag-aaral.



Lesson Exemplar. Ang Lesson Exemplar ay isang modelo o gabay sa pagtuturo na naglalaman ng detalyadong banghay-aralin, mga gawain, at pamamaraan ng pagtuturo na nakabatay sa pamantayan ng kurikulum. Batay sa Department of Education (DepEd, 2023), ang Lesson Exemplar ay Isang gabay panturo para sa guro na naglalaan ng mga karanasang pampagkatuto na nakaangkop sa konteksto at pinaghahandaan nang may sistematikong hakbang, alinsunod sa mga itinakdang kasanayan ng kurikulum.

Malinaw na Paglalagat ng mga Kasanayan sa Ika-21 Siglo (21st Century Skills Articulation). Tumutukoy sa sistematikong paglalagat ng mga kasanayang kinakailangan sa makabagong panahon. Kabilang dito ang Information, Media, and Technology Skills, Learning and Innovation Skills, Communication Skills, at Life and Career Skills na dapat makita sa mga aktibidad ng Lesson Exemplar.

Mga Batayang Kasanayan (Foundational Skills). Ang mga ito ay ang mga batayang kasanayan sa literasiya at numerasiya na nagsisilbing haligi ng pagkatuto. Sa ilalim ng MATATAG Curriculum (DO 010, s. 2024), ang Filipino 7 ay nakatuon sa pagpapatatag ng kakayahan sa pag-unawa at paglikha ng teksto bilang pundasyon sa mas mataas na antas ng edukasyon.

Pagbabalanse ng mga Kahingian sa Kognitibong Pagkatuto (Balanced Cognitive Demands). Ito ang pagtiyak na ang mga layunin at gawain sa Lesson Exemplar ay sumasaklaw sa lahat ng antas ng pag-iisip. Binibigyang-diin sa nasabing kautusan ang balanseng integrasyon ng Lower Order Thinking Skills (LOTS) at Higher Order Thinking Skills (HOTS) upang malinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.


Paghubog ng Kagandahang-Asal at Edukasyong Pangkapayapaan (Values Formation and Peace Education). Ito ang intensyonal na integrasyon ng kagandahang-asal at resolusyon ng tunggalian sa kurikulum. Ayon sa DepEd Order No. 010, s. 2024, layunin nito ang makahubog ng mga mag-aaral na may malasakit sa kapuwa at aktibong katuwang sa pagpapanatili ng kaayusan sa lipunan taglay ang pangunahing pagpapahalaga na Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan, at Makabansa.

Pagtataya. Sa pag-aaral na ito, binigyang pagpapakahulugan ang pagtataya bilang sistematikong proseso ng paghahatol, at masusing pagsusuri sa kaangkupan ng mga Filipino 7 Lesson Exemplar batay sa limang pangunahing katangian ng Enhanced MATATAG Curriculum, gayundin sa antas ng kakayahan nitong magamit sa loob ng silid-aralan, partikular sa mga dimensyon ng kontekstwalisasyon, praktikalidad, at kakayahang maiangkop.

Persepsiyon. Tumutukoy sa isang masalimuot at dinamiko na prosesong kognitibo kung saan ang indibidwal ay nagbibigay-kahulugan sa impormasyong kaniyang natatanggap mula sa kapaligiran sa pamamagitan ng pandama, karanasan, at mas mataas na antas ng pagpoproseso ng isip. Higit sa simpleng pagtingin o pagdama, ito ay aktibong proseso ng pagpili, pag-oorganisa, at interpretasyon ng sensory stimuli upang makabuo ng makabuluhan at subhetibong pag-unawa sa mga tao, bagay, pangyayari, at sitwasyon. Ito ay hindi isang neutral o awtomatikong proseso, kundi isang aktibong konstruksyon ng kahulugan na naiimpluwensiyahan ng panloob na salik gaya ng karanasan, paniniwala, saloobin, at kontekstong kultura (Robbins at Judge Organizational Behavior, 2019)

Pinagaan at Inayon na Kurikulum (Decongested Curriculum). Tumutukoy sa estratehikong pagbabawas ng mga kompetensi upang magbigay-daan sa mas malalim na pagkatuto. Alinsunod sa DepEd Order No. 010, s. 2024, nilalayan nitong iwasan ang mabilisang pagtalakay sa napakaraming paksa at sa halip ay pagtuunan ang mga pinakamahalagang kasanayan (essential skills) sa loob ng sapat na panahon.

Praktikalidad. Sa pag-aaral na ito, binigyang kahuluigan ang praktikalidad bilang paglalarawan sa katangian ng mga lessen exemplar na magagamit, nang episyente, at naaangkop sa aktuwal na sitwasyon



ng silid-aralan. Sa pagtuturo, nasusukat ito sa kadalihan ng implemenasyon ng guro, kabilang ang oras, kagamitang kailangan, at kalinawan ng mga gawain.

REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Pandaigdigang at Pambansang Konteksto ng Enhanced MATATAG Curriculum

Sa pagpapatupad ng Enhanced Basic Education Program o K to 12 sa Pilipinas na nakabatay sa Republic Act No. 10533 (2013), nagbunsod ito ng malawakang debate tungkol sa kalidad ng edukasyon para sa ika-21 na siglo. Batay sa ulat ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd, 2023), naharap ang bansa sa hamon ng mga internasyonal at pambansang pagtatasa tulad ng Program for International Student Assessment (PISA, 2018; 2022), TIMSS, at National Achievement Test (NAT) na naglantad sa malubhang learning deficits at instructional fragmentation na dulot ng curricular congestion. Dahil dito, ang kawalan ng malalim na pag-unawa at conceptual mastery sa panig ng mga mag-aaral ang naging mitsa upang buuin ang Enhanced MATATAG Curriculum alinsunod sa DepEd Order No. 010, s. 2024. Layunin ng repormang ito na muling pag-ibayuhin ang mga foundational competencies, patatagin ang character formation, at bigyang-halaga ang kultura at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral.

Legal na Batayan at Pilosopikal na Direksiyon ng MATATAG Curriculum

Kaugnay nito, ang MATATAG Curriculum ay hindi pag-abandona sa K to 12 kundi isang estratehikong recalibration na umaalinsunod sa Section 5 ng Republic Act No. 10533 (2013), kung saan inaatasan ang DepEd na gawing flexible at evolutionary ang kurikulum upang matiyak ang kaugnayan nito sa pangangailangan ng bansa. Ang salitang MATATAG ay isang acronym na nagsisilbing gabay sa bagong direksiyon ng edukasyon: **MA**ke the curriculum relevant to produce competent and job-ready, active, and responsible citizens; **TA**ke steps to accelerate delivery of basic education facilities and services; **TA**ke good care of learners by promoting learner well-being, inclusive education, and a positive learning environment; and **GI**ve support to teachers to teach better (DepEd, 2023). Higit pa rito, ang agenda na ito ay pormal na pinagtibay sa pamamagitan ng DepEd Order No. 013, s. 2023 bilang tugon sa lumalalang “learning poverty” sa bansa.

Proseso ng Implementasyon ng MATATAG Curriculum

Samantala, ang implementasyon ng MATATAG Curriculum ay isinasagawa sa pamamagitan ng isang phased approach upang matiyak ang maayos na transisyon at sapat na pagsasanay ng mga guro. Alinsunod sa DepEd Memorandum No. 054, s. 2023, inilatag ang mga panuntunan para sa pilot implementation nito bago ang malawakang paggamit. Ang unang yugto ng pambansang implementasyon ay nagsimula nitong School Year 2024–2025 para sa Kindergarten, Grade 1, Grade 4, at Grade 7. Susunod dito ang Grade 2, 5, at 8 sa SY 2025–2026; Grade 3, 6, at 9 sa SY 2026–2027; at ang Grade 10 sa SY 2027–2028 (DepEd Order No. 010, s. 2024). Bukod dito, ang bawat yugto ay sinasamahan ng masinsinang National Learning Camp alinsunod sa DepEd Order No. 021, s. 2023 upang matugunan ang mga gaps sa literasiya at numerasiya.

Disenyo at Pokus ng Asignaturang Filipino sa MATATAG Curriculum

Sa ilalim ng bagong kurikulum, ang asignaturang Filipino ay muling idinisenyo upang maging mas inklusibo. Ayon sa Deskripsyon ng Kurikulum sa Filipino (MATATAG Kurikulum, 2023, p. 2), ang pokus nito ay linangin ang isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi na magagamit sa kanyang pang-araw-araw na gawain at danas na magiging daan upang maging “globally competitive” at



“future ready.” Binibigyang-diin nito ang literasi, kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-unawa sa iba’t ibang uri ng teksto, at pagbuo ng mga multimodal na materyal. Sa gayon, ang balangkas ng pagtuturo ay nakatuon sa tatlong pangunahing ideya: Literasi, Wika, at Teksto o LWT (MATATAG Kurikulum, 2023, p. 2).

Pamantayan sa Pagkatuto sa Filipino

Dagdag pa rito, ang Pangunahing Pamantayan sa Pagkatuto o Core Learning Area Standard ng Filipino ay naglalayong maipamalas ng mga mag-aaral ang literasi at kakayahang komunikatibo na may lubos na pagpapahalaga sa wikang Filipino at iba pang wika sa bansa (MATATAG Kurikulum, 2023, p. 3). Nilalayan din nitong linangin ang ika-21 siglong kasanayan para sa kapaki-pakinabang na pagganap bilang makabansa at global na mamamayan. Para naman sa Key Stage Standards ng Baitang 7 hanggang 10, inaasahan na mahahasa ang kritikal na pag-unawa sa mga tekstong nasusulat, mga Obra Maestra, at tekstong biswal habang ginagamit ang Filipino bilang wikang intelektuwal (MATATAG Kurikulum, 2023, p. 3).

Pamantayan sa Pagkatuto para sa Baitang 7

Partikular naman sa Baitang 7, nakatuon ang Grade Level Standard sa paglinang ng kasanayang komunikatibo at mapanuring pagsusuri sa mga panitikan mula sa Panahon ng Katutubo hanggang sa Panahon ng Pananakop ng Espanya (MATATAG Kurikulum, 2023, p. 3). Kabilang dito ang pag-unawa sa Obra Maestrang Ibong Adarna at pagsusuri sa mga tekstong impormasyonal, akademik, at biswal. Higit sa lahat, nakaangkla ang mga pamantayang ito sa Republic Act No. 11476 o GMRC and Values Education Act at sa Philippine Professional Standards for Teachers (PPST) upang matiyak na ang pagtuturo ay may integridad at kalidad.

Lesson Exemplars at Learning Activity Sheets bilang Kagamitang Pedagogikal

Sa kabilang banda, ang tagumpay ng kurikulum ay nakasalalay din sa pagbuo at pagsusuri ng mga Lesson Exemplars at Learning Activity Sheets (LAS). Alinsunod sa DepEd Memorandum No. 008, s. 2024, ang mga materyales na ito ay binuo upang magsilbing gabay sa mga guro sa paghahatid ng aralin na nakatuon sa Deep Learning. Dahil dito, ang pagsusuri sa mga lesson exemplars ay may malalim na kahalagahan sa pagtiyak ng kalidad ng instruksyon o quality assurance. Ayon sa mga ulat ng World Bank (2021) tungkol sa edukasyon sa Pilipinas, ang pagkakaroon ng scripted o highly structured lesson guides ay napatunayang epektibo sa mga sistemang may malaking gap sa teacher quality dahil sinisiguro nito ang alignment ng itinuturo sa nakatakdang competencies.

Kahalagahan ng Lesson Exemplars sa Pagtuturo at Pagkatuto

Higit pa rito, ang kahalagahan ng pagsusuri sa mga lesson exemplars ay makikita sa kakayahan nitong bawasan ang administrative burden o ang oras na ginugugol ng mga guro sa pagpapalano, na ayon sa DepEd Teacher Workload Survey ay umaabot ng halos 10–15 oras kada linggo. Sa pamamagitan ng pagsusuri at paggamit ng mga exemplars, naililipat ang pokus ng guro mula sa preparasyon tungo sa aktuwal na facilitation ng pagkatuto. Bukod dito, nagsisilbi rin itong equalizer sa sistema ng edukasyon sapagkat tinitiyak nito na ang isang mag-aaral sa Baitang 7 sa isang liblib na baryo ay makatatanggap ng parehong de-kalidad na multimodal approach at pagsusuri sa Ibong Adarna gaya ng isang mag-aaral sa lungsod. Samakatuwid, ang pagsusuring ito ay hindi lamang teknikal na hakbang kundi isang moral na obligasyon upang matiyak na ang bawat paksang itinuturo ay dumaaan sa masusing ebalwasyon at direktang tumutugon sa mithiin ng MATATAG Curriculum (DepEd Order No. 010, s. 2024).

Konseptuwal na Kahulugan ng Lesson Exemplar

Sa aspektong konseptuwal, ang Lesson Exemplar ay tumutukoy sa isang modelong gabay sa pagtuturo na nagpapakita ng pinakamataas na pamantayan ng instruksyon para sa isang partikular na aralin. Bilang isang ideal na representasyon ng kurikulum na isinalin sa praktikal na anyo, nagsisilbi itong huwaran sa mga guro. Ayon kay Steiner (2017), ang mga de-kalidad na materyales tulad ng LE ay hindi lamang simpleng lesson plan kundi mga instrumentong nagbibigay-linaw sa masalimuot na ugnayan ng paksa at paraan ng pagtuturo nito. Bilang isang didactic architecture, nagbibigay ito ng estruktura sa karunungan sa pamamagitan ng wastong pagkakasunod-sunod ng mga aktibidad, pagpili ng angkop na kagamitan, at paglalapat ng mga estratehiyang suportado ng pananaliksik.

Teoretikal na Batayan ng Lesson Exemplar

Sa pagpapatuloy, ipinaliwanag ni Klafki (2000) sa kaniyang konsepto ng Categorical Didactics na ang bawat materyal sa pagtuturo ay dapat magsilbing daluyan ng didactic reduction, kung saan ang LE ay nagiging estratehikong paghimay sa mga komplikadong konsepto upang maging madaling maunawaan ng mga mag-aaral nang hindi nawawala ang akademikong lalim nito. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Hudson at Meyer (2011) na ang bawat bahagi ng aralin mula layunin hanggang pagtataya ay kinakailangang may estruktural na pagkakaugnay o alignment upang maging makabuluhan ang proseso ng pagkatuto.

Gamit ng Lesson Exemplar sa Praktika ng Pagtuturo

Sa praktikal na dimensiyon, ang gamit ng Lesson Exemplar ay sumasaklaw sa pagiging blueprint ng isang guro upang matiyak ang consistency at quality sa bawat talakayan. Sa halip na magsimula sa wala, ginagamit ito ng mga guro bilang batayan upang maiangkop ang kanilang pagtuturo sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral habang nananatiling tapat sa mga itinakdang competencies ng kagawaran. Ayon kina Hudson at Meyer (2011), higit pa sa mekanikal na pagsunod sa mga hakbang ang LE sapagkat ito ay nagsisilbing mental map na tumutulong sa guro na makita ang kabuoang daloy ng pagkatuto.

Pandaigdigang Pananaw sa Kahalagahan ng Instructional Materials

Sa pandaigdigang perspektiba, pinagtitibay ng Rand Corporation (2018) at Bill & Melinda Gates Foundation ang kahalagahan ng mga instructional scaffolds tulad ng lesson exemplars. Batay sa kanilang mga pananaliksik, ang paggamit ng aligned at de-kalidad na lesson materials ay nagreresulta sa pag-unlad ng pagkatuto na katumbas ng karagdagang isa at kalahati hanggang apat na buwan ng pag-aaral sa loob lamang ng isang taon. Kaugnay nito, muling binigyang-diin ni Steiner (2017) na ang pagpili at pagbuo ng mahusay na kurikulum ay isa sa pinakaapektibo at pinakamurang interbensyon upang mapataas ang antas ng tagumpay ng mga mag-aaral kumpara sa ibang mamahaling reporma sa edukasyon. Samakatwid, ang LE bilang isang didactic map ay direktang tumutugon sa pangangailangang alisin ang trial and error sa loob ng silid-aralan (Chingos & Whitehurst, 2012).

Lesson Exemplars bilang Mekanismo ng Suporta sa mga Guro

Sa konteksto naman ng Pilipinas, ang pagyakap sa MATATAG Kurikulum ay isang kritikal na hakbang upang tugunan ang krisis sa edukasyon, kung saan higit na pinatibay ang kahalagahan ng LE bilang mekanismo ng support system para sa mga guro upang mabawasan ang kanilang administrative burden (DepEd, 2024). Ayon sa World Bank (2022), ang learning poverty sa bansa ay nasa antas na nangangailangan ng kagyat at sistematikong solusyon. Dahil dito, nagiging mahalaga ang LE bilang direktang aplikasyon ng DepEd Order No. 010, s. 2024. Ang kautusang ito ay isang pedagogical na

panawagan upang matiyak na ang mga Most Essential Learning Competencies (MELCs) ay naisasalin sa mga kongkretong karanasan sa silid-aralan.

Lesson Exemplar at Pagkakapantay-pantay sa Edukasyon

Sa kabuoan, ang pangangailangang basahin at unawain ang Lesson Exemplar ay nakaugat sa pagnanais na magkaroon ng equity o pagkakapantay-pantay sa edukasyon. Sa pamamagitan ng isang mahusay na disenyong pedagogikal na gabay, nagiging posible ang pare-parehong kalidad ng instruksyon anuman ang lokasyon, karanasan, o kakayahan ng guro. Sa ganitong paraan, ang Lesson Exemplar ay hindi lamang simpleng kagamitang panturo kundi isang estratehikong instrumento tungo sa demokratikong akses sa de-kalidad na edukasyon para sa bawat Pilipinong mag-aaral.

Sa patuloy na transpormasyon ng sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas, naging sentral na usapin ang implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum bilang tugon sa umiiral na krisis sa pagkatuto at mababang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Batay sa pagsusuri nina Salazar et al. (2024), ang matagumpay na implementasyon ng MATATAG Curriculum ay nakasalalay hindi lamang sa pagbawas ng mga kompetensi kundi sa episyenteng pagsasalin nito tungo sa makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Binigyang-diin sa kanilang pag-aaral na ang tinatawag na pedagogical coherence ay mahalagang salik upang matiyak na ang bawat kagamitang panturo ay may malinaw na ugnayan sa mga layunin ng kurikulum. Natuklasan nila na ang ilang kagamitang pampagtuturo ay nananatiling overloaded at hindi pa ganap na nakatutugon sa layunin ng decongested curriculum, dahilan upang makaranas pa rin ng cognitive overload ang mga mag-aaral at guro.

Kaugnay nito, isinagawa nina Bernardo at Sevilla (2021) ang isang pagsusuri hinggil sa top-down curriculum implementation sa mga pampublikong paaralan sa Pilipinas. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na bagama't malinaw ang pambansang layunin ng mga reporma sa kurikulum, nagiging limitado ang bisa nito kapag hindi isinasaalang-alang ang lokal na konteksto ng mga guro at mag-aaral. Lumitaw sa kanilang pag-aaral na ang kakulangan sa contextualization ng mga materyales ay nagdudulot ng instructional disconnect, partikular sa mga rehiyong may natatanging lingguwistiko at kultural na kaligiran. Iminungkahi nila na dapat magkaroon ng mas mataas na antas ng teacher participation sa pagbuo at rebisyon ng mga kagamitang panturo upang matiyak ang kanilang pagiging kontekstuwalisado at makabuluhan.

Samantala, sa pag-aaral nina Cabardo at Torres (2023) hinggil sa implementasyon ng MATATAG Curriculum sa mga piling pampublikong paaralan sa Luzon, natukoy na isa sa mga pangunahing hamon ng mga guro ay ang kakulangan sa sapat na pagsasanay at oryentasyon sa paggamit ng mga bagong instructional materials. Sa kanilang pananaliksik, lumabas na 68% ng mga guro ang nagsabing hindi pa sila ganap na handa sa pedagogical transition mula K to 12 patungo sa MATATAG Curriculum. Binigyang-diin ng pag-aaral na ang teacher readiness ay direktang nakaaapekto sa kalidad ng implementasyon ng kurikulum, lalo na sa paggamit ng mga Lesson Exemplar at Learning Activity Sheets.

Ang paggamit ng Lesson Exemplars bilang pangunahing gabay panturo ay matagal nang kinikilala sa larangan ng curriculum implementation at instructional design. Ayon kina Hudson at Meyer (2011), ang lesson exemplar ay hindi lamang simpleng banghay-aralin kundi isang sistematikong instructional architecture na gumagabay sa guro tungo sa organisado at episyenteng pagtuturo. Sa kanilang pag-aaral, natuklasan na ang paggamit ng malinaw at quality-assured lesson exemplars ay nagdudulot ng mas mataas na instructional consistency at alignment sa learning competencies.

Sa pag-aaral naman nina Steiner (2017), binigyang-diin na ang mga de-kalidad na instructional materials ay may malaking implikasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Natukoy sa kanilang pagsusuri na ang mga gurong gumagamit ng standardized at well-designed lesson materials ay nagkaroon ng mas

malinaw na pedagogical direction at mas mataas na antas ng instructional confidence. Idinagdag pa sa kanilang pag-aaral na ang pagkakaroon ng mataas na kalidad na lesson exemplar ay isa sa pinakamurang ngunit pinakamabisang interbensyon upang mapataas ang kalidad ng edukasyon.

Pinagtibay ito ng ulat ng Rand Corporation (2018), kung saan natuklasang ang paggamit ng aligned lesson exemplars at curriculum guides ay nakapagpapataas ng learning gains ng mga mag-aaral na katumbas ng isa hanggang apat na buwang karagdagang pagkatuto sa loob lamang ng isang taon. Lumabas din sa kanilang pag-aaral na ang structured instructional materials ay lalong epektibo sa mga sistemang may malaking disparity sa teacher quality at instructional preparedness.

Sa konteksto ng Pilipinas, sinuri nina Ramos at De Vera (2022) ang paggamit ng mga lesson exemplar sa asignaturang Filipino sa ilalim ng distance learning modality. Natuklasan nila na ang mga exemplar ay naging mahalagang instructional support para sa mga guro lalo na sa pagpapalano ng mga gawain at pagtataya. Gayunpaman, lumitaw din sa kanilang pag-aaral na may ilang lesson exemplar na hindi ganap na naaangkop sa aktuwal na antas ng kakayahan ng mga mag-aaral, dahilan upang kailanganin pa ng mga guro ang malawakang modification at adaptation.

Ang kontekstuwalisasyon ay itinuturing na mahalagang prinsipyo sa makabagong edukasyon sapagkat nagbibigay ito ng makabuluhang koneksiyon sa pagitan ng pagkatuto at aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral nina Tomlinson (2021), natuklasan na ang mga kagamitang panturong tumutugon sa lokal na kultura, wika, at karanasan ng mga mag-aaral ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng partisipasyon at pag-unawa. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral na ang learner-centered contextualization ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng critical thinking at learner engagement.

Kaugnay nito, binigyang-diin nina Zafra (2016) at David (2018) na ang wikang Filipino ay hindi lamang midyum ng komunikasyon kundi sisidlan ng kulturang Pilipino. Dahil dito, mahalagang ang mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino ay nakaugat sa lokal na danas at identidad ng mga mag-aaral. Ayon sa kanilang pagsusuri, ang mga materyal na hindi isinasaalang-alang ang lokal na konteksto ay nagiging mekanikal at limitado ang kakayahang makalikha ng makahulugang pagkatuto.

Sa isang lokal na pag-aaral nina Aquino at Rivera (2023) hinggil sa contextualized instructional materials sa sekondarya, natuklasan na ang mga gurong gumagamit ng localized learning materials ay nakapagtatala ng mas mataas na learner participation at mas positibong classroom interaction. Lumabas din sa kanilang pag-aaral na ang contextualization ay nakatutulong upang mabawasan ang learner disengagement at mapataas ang antas ng comprehension ng mga mag-aaral.

Mahalagang salik sa matagumpay na implementasyon ng kurikulum ang antas ng pagtanggap at paggamit ng mga guro sa mga kagamitang pampagtuturo. Sa Technology Acceptance Model nina Davis (1989), ipinapakita na ang perceived usefulness at perceived ease of use ay may direktang impluwensiya sa pagtanggap ng mga guro sa anumang kagamitang pampagtuturo o teknolohiyang pang-edukasyon.

Kaugnay nito, isinagawa nina Alonzo at Cruz (2022) ang isang pag-aaral hinggil sa pagtanggap ng mga guro sa standardized learning materials sa ilalim ng K to 12 Curriculum. Natuklasan nila na positibo ang pananaw ng mga guro sa paggamit ng mga exemplar dahil nakatutulong ito sa lesson planning at classroom management. Gayunpaman, lumitaw din na may mga gurong nakakaramdam ng limitasyon sa kanilang pedagogical creativity dahil sa labis na pagiging prescriptive ng ilang materyales.

Sa pag-aaral naman nina Dela Cruz et al. (2024), natukoy na ang adaptability ng instructional materials ay isa sa pinakamahalagang salik na isinasaalang-alang ng mga guro sa paggamit ng lesson exemplars. Lumabas sa kanilang pagsusuri na mas mataas ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa mga

materyal na maaaring baguhin ayon sa pangangailangan ng klase, learning styles, at available resources sa paaralan.

Sa kabila ng mga positibong ambag ng lesson exemplars, nananatili pa rin ang ilang hamon sa kanilang implementasyon. Sa ulat ng World Bank (2022), binigyang-diin na isa sa pinakamalaking hamon ng sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas ay ang learning poverty at kakulangan sa instructional support systems. Natuklasan sa kanilang pagsusuri na maraming guro ang nahihirapang iangkop ang standardized materials sa heterogenous classrooms.

Pinagtibay ito nina Chingos at Whitehurst (2012), kung saan lumabas sa kanilang pag-aaral na bagama't nakatutulong ang structured instructional materials sa pagpapahusay ng pagtuturo, nagiging hamon naman ang kakulangan sa flexibility at contextual adaptability ng ilang lesson guides. Ayon sa kanila, mahalagang mabigyan ang mga guro ng sapat na pedagogical autonomy upang maangkop nila ang mga materyales sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa lokal na konteksto, natuklasan nina Mendoza at Flores (2023) na kabilang sa mga pangunahing hamon ng mga gurong Filipino ang kakulangan sa oras, limitadong kagamitan, at hindi sapat na pagsasanay sa paggamit ng mga bagong lesson exemplar. Lumitaw din sa kanilang pag-aaral na maraming guro ang napipilitang magdagdag o magbawas ng mga gawain upang maging angkop ito sa antas ng kanilang mga mag-aaral at sa oras ng pagtuturo.


Batay sa mga kaugnay na pag-aaral na tinalakay, malinaw na ang tagumpay ng implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum ay hindi lamang nakasalalay sa disenyo ng kurikulum kundi higit sa lahat sa kalidad, kaangkupan, at kontekstuwalisasyon ng mga kagamitang pampagtuturo tulad ng Lesson Exemplars. Lumilitaw sa iba't ibang pag-aaral na mahalaga ang pedagogical coherence, adaptability, at contextual relevance upang maging epektibo ang mga instructional materials sa aktuwal na pagtuturo.

Bagama't maraming pag-aaral na ang tumalakay sa implementasyon ng MATATAG Curriculum at paggamit ng lesson exemplars, nananatili pa ring limitado ang mga pananaliksik na partikular na nakatuon sa Filipino 7 Lesson Exemplars batay sa persepsiyon ng mga guro. Higit na kakaunti ang mga pag-aaral na sumusuri sa antas ng kaangkupan nito sa mga pangunahing katangian ng Enhanced MATATAG Curriculum gaya ng decongested curriculum, foundational skills, balanced cognitive demands, 21st century skills, at values formation. Dahil dito, mahalagang maisagawa ang kasalukuyang pag-aaral upang mapunan ang umiiral na research gap at makapagbigay ng empirikal na batayan sa pagpapahusay ng implementasyon ng FIL7-LEx sa ilalim ng MATATAG Curriculum.

Batayang Teorya ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay ginagabayan ng isang multidimensiyonal na balangkas na nagsasanib ng mga teorya sa edukasyon, lingguwistika, at sosyo-kultural na kaisipan upang komprehensibong mataya ang kaangkupan ng mga Lesson Exemplar sa Filipino 7. Naniniwala ang pag-aaral na ang wika at edukasyon ay hindi maihihiwalay sa kulturang pinagmumulan nito, kung saan ang pagsusuri sa mga kagamitang pampagtuturo ay nagsisilbing isang diskursibong pagtataya sa kung paanong ang mga konsepto ng pagkatuto, pagkatao, at pagka-Pilipino ay isinasabuhay sa loob ng silid-aralan.

Sa antas ng pambansang pag-unlad at layunin ng kurikulum, ang pag-aaral ay matatag na nakaugat sa Teorya ng Human Capital (OECD, 2023) na itinuturing ang edukasyon bilang pangunahing makina ng paglago sa isang Knowledge Economy. Sa ilalim ng teoryang ito, ang yaman ng nasyon ay nasusukat sa cognitive skills at inobasyon ng mga mamamayan, na siyang pinatitibay ng Kritikal na Pedagogiya ni Paulo



Freire (1970) at Social Reconstructionism ni Theodore Brameld. Ang mga kaisipang ito ay naglalayong gamitin ang edukasyon bilang "pinakamabisang tagapagpalaya" at instrumento sa pagbabago ng lipunan upang tugunan ang mga krisis gaya ng learning poverty. Kaugnay nito, ang Categorical Didactics (Klafki, 2000) ay nagbibigay-linaw sa kahalagahan ng didactic reduction, kung saan ang nilalamang akademiko sa Filipino ay hinihimay sa mga Lesson Exemplar upang maging madaling maunawaan ng mga mag-aaral nang hindi nawawala ang lalim at integridad ng disiplina.


Bilang pagtugon sa aspekto ng identidad at kontekstuwalisasyon, kinikilala ng pag-aaral ang Teorya ng Wika Bilang Sisidlan ng Kultura (Zafra, 2016; David, 2018), na nagpapaliwanag na ang wika ay daluyan ng kolektibong karanasan ng bayan. Kaakibat nito ang Contextualization at Localization Theory (Berns & Erickson, 2001) at ang konsepto ng Pedagogical Justice (Moje, 2007), na nagsasaad na ang pagkatuto ay mas epektibo at makatarungan kung ito ay nakaugat sa tunay na karanasan ng komunidad, anuman ang kanilang pinagmulang antas ng buhay. Ang kaisipang ito ay umaalinsunod sa layunin ng Pilipinisasyon ng Kaalaman (Payongayong, 2019) at Indigenous Knowledge Systems and Practices (IKSP) Framework, na naglalayong maipundar ang kapangyarihang kultural sa pamamagitan ng pagkilala sa mga tradisyonal na kaalaman at kasanayan sa loob ng mga kagamitang pampagtuturo.

Sa aspekto naman ng sikolohiya ng pagkatuto at instruksiyon, ginagamit ang Constructivist Theory nina Piaget at Vygotsky, partikular ang Zone of Proximal Development (ZPD), upang suriin kung paano nagsisilbing pedagogical scaffold ang mga Lesson Exemplar sa paggabay sa mga mag-aaral mula sa dati ng kaalaman patungo sa mas mataas na antas ng kasanayan. Ito ay pinatitibay ng Schema Theory (Anderson) na sumusuri sa prior knowledge sa ilalim ng spiral progression, at ang Teorya ng Multiliteracies at Multimodal Literacies (Jewitt, 2008), na tumitingin sa kakayahan ng mga materyal na gumamit ng iba't ibang moda ng komunikasyon (biswal, digital, at audio) para sa ika-21 siglong kasanayan. Ang lahat ng teoryang ito ay nagbubuklod sa ilalim ng mga pambansa at pandaigdigang balangkas tulad ng Sustainable Development Goal 4 (SDG 4), Philippine Development Plan (PDP) 2023–2028, at ang MATATAG Framework (DepEd, 2023) na naglalayong tiyaking ang bawat aralin ay maging makabata, makabansa, at makatao.

Batayang Konseptwal

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa masusing pagsusuri sa antas ng kaangkupan, pagtanggap at paggamit ng mga Filipino 7 Lesson Exemplars sa konteksto ng pambansang reporma sa edukasyon. Sa gitna ng mabilis na pagbabago sa kurikulum, mahalagang suriin kung ang mga Filipino 7 Lesson Exemplar ay tunay na umaangkop sa itinatakhang mga pangunahing kataningan ng Enhanced MATATAG Curriculum at kung tinatanggap at nagagamit ito ng mga guro. Sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri, tinataya ng pag-aaral kung paano nakapagpapalakas ang mga materyal ng kritikal na pag-iisip, kontekstuwalisasyon, at pedagogical coherence sa karanasan ng mag-aaral. Sa ganitong paraan, nabibigyang linaw kung ang mga lesson exemplar ay hindi lamang naglalahad ng impormasyon kundi nag-aambag sa mas malalim na pag-unawa at paglinang ng kakayahang mag-isip nang kritikal.

Ang teoretikal na balangkas ng pananaliksik ay nakaugat sa Kritikal na Pedagohiya ni Paulo Freire (1970) at sa Situated Learning Theory nina Lave at Wenger (1991). Sa lente ng Kritikal na Pedagohiya, sinusuri kung ang mga materyal ay nagtataguyod ng problem-posing education, kung saan hinihikayat ang mag-aaral na maging aktibong kalahok sa kaniyang pagkatuto, sa halip na maging pasibong tagatanggap lamang ng impormasyon tulad ng tradisyunal na banking approach. Kasabay nito, tinutukoy ng Situated Learning Theory at prinsipyo ng Pedagogical Justice kung ang mga lesson exemplar ay tunay na nakaugat



sa lokal na konteksto, ang wika, kultura, at identidad ng mag-aaral, upang matiyak na ang kontekstuwalisasyon ay hindi superficial o tokenistic, kundi makabuluhan.

Upang maipakita ang lohikal na daloy ng pagsusuri, ginamit ang IPO (Input-Process-Output) Model. Ipinakikita ng Figura 1 ang kabuoang balangkas ng pag-aaral na nakatuon sa pagsusuri sa kaangkupan, pagtanggap, at paggamit ng mga Filipino 7 lesson exemplars (FIL7-LEx) kaugnay ng implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum. Inilalarawan ng balangkas ang ugnayan ng mga baryabol mula sa input, proseso, hanggang sa awtput upang sistematikong matukoy ang kalagayan ng paggamit ng mga lesson exemplar at makabuo ng mga estratehiyang maaaring magsilbing batayan sa higit pang pagpapaunlad ng kagamitang panturo.

Sa bahagi ng input, isinasaalang-alang ang apat na mahahalagang sangkap ng pag-aaral. Una, sinusuri ang profayl ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino 7 upang mailarawan ang kanilang propesyonal at demograpikong katangian na maaaring may impluwensiya sa kanilang persepsiyon at paggamit ng mga lesson exemplar. Ikalawa, tinataya ang antas ng kaangkupan ng mga FIL7-LEx batay sa mga pangunahing katangian ng Enhanced MATATAG Curriculum. Mahalagang masukat ito upang matukoy kung ang nilalaman, estruktura, at mga gawaing nakapaloob sa mga lesson exemplar ay umaayon sa layunin ng kurikulum na nakatuon sa mas payak, makabuluhan, at competency-based na pagkatuto. Ikatlo, sinusuri ang antas ng pagtanggap at paggamit ng mga FIL7-LEx sa tatlong salik: kontekstuwalisasyon, praktikalidad, at adaptabilidad. Sa aspektong ito, tinitingnan kung gaano kabisa at kapaki-pakinabang ang mga FIL7-LEx sa aktuwal na konteksto ng pagtuturo at kung paano ito inaangkop ng mga guro ayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at sitwasyon sa silid-aralan. Ikaapat, tinutukoy ang mga hamong kinahaharap ng mga guro sa paggamit ng mga FIL7-LEx at ang mga estratehiyang kanilang ginagamit upang malampasan ang mga suliraning ito. Mahalaga ang bahaging ito upang maunawaan ang aktuwal na danas at persepsiyon ng mga guro bilang pangunahing tagapagpatupad ng kurikulum.

Sa bahagi naman ng proseso, gumamit ang pag-aaral ng mixed-method na disenyo upang higit na mapalalim at mapagtibay ang pagsusuri sa mga datos. Isinagawa muna ang quantitative descriptive-correlational survey upang masukat at mailarawan ang antas ng kaangkupan, pagtanggap, at paggamit ng mga Filipino 7 lesson exemplars, gayundin ang ugnayan ng mga baryabol sa pag-aaral. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang descriptive statistics upang mailarawan ang pangkalahatang resulta, habang ginamit naman ang inferential statistics, partikular ang Kendall's Tau-b, upang matukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Matapos ang kwantitatibong yugto, sinundan ito ng qualitative semi-structured interview upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa mga karanasan, persepsiyon, at estratehiya ng mga guro. Ang mga nakalap na kwalitatibong datos ay sinuri gamit ang Reflexive Thematic Analysis nina Virginia Braun at Victoria Clarke (2006), na nagbigay-daan sa masusing pagbuo at interpretasyon ng mga tema mula sa mga salaysay ng mga kalahok.

Bunga ng isinagawang proseso, nabuo ang awtput ng pag-aaral na nakatuon sa paglikha ng mga estratehiya upang higit pang mapataas ang antas ng kaangkupan, pagtanggap, at paggamit ng mga Filipino 7 lesson exemplars. Ang mga estratehiyang ito ay nakabatay sa empirikal na resulta ng pananaliksik at sa aktuwal na karanasan at persepsiyon ng mga guro. Sa kabuoan, ang balangkas ng pag-aaral ay nagpapakita ng isang sistematiko, empirikal, at kontekstuwal na pagdulog sa pagsusuri ng mga Filipino 7 lesson exemplars upang makapaglatag ng mga kongkretong rekomendasyon para sa higit na epektibong implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum sa asignaturang Filipino 7.




Figura 1
Balangkas ng Pag-aaral

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral na ito ng mixed-methods research design, partikular ang explanatory sequential design, kung saan pinagsama ang kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan upang makabuo ng mas komprehensibong pagsusuri sa persepsiyon ng mga gurong nagtuturo ng Filipino 7 hinggil sa kaangkupan, pagtanggap, at paggamit ng Lesson Exemplars sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum. Sa unang yugto, isinagawa ang quantitative descriptive–correlational survey upang mailarawan ang profayl ng mga guro, matukoy ang antas ng kaangkupan ng Lesson Exemplars batay sa mga pangunahing katangian ng kurikulum, at masukat ang antas ng kanilang pagtanggap at paggamit nito. Ginamit din ang bahaging ito upang alamin kung may makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga guro sa kanilang persepsiyon hinggil sa kaangkupan at paggamit ng mga Lesson Exemplars. Ang paggamit ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo ay angkop sapagkat hindi nito nilalayong manipulahin ang mga baryabol kundi ilarawan at tukuyin ang ugnayan ng mga ito batay sa aktuwal na datos mula sa mga kalahok, alinsunod sa paliwanag nina John W. Creswell at J. David Creswell (2018).

Sa ikalawang yugto ng pag-aaral, isinagawa ang kwalitatibong pamamaraan sa pamamagitan ng semi-structured interview upang mas mapalalim ang pag-unawa sa mga hamong kinakaharap ng mga guro sa paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars. Ang bahaging ito ay tuwirang tumutugon sa ikalimang suliranin ng pag-aaral, kung saan ang mga karanasan, pananaw, at aktuwal na sitwasyon ng mga guro ay kinolekta at sinuri. Pinili ang mga kalahok sa panayam sa pamamagitan ng purposive sampling upang matiyak na sila ay may sapat na karanasan at kaalaman sa implementasyon ng Lesson Exemplars. Ang mga nakalap na datos mula sa panayam ay isinailalim sa thematic analysis, kung saan tinukoy ang mga umuusbong na tema at kategorya ng mga hamon. Ang integrasyon ng kwantitatibo at kwalitatibong resulta ay nagbigay-daan sa mas malalim at mas makabuluhang interpretasyon ng datos, na nagsilbing batayan sa pagbuo ng isang angkop at kontekstuwalisadong mungkahing plano ng mga gawain para sa mas epektibong paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars.

Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Ikapitong Baitang mula sa mga pampublikong paaralan sa Ikalimang Distrito ng Pangasinan sa ilalim ng pamumuno ng Schools Division Office of Pangasinan Division II. Saklaw nito ang walong (8) munisipalidad, partikular ang Alcala, Bautista, Binalonan, Laoac, Pozorrubio, Sison, Santo Tomas, at Villasis.

MUNISIPALIDAD	POPULASYON	SAMPOL
Alcala	13	40
Bautista	6	
Binalonan	10	
Laoac	6	
Pozorrubio	16	
Sison	17	
Sto. Tomas	2	
Villasis	11	
Kabuoan	81	

Batay sa tala noong panuruang taon 2024-2025 hanggang 2025-2026 mayroong kabuoang populasyon na walumpu't isang s(81) mga guro na nagtuturo ng Filipino 7 sa mga pampublikong paaralan sa mga nabanggit na munisipalidad. Mula sa kabuoang populasyong ito, apatnapu (40) na kalahok ang pinili bilang sample size ng pag-aaral. Ang pagdedetermina ng sampol ay isinagawa nang may pagsasaalang-alang sa accessibility ng mga respondent, kanilang aktuwal na partisipasyon sa implementasyon ng Filipino 7 Lesson Exemplars, at pagiging angkop ng kanilang karanasan sa layunin ng pananaliksik.

Ang pagpili sa mga respondent ay isinagawa sa pamamagitan ng purposive sampling, isang uri ng non-probability sampling kung saan ang mga respondent ay pinipili batay sa kanilang kaalaman, karanasan, at direktang kaugnayan sa penomenong pinag-aaralan. Ayon kina Etikan, Musa, at Alkassim (2016), ang purposive sampling ay angkop gamitin sa mga pag-aaral na nangangailangan ng mga kalahok na may espesipikong karanasan upang makapagbigay ng makabuluhan at may lalim na datos. Pinagtibay ito ng pagtalakay ni Nikolopoulou (2023), na binibigyang-diin na ang naturang pamamaraan ay higit na angkop gamitin sa mga pag-aaral na nakatuon sa masusing pagsusuri ng maliit na sampol. Ayon sa kaniya, pangunahing layunin nito ang pagtukoy sa mga indibidwal na may mataas na kaugnayan at kapakinabangan

sa pagsagot sa mga tiyak na katanungan ng pananaliksik, lalo na yaong may potensyal na makapagbigay ng makabuluhan at mayamang datos.

Dagdag pa rito, binibigyang-diin na ang paraang ito ay malimit na ginagamit sa mga pag-aaral na gumagamit ng pinagsamang metodo o mixed-methods research, kung saan kinakailangan ang pagkuha ng parehong lawak at lalim ng impormasyon. Higit pa rito, ito ay itinuturing na lalong kapaki-pakinabang sa mga pagkakataong kinakailangang matukoy ang mga kasong “information-rich,” na maaaring magbigay ng mas malalim, masaklaw, at mas sistematikong pag-unawa sa pinag-aaralang penomenon.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ang pagsasama lamang ng mga gurong aktuwal na gumagamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars ay mahalaga upang matiyak na ang mga datos na makakalap ay nakabatay sa aktuwal na implementasyon sa loob ng silid-aralan. Sa ganitong paraan, ang mga impormasyon ay nagiging mas balido, may batayan, mabisa, naaayon sa tamang katwiran, at makabuluhan dahil nagmumula ito sa karanasang nakaugat sa aktuwal na kaugalian ng pagtuturo. Sa kabuoan, ang ganitong disenyo ay naglalayong makalikom ng tiyak, makabuluhan, at may lalim na datos na kinakailangan sa pagsusuri ng kaangkupan ng mga Filipino 7 Lesson Exemplars sa implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum batay sa persepsiyon ng mga guro.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng isang talatanungang binuo ng mananaliksik bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ginamit ang limang antas na Likert Scale bilang batayan sa pagtataya ng antas ng kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars sa mga pangunahing katangian ng Enhanced MATATAG Curriculum ayon sa persepsiyon ng mga guro. Ang mga nakuhang iskor ay binigyang-interpretasyon batay sa sumusunod na saklaw: 4.51–5.00 na may katumbas na “Lubos na Naaangkop”; 3.51–4.50 bilang “Naaangkop”; 2.51–3.50 bilang “Bahagyang Naaangkop”; 1.51–2.50 bilang “Hindi Naaangkop”; at 1.00–1.50 bilang “Lubos na Hindi Naaangkop”.

Ginamit din ang Likert Scale upang masagot ang ikatlong suliranin na nakatuon sa antas ng pagtanggap at paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars batay sa persepsiyon ng mga guro, na sinuri ayon sa tatlong dimensyon, partikular ang kontekstuwalisasyon, praktikalidad, at adaptabilidad. Ang mga nakuhang iskor ay binigyang-interpretasyon batay sa sumusunod na saklaw: 4.51–5.00 bilang “Napakataas”; 3.51–4.50 bilang “Mataas”; 2.51–3.50 bilang “Katamtaman”; 1.51–2.50 bilang “Mababa”; at 1.00–1.50 bilang “Napakababa”. Naging mahalaga ang ganitong pamantayan upang matiyak ang mas maayos, obhetibo, at sistematikong pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga tugon ng mga respondent, alinsunod sa mga pag-aaral na nagsasaad na ang wastong paggamit at interpretasyon ng mga iskor mula sa Likert-type na mga panukat ay mahalaga sa pagbuo ng makabuluhan at mapagkakatiwalaang konklusyon sa pananaliksik sa larangan ng edukasyon at agham panlipunan (Steinmann et al., 2022; Courey at Lee, 2021).

Ang talatanungan ay iniangkla sa mga pangunahing katangian ng Enhanced MATATAG Curriculum upang matiyak ang teoretikal na saligan at praktikal na kaugnayan ng bawat pahayag sa aktuwal na implementasyon nito sa pagtuturo. Ang mga indikador sa ikalawang bahagi ay ibinatay sa DepEd Order No. 010, s. 2024 (Policy Guidelines on the Implementation of the MATATAG Curriculum) at sa General Shaping Paper of MATATAG Curriculum (2023), bilang pagsunod sa mga opisyal na batayang dokumento ng kurikulum. Sa pamamagitan nito, natiyak ang angkop na representasyon ng mga dimensyon nito para sa komprehensibong pagsusuri ng mga datos.



Bilang pagpapatibay ng katumpakan, baliditi, at kredibilidad ng talatanungan, ito ay isinailalim sa masusing pagpapabalido ng mga kinikilalang eksperto sa larang kurikulum, pagtuturo, at pananaliksik sa asignaturang Filipino, upang matiyak ang kaangkupan ng nilalaman, istruktura, at antas ng mga pahayag alinsunod sa layunin ng pag-aaral at pamantayang pang-akademiko. Ang pagpili ng mga balideytor ay isinagawa batay sa sumusunod na pamantayan:

Pamantayan sa Pagpili ng mga Balideytor
1. May malalim na kaalaman at karanasan sa larangan ng asignaturang Filipino, edukasyon, kurikulum, o pananaliksik,
2. May hawak na hindi bababa sa Master's degree sa Edukasyon o kaugnay na larangan.
3. Aktibong nagtuturo o may karanasan sa pagbuo, pagsusuri, o implementasyon ng kagamitang pampagtuturo o kurikulum.
4. Kinilala bilang guro, tagapagsanay, o eksperto sa kanilang institusyon o larangan.
5. May kakayahang magbigay ng obhetibo at propesyonal na pagsusuri sa instrumento ng pananaliksik.

Batay sa mga pamantayang inilatag, napili ang isang Education Program Supervisor sa Filipino, isang ulong-guro, dalubguro, at dalawang instructor sa kolehiyo na may malalim na kaalaman sa pananaliksik sa asignaturang Filipino. Ang kanilang matalinong suhestiyon at makabuluhang komento ang nagsilbing batayan tungo sa pagpino ng instrumento ng pananaliksik.

Paraan sa Pangangalap ng Datos

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa matapos makakuha ng opisyal na pahintulot mula sa tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan sa Dibisyon at mula sa mga punong-guro ng mga paaralang kalahok. Ang mga talatanungan ay ipinamamahagi sa pamamagitan ng personal na pamamaraan, batay sa iskedyul ng mga guro. Bago ang pagsagot sa instrumento, ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral at ang mga alituntunin sa pagsagot upang matiyak ang malinaw na pag-unawa ng mga kalahok. Binigyang-diin din ang boluntaryong paglahok at ang karapatan ng mga respondent na umatras anumang oras nang walang anumang kaparusahan, alinsunod sa etikal na pamantayan ng pananaliksik (Creswell & Creswell, 2018).

Para naman sa ikalawang bahagi ng pag-aaral, isinagawa ang pakikipanayam sa piling kalahok, kung saan ang mga tanong ay binuo batay sa mga resulta ng unang yugto ng pananaliksik. Gumamit ang pag-aaral ng a priori coding sa pagbuo ng semi-structured interview guide, kung saan ang mga paunang kategorya o koda ay ibinatay sa umiiral na literatura, teoretikal na balangkas, at layunin ng pag-aaral upang matiyak ang pokus at sistematikong pagbuo ng mga tanong. Ayon kina Saldaña (2016), ang a priori coding ay isang proseso ng pagbuo ng mga koda bago ang aktuwal na pagsusuri ng datos, batay sa umiiral na konsepto o teorya.

Paraan sa Pagsusuri ng Datos


Ang mga datos na nakalap gamit ang talatanungan ay sinuri gamit ang descriptive statistics tulad ng frequency, percentage, at mean upang mailarawan ang antas ng pagtugon ng mga guro sa bawat indikador. Ang paggamit ng mga naturang istatistikal na pamamaraan ay nagbigay-daan sa pagbuo ng malinaw, organisado, at sistematikong buod ng mga numerikal na datos. Ayon kina Ary, Jacobs, Sorensen,


at Walker (2014), ang descriptive statistics ay mahalaga sa pag-oorganisa at pagbibigay-kahulugan ng datos upang mas madaling maunawaan ang mga pangunahing pattern at tendensya ng mga resulta.

Samantala, ginamit din ang inferential statistics, partikular ang Kendall's Tau-b, upang matukoy kung may makabuluhang ugnayan o pagkakaiba sa persepsiyon ng mga guro batay sa kanilang profayl. Kabilang sa mga baryabol ng profayl ang bilang ng taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, pinakamataas na antas ng edukasyon at espesyalisasyong natapos, bilang ng mga dinaluhang pagsasanay kaugnay ng Enhanced MATATAG Curriculum, bilang ng mga dinaluhang pagsasanay kaugnay sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo, at uri ng nabuong kagamitang pampagtuturo. Sa pamamagitan nito, natukoy ang antas ng asosasyon sa pagitan ng mga naturang baryabol at ang persepsiyon ng mga guro, na nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga natuklasan ng pag-aaral.

Ang mga nakalap na datos naman mula sa panayam ay sinuri gamit ang thematic analysis nina Braun at Clarke (2006) na karaniwang tinatawag na Reflexive Thematic Analysis upang sistematikong matukoy, masuri, at mailarawan ang mga pangunahing tema na lumitaw mula sa mga pahayag ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng prosesong ito, ang mga datos ay inorganisa at binigyang-kahulugan upang makabuo ng mas malalim na pag-unawa sa mga karanasan at persepsiyon ng mga guro. Ayon kina Virginia Braun at Victoria Clarke (2006), ang thematic analysis ay isang interaktibo at mapanuring proseso kung saan aktibong nakikilahok ang mananaliksik sa pagbuo at interpretasyon ng mga datos, sa halip na limitado lamang sa simpleng pagtukoy ng mga ito. Binigyang-diin din nina Braun at Clarke (2006), na tinalakay nina Paperpile Guide on Thematic Analysis, na ang tematikong pagsusuri ay hindi isang ganap na linyar na proseso kundi isang paulit-ulit at masusing paggalugad sa datos na nangangailangan ng patuloy na pagbabalik at muling pagsusuri sa bawat yugto ng analisis upang makabuo ng mas malalim at makabuluhang interpretasyon.

Kaugnay nito, ang anim na hakbang na kanilang inilahad sa papel-pananaliksik ay patuloy na kinikilalang pangunahing pamantayan sa sistematiko at masusing pagsasagawa ng tematikong pagsusuri (Braun & Clarke, 2006). Kabilang sa mga hakbang na ito ang pagiging pamilyar sa datos, pagbuo ng mga paunang koda, pagtukoy ng mga tema, pagrerepaso ng mga tema, pagbibigay-kahulugan at pagpapangalan sa mga tema, at pagsulat ng ulat ng pagsusuri. Sa pamamagitan nito, nagiging mas organisado, mapanuri, at mapagkakatiwalaan ang pagsusuri ng kwalitatibong datos (Braun & Clarke, 2006)



**Figura 2**

Anim na Hakbang sa Tematikong Pagsusuri nina Braun at Clarke (2006)

Etikal na Konsiderasyon

Sa pag-aaral na ito, isasaalang-alang ang mga pangunahing prinsipyong etikal sa pananaliksik, kabilang ang boluntaryong paglahok, pagiging kompidensiyal ng impormasyon, at paggalang sa karapatan ng mga kalahok. Walang personal o sensitibong impormasyong kokolektahin mula sa mga guro, at ang lahat ng datos ay gagamitin lamang para sa layuning akademiko. Bago magsagawa ng pangangalap ng datos, ipaliliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral at ang kanilang karapatang umatras anumang oras nang walang anumang kaparusahan. Ang mahigpit na pagsunod sa mga prinsipyong ito ay magtitiyak sa pagpapanatili ng tiwala ng mga kalahok at ng kredibilidad ng pananaliksik.

PRESENTASYON, PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG DATOS

Sa kabanatang ito ay inilahad ang presentasyon, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos na nakalap sa pag-aaral. Ang mga datos ay sistematikong inayos at inilahad upang maipakita ang mahahalagang kinalabasan kaugnay ng mga layunin ng pananaliksik. Kasunod nito, isinagawa ang masusing pagsusuri upang matukoy ang mga pattern, antas, at ugnayan ng mga baryabol na pinagtuunan ng pag-aaral.

Higit pa rito, ang interpretasyon ng mga resulta ay isinagawa batay sa mga umiiral na teorya at kaugnay na pag-aaral upang mabigyang-lalim ang pag-unawa sa mga natuklasan. Sa pamamagitan nito, naipakita hindi lamang ang mga numerikal na kinalabasan kundi maging ang mas malawak na kahulugan at implikasyon ng mga ito sa konteksto ng pag-aaral. Layunin ng kabanatang ito na magbigay ng malinaw, obhetibo, at makabuluhang pagtalakay sa mga datos bilang batayan ng pagbuo ng kongklusyon at rekomendasyon ng pananaliksik.

Profayl ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino 7

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng propesyonal na profayl ng mga respondent batay sa kanilang taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, pinakamataas na antas ng edukasyon, mga pagsasanay kaugnay sa Enhanced MATATAG Curriculum, pagsasanay sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo, at uri ng mga kagamitang pampagtuturo na kanilang nabuo.

Talahanayan 1
Profayl ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino 7
n=40

Profile	Category	Frequency	Percent
Taon sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino	1-5 taon	11	27.5
	6-10 taon	19	47.5
	11-15 taon	4	10.0
	16 taon pataas	6	15.0
Pinakamataas na Antas ng Edukasyon	Batsilyer Medyor sa Filipino	6	15.0
	Batsilyer (ibang Medyor)	1	2.5
	May yunit sa Masterado	19	47.5
	Masterado Medyor sa Filipino	8	20.0
	Masterado (ibang Medyor)	4	10.0
	May yunit sa Doktorado	1	2.5
	Doktorado (ibang Medyor)	1	2.5
Pagsasanay kaugnay sa <i>Enhanced MATATAG Curriculum</i>	0	2	5.0
	1-2	34	85.0
	3-4	2	5.0
	5 pataas	2	5.0
Pagsasanay sa Pagbuo ng mga Kagamitang Pampagtuturo	0	14	35.0
	1-2	20	50.0
	3-4	3	7.5
	5 pataas	3	7.5
Uri ng Nabuong Kagamitang Pampagtuturo	Teksbuk	7	17.5
	Modyul	16	40.0
	Lesson Exemplar	10	25.0
	Sanayang Aklat	3	7.5
	Talasanayan	12	30.0
	Wala	17	42.5
	Strategic Intervention	1	2.5
	Material (SIM)		

Mula sa 40 pampublikong gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Ikapitong Baitang sa Ikalimang Distrito ng Pangasinan, halos kalahati o 47.5 % ang mayroong anim (6) hanggang sampung (10) taong karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ipinapahiwatig nito na karamihan sa kanila ay hindi na kabilang sa tinatawag na *Career Stage 1* o *Beginning Teachers* ng *Philippine Standards for Professional Teachers* (DepEd Order No. 42, s. 2017). Mahalaga ito sapagkat ang Ikapitong Baitang ay isang kritikal na *transitional year* na nangangailangan ng mas may karanasang guro upang epektibong matugunan ang akademikong pangangailangan at masalimuot na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Magandang indikasyon din ito sapagkat ang tagal ng karanasan sa pagtuturo ay itinuturing na mahalagang salik na may positibong ugnayan sa paglinang ng mas mataas na antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinagtibay ito ng pag-aaral nina Kini at Podolsky (2016), na nagsagawa ng masusing pagsusuri sa 30 papel-pananaliksik hinggil sa epekto ng karanasan sa pagkatuto ng mga pampublikong paaralan sa Estados Unidos. Batay sa kanilang pagsusuri, natukoy ang mahahalagang benepisyo ng mahabang

karanasan sa pagtuturo. Una, ang karanasan sa pagtuturo ay may positibo at makabuluhang kaugnayan sa pagiging epektibo ng mga guro. Pangalawa, ang mga gurong may mas mahabang karanasan sa pagtuturo ay nakapagbibigay ng mas malalim at holistikong pagkatuto na hindi lamang nasusukat sa mga resulta ng pagsusulit. At pangatlo, ang mga gurong may higit na karanasan ay nakapag-aambag hindi lamang sa pagkatuto ng mga mag-aaral kundi maging sa paglinang ng propesyonal na kakayahan ng kanilang mga kapuwa guro at sa pangkalahatang pagpapabuti ng kaayusan at pagganap ng paaralan.

Malinaw na ring lumitaw sa mga datos na 47.5% ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino ang nakapagtamo na ng kanilang yunit sa antas masterado. Ipinapakita nito ang antas ng patuloy na pagsulong pampropesyonal at pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagtuturo. Mahalaga ito sapagkat hindi lamang sapat ang tagal sa serbisyo at karanasan sa pagtuturo upang maging epektibong guro, kinakailangan din ang patuloy na pag-unlad at pagsulong pampropesyonal. Nakapaloob ito sa itinatadhana ng Artikulo IV, Seksiyon 3 ng *Code of Ethics for Professional Teachers*, na nagsasaad na ang bawat guro ay inaaasahang makilahok sa mga programa ng patuloy na edukasyong propesyonal (Continuing Professional Education o CPE) ng *Professional Regulation Commission (PRC)*, at magpatuloy sa pag-aaral upang mas malinang ang kasanayan, mapataas ang dangal ng propesyon, at mapalakas ang kakayahan at pagiging produktibo upang makasabay sa pamatayan ng pandaigdigang antas.

Sa kabilang banda, lumitaw ang isang nakababahalang kakulangan sa pagsasanay ng mga guro kaugnay sa *Enhanced MATATAG Curriculum*. Makikita na 85% (34 sa 40) na mga guro ang nakatanggap lamang ng isa hanggang dalawang pagsasanay. Nahahayag sa resulta ang isang kapansin-pansing *training gap* na nagpapahiwatig ng limitadong paghahanda ng karamihan sa mga guro sa harap ng malawak at sistematikong pagbabago sa kurikulum. Taliwas ito sa mga ulat at pahayag na may katiyakang isinasagawa ang tuloy-tuloy na pagsasanay at suporta sa mga rehiyon upang matiyak ang maayos na pagpapatupad ng kurikulum.

Sa ganitong kalagayan, nakababahala ang posibilidad na hindi pantay-pantay ang kalidad ng implementasyon sa mga silid-aralan, dahil ang kakulangan sa sapat at tuloy-tuloy na pagsasanay ay maaaring direktang makaaapekto sa lalim ng pag-unawa ng mga guro sa nilalaman, estratehiya, at layunin ng *Enhanced MATATAG Curriculum*. Kung magpapatuloy ang ganitong sitwasyon, maaaring malagay sa panganib hindi lamang ang epektibong pagpapatupad ng kurikulum kundi pati ang inaaasahang pag-unlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kinalabasang ito ay pinagtibay ng mga kaugnay na literatura. Sa isang *integrative literature review* ni Fuentes (2025) na sumuri ng 25 pag-aaral, isa sa mga pangunahing hamon sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum* ay ang “*insufficient professional development at kakulangan sa training*” na nagreresulta sa mababang kahandaan ng mga guro. Dagdag pa rito, sa kwalitatibong pag-aaral nina Dadul et al. (2025) hinggil sa sentimyento ng mga guro, lumitaw na maraming guro ang nakararanas ng hindi sapat na pagsasanay at suporta sa unang implementasyon ng kurikulum. Samantala, sa *scoping review* ni Herrera (2025) ng Siliman University, Philippines, natuklasan na ang matagumpay na pagpapatupad ng *MATATAG Curriculum* sa Pilipinas ay nakasalalalay sa karanasan ng mga guro at punong-guro, epektibong mga programa sa pagsasanay, at patuloy na pag-unlad na propesyonal. Binibigyang-diin dito na ang pangangailangan ng suporta sa polisiya at mga angkop na estratehiya upang mapalakas ang kakayahang umangkop at mapanatili ang mga reporma sa kurikulum sa isang suportadong kapaligirang pang-edukasyon. Sa kabuoan, ang mga ebidensyang ito ay nagpapakita na ang obserbasyon sa aktuwal na datos ay hindi isang isolated na pangyayari. Kundi bahagi ng mas malawak at sistematikong isyu sa implementasyon ng kurikulum, particular sa aspekto ng pagsasanay at paghahanda ng mga guro.

Lumitaw din ang kakulangan sa pagsasanay ng mga guro sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo. Kalahati o 50% ng mga guro ang nakatanggap lamang ng isa hanggang dalawang

pagsasanay, habang 35% naman ang wala pang natatanggap na kahit anong pagsasanay. Lumabas din na limitado ang mga kagamitang pampagtuturo na nagagawa ng mga guro. Kadalasan, modyul at talasanayan lamang ang kanilang nalilikha, at marami sa kanila ang wala pang nagagawang anumang kagamitang pampagtuturo. Ipinahihiwatig nito ang kakulangan sa paggawa at paglinang ng iba't ibang uri ng kagamitang pampagtuturo, na mahalaga upang mapalakas ang kalidad at bisa ng pagtuturo sa silid-aralan.

Antas ng Kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay sa Persepsiyon ng mga Guro Hinggil sa mga Pangunahing Katangian ng Enhanced Matatag Curriculum

Ang Republic Act No. 10533 o *Enhanced Basic Education Act of 2013* na kilala rin sa tawag na *K to 12 Program* ay isang mahalagang repormang pang-edukasyon sa Pilipinas na tumutugon sa pangangailangan ng lokal at pandaigdigang komunidad upang mapabuti ang batayang edukasyon o *Basic Education* sa Pilipinas. Gayunpaman, may mga hamon ang pagpapatupad nito. Ipinapakita ng mga pambansa at pandaigdigang pagsusuri na walang makabuluhang pag-unlad sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Pilipinas (Schleicher, 2018; Mullis et al., 2020; UNICEF & SEAMEO, 2020). Bilang tugon, nabuo ang *MATATAG Curriculum* bilang bagong direksiyon ng Kagawaran ng Edukasyon o DepEd tungo sa pagpapahusay ng kalidad ng batayang edukasyon sa bansa. Taglay nito ang mga pangunahing katangian: (1) Pinagaan at Inayos na Kurikulum o *Decongested Curriculum*; (2) Paglinang ng mga Batayang Kasanayan o *Focus on Foundational Skills*; (3) Pagbabalanse ng mga Kahingian sa Kognitibong Pagkatuto o *Balanced Cognitive Demands*; (4) Malinaw na Paglalatag ng mga Kasanayan sa Ika-21 Siglo o *Clearer Articulation of 21st Century Skills*; at (5) Paghubog sa Kagandahang-asal at Edukasyong Pangkapayapaan o *Intensified Values Formation and Peace Education*.

A. Pinagaan at Inayos na Kurikulum o *Decongested Curriculum*

Sa bahaging ito, makikita ang mga Talahanayan 2 na naglalatag ng komprehensibong datos kaugnay sa persepsiyon ng mga guro hinggil sa kaangkupan ng mga *Filipino 7 Lesson Exemplar* (FIL7-LEx) sa unang katangian ng *Enhanced MATATAG Curriculum* na Pinagaan at Inayos na Kurikulum o *Decongested Curriculum*.

Talahanayan 2
Antas ng Kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay
sa Persepsiyon ng mga Guro Hinggil sa Pinagaan at Inayos na Kurikulum
n=40

Mga Indikador	LN		N		BN		HN		LHN	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Ang mga <i>lesson exemplar</i> ay nagpapakita ng maayos na paghahati ng nilalaman upang mapadali ang pagkatuto.	15	37.5	23	57.5	1	2.5	1	2.5	0	0.0
2. Ang mga layunin ng aralin ay malinaw at hindi labis ang dami.	10	25.0	19	47.5	9	22.5	2	5.0	0	0.0
3. Binibigyang-diin ng mga <i>lesson exemplar</i> ang mga batayang kasanayan.	16	40.0	21	52.5	3	7.5	0	0.0	0	0.0
4. Ang dami ng nilalaman ay angkop sa oras na inilaan sa aralin.	11	27.5	12	30.0	12	30.0	4	10.0	1	2.5

5. Nagbibigay ito ng sapat na oras para sa mas malalim na pagtalakay ng aralin.	8	20.0	17	42.5	11	27.5	4	10.0	0	0.0
Mean	4.00 – Naaangkop									
4.51 – 5.00	Lubos na Naaangkop			1.51 – 2.50			Hindi Naaangkop			
3.51 – 4.50	Naaangkop			1.00 – 1.50			Lubos na Hindi Naaangkop			
2.51 – 3.50	Bahagyang Naaangkop									

Higit sa kalahati ng mga gurong kalahok o 57.5% ang nagsabing “naaangkop” ang FIL7-LEx sa maayos na paghahati ng nilalaman, na itinuturing na mahalagang salik upang mas maging sistematiko at mas madali ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Kasunod nito, 52.5% naman ang nagsabing “naaangkop” ang mga *lesson exemplar* sa pagbibigay-diin sa mga batayang kasanayan, na nagpapakita ng pangkalahatang positibong pagtanggap sa disenyo at direksiyon ng mga aralin. Nangangahulugang higit sa kalahati ang sumasang-ayon na ang mga *lesson exemplar* ay nakatuon sa pagpapatibay at pagpapaunlad ng mga batayang kasanayan tulad ng literasi at numerasiya.


Ang mga kinalabasang ito ay sinusupportahan ng pag-aaral nina Bihag at Dagondon (2025), na nagsasaad na ang mga *lesson exemplar* sa ilalim ng MATATAG Curriculum ay may mataas na antas ng *alignment* sa mga prinsipyo ng *learner-centered at competency-based education*, na nag-aambag sa mas sistematikong pagtuturo. Gayundin, binigyang-diin nina Anselmo et al. (2025) na ang mga *lesson exemplar* ay itinuturing ng mga guro bilang *logically sequenced* at nakahanay sa *Most Essential Learning Competencies* o MELCs, dahilan upang mapadali ang paglinang ng batayang kasanayan at organisasyon ng aralin. Sa kabuoan, pinatitibay ng mga pag-aaral na ito ang positibong persepsiyon ng mga guro sa kaangkupan ng FIL7-LEx sa istruktura at pokus nito sa pagkatuto.

Gayunpaman, higit na nakababahala ang resulta hinggil sa pahayag na “*Ang dami ng nilalaman ay angkop sa oras na inilaan sa aralin*”. Nagpapakita ito ng isang kritikal na pagkakahati sa persepsiyon ng mga guro, kung saan kapuwa nakapagtala ng 30.0% ang “*Naangkop*” at “*Bahagyang Naaangkop*”. Ang ganitong distribusyon ay hindi lamang indikasyon ng pagkakaiba-iba ng opinyon, kung hindi sumasalamin sa masalimuot na ugnayan ng oras, nilalaman, at katangian ng mga mag-aaral, partikular sa konteksto ng *heterogeneous na silid-aralan*.

Sa pagsusuring ito, mahalagang isaalang-alang na ang mga mag-aaral ay may iba’t ibang antas ng kakayahan, motibasyon, at bilis ng pagkatuto. Ayon kina Carol Ann Tomlinson et al. (2003), ang mga mag-aaral ay nagkakaiba sa kanilang *learning profiles, readiness, at interests*, kaya’t kinakailangang iangkop ng guro ang pagtuturo upang matugunan ang kanilang iba’t ibang pangangailangan. Dahil dito, nagiging relatibo ang konsepto ng “kaangkupan” ng oras, isang araling sapat para sa mabilis matuto ay maaaring kulang para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng mas masusing paggabay.

Sinusupportahan ito ng mga pag-aaral sa larangan ng *differentiated instruction* na nagpapakitang ang epektibong pagtuturo sa mga *heterogeneous na klase* ay nangangailangan ng *flexible pacing at adaptive strategies* (Tomlinson, 2014). Sa ganitong konteksto, ang iisang *time allotment* ay hindi laging sapat sa lahat ng mag-aaral, hindi ito “*one size fits all*” na konsepto lalo na kung hindi isinasaalang-alang ang kanilang pagkakaiba-iba.

Dagdag pa rito, ipinapaliwanag ng *cognitive load theory* nina John Sweller (1988) na ang dami at komplikasyon ng nilalaman ay dapat tumugma sa kapasidad ng mag-aaral na iproseso ang impormasyon.



Kapag ang gawain ay masyadong komplikado para sa antas ng mag-aaral, nangangailangan ito ng mas mahabang oras upang maunawaan, samantalang ang parehong gawain ay maaaring mabilis lamang matapos ng mga mag-aaral na may mataas na kakayahan. Ito ay nagbibigay-linaw kung bakit ang parehong *lesson exemplar* ay maaaring makita bilang “naangkop” ng ilan ngunit “bahagyang naaangkop” lamang ng iba.

Higit pa rito, ipinakita rin nina Allan Collins et al. (1989) na ang pagkatuto ay mas nagiging epektibo kapag isinasaalang-alang ang konteksto at antas ng mag-aaral, na nangangailangan ng sapat na oras para sa *scaffolding* at gabay ng guro. Sa mga mag-aaral na may mababang antas ng pagkatuto, ang prosesong ito ay hindi maaaring madaliin, kaya’t nagiging hamon ang limitadong oras ng aralin.

Sa lahat ng indikator, ito ang may pinamababang pagtugon. Isang malinaw na senyales ng malalim at sistemikong puwang sa pagitan ng disenyo ng kurikulum at ng aktuwal na reyalidad sa silid-aralan. Ipinahihiwatig nito na bagama’t organisado at lohikal ang pagkakahabi ng mga *lesson exemplar* sa papel, nagiging problematiko ang kanilang pagsasakatuparan kapag isinasaalang-alang na ang limitadong oras ng pagtuturo. Sa ganitong kalagayan, napipilitang magmadali ang guro, magsiksik ng nilalaman, o kaya’y magbawas ng mahahalagang bahagi ng aralin. Ito ay mga hakbang na maaaring magresulta sa mababaw na pag-unawa at hindi ganap na paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Pinatitibay ito ng pag-aaral nina Militante, Aclao, at Dagondon (2025), na nagsasaad na sa kabila ng mataas na kalidad ng pagkakadisenyo ng *lesson exemplars*, nananatiling kritikal ang usapin ng *flexibility* at implementasyon, partikular sa *instructional pacing* at kakulangan ng oras. Higit pa rito, ipinakikita rin ng ilang *field-based studies* na ang hindi pagtutugma ng dami ng nilalaman at oras ng pagtuturo ay nagbubunga ng *coverage over mastery* na penomenon, kung saan mas napagtutuunan ang matapos ang aralin kaysa sa matiyak ang malalim na pagkatuto. Sa ganitong lente, ang mababang antas ng pagtanggap sa aspektong ito ay hindi lamang teknikal na usapin ng oras, kundi isang seryosong hamon sa kalidad, lalim, at integridad ng implementasyon ng kurikulum.

Ang pantay na distribusyon ng tugon (30%–30%) ay malinaw na indikasyon na ang kaangkupan ng dami ng nilalaman at oras ay hindi unibersal, kundi lubos na nakadepende sa *heterogeneity* ng klase. Ipinapakita ng mga kaugnay na pag-aaral na ang ganitong sitwasyon ay inaasahan sa mga klaseng may iba’t ibang antas ng kakayahan, kung saan ang iisang disenyo ng aralin ay maaaring maging sapat para sa ilan ngunit hindi para sa lahat.

Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang sa rebisyon ng *lesson exemplar* ang: (1) *flexible time allocation*, (2) integrasyon ng *differentiated instruction*, at (3) pagdisenyo ng mga gawain na may iba’t ibang antas ng hirap (*tiered activities*). Sa ganitong paraan, masisiguro na ang *lesson exemplar* ay hindi lamang teoretikal na naaayon sa oras, kundi praktikal at epektibo rin sa iba’t ibang konteksto ng pagkatuto.

Sa huli, kung hindi matutugunan ang ganitong hindi pagkakatugma, nananatiling nanganganib na maging mekanikal ang pagtuturo at limitado ang tunay na pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang kabuoang antas ng kaangkupan ng mga FIL7-LEx ay nagtamo ng 4.00% na may deskriptibong intertretasyon na “Naaangkop”. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na, sa persepsiyon ng mga guro, ang mga *Filipino 7 lesson exemplar* ay malinaw na nakaangkla at umaayon sa pangunahing katangian ng MATATAG Curriculum na pinagaan o *decongested*, na naglalayong ituong ang pagtuturo sa mahahalagang nilalaman at batayang kasanayan.

B. Paglinang sa mga Batawang Kasanayan o Focus on Foundational Skills.


Sa Talahanayan 3 binibigyang-diin ang antas ng kaangkupan ng mga FIL7-LEx batay sa persepsiyon ng mga guro sa ikalawang katangin ng *Enhanced MATATAG Curriculum* na nakaugat sa Paglinang sa mga Batawang Kasanayan o *Focus on Foundational Skills*.

Talahanayan 3
Antas ng Kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay
sa Persepsiyon ng mga Guro Hinggil sa Mga Batayang Kasanayan
n=40

Mga Indikador	LN		N		BN		HN		LHN	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Naipakikita sa mga <i>lesson exemplar</i> ang paglinang ng kasanayang literasi, tulad ng pag-unawa at interpretasyon ng teksto.	22	55.0	15	37.5	3	7.5	0	0.0	0	0.0
2. Naipakikita ang paggamit ng kasanayang numerasiya, tulad ng lohikal na pag-iisip, paglutas ng mga suliranin at pag-unawa sa mga datos.	19	47.5	18	45.0	2	5.0	1	2.5	0	0.0
3. Nakatutulong ito sa paglinang ng pangunahing kasanayang kognitibo, tulad ng pagsusuri at pag-uugnay ng idea.	16	40.0	22	55.0	0	0.0	2	5.0	0	0.0
4. Naipakikita ang integrasyon ng literasi at numerasiya sa mga kontekstong pang-akademiko at sitwasyong pang-araw-araw.	19	47.5	17	42.5	3	7.5	1	2.5	0	0.0
5. Napahuhusay nito ang kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pasalita at pasulat.	15	37.5	22	55.0	2	5.0	1	2.5	0	0.0
Mean	4.36 – Naaangkop									

4.51 – 5.00	Lubos na Naaangkop	1.51 – 2.50	Hindi Naaangkop
3.51 – 4.50	Naaangkop	1.00 – 1.50	Lubos na Hindi Naaangkop
2.51 – 3.50	Bahagyang Naaangkop		

Batay sa datos na nakalap, isinisiwalat ng talahanayan sa itaas na ang mga FIL7-LEx ay itinuturing na lubos na naaangkop sa paglinang ng mga kasanayang literasi, partikular sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa teksto. Nakakuha ito ng 55.0% na pagtugon, na nagpapahiwatig na sa persepsiyon ng mga guro, ang mga lesson exemplar ay nakatutulong sa unti-unting pagresolba at pagpapalakas ng mga kasanayang may kaugnayan sa reading comprehension. Ipinahihiwatig nito na ang FIL7-LEx ay may positibong ambag sa pagtugon sa umiiral na suliranin sa literasi, lalo na sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binabasa. Sa ganitong pagtingin, maituturing itong mahalagang hakbang tungo sa pagharap sa patuloy na hamon ng krisis sa edukasyon, partikular sa literasi. Ayon sa *“The Quiet Learning Loss”* ng Panay News, ang mahinang literacy at numeracy ay naglilimita sa oportunidad sa trabaho, nagpapahina sa kakayahang mag-isip at makilahok sa lipunan, at unti-unting sumisira sa dignidad ng mga mag-aaral, lalo na yaong may potensyal ngunit hindi nabibigyan ng pantay na pagkakataong malinang ito (Lagon, 2026).



Ayon sa mga ulat ng *Second Congressional Commission on Education (EDCOM II)* na inilabas noong Enero 2026, nahaharap ang Pilipinas sa isang malubhang krisis sa literacy at numeracy ng mga mag-aaral. Sa pinal nitong ulat na *“Turning Point: A Decade of Necessary Reform,”* inilahad ang patuloy at nakababahalang pagbaba ng kakayahan ng mga mag-aaral mula elementarya hanggang senior high school, na tinawag na *“proficiency collapse.”* Sa antas ng Grade 3, lumabas na 30.5% lamang ng mga mag-aaral ang maituturing na *“proficient”* sa pagbasa at pag-unawa, na nagpapakita ng maagang senyales ng kahinaan sa *foundational literacy*. Ang sitwasyong ito ay lalo pang lumalala sa antas ng Grade 12, kung saan bumabagsak sa 0.40% lamang ang nakaabot sa *minimum proficiency*, na nagpapakita ng halos ganap na pagkaunti ng mga mag-aaral na nakaabot sa inaasahang pamantayan.

Isa pa sa mga nakababahalang datos ng ulat ay ang tinatawag na *“4 out of 1000” statistics*, kung saan 4 na mag-aaral lamang sa bawat 1,000 na Senior High School students ang nakaabot sa *“advanced” level* sa pagbasa. Kaugnay nito, sa Department of Education (Philippines) Comprehensive Rapid Literacy Assessment (CRLA) para sa School Year 2024–2025, lumitaw na 48.76% ng mga mag-aaral sa Grade 3 ay hindi nakababasa ayon sa inaasahang antas o grade level, na nagpapakita ng malawak na *learning deficiency* sa pinakapundasyon ng edukasyon. Dagdag pa rito, tinukoy rin sa ulat ang tinatawag na *5.5-year learning gap*, kung saan ang kaalaman ng isang 15-anyos na Pilipinong mag-aaral ay katumbas lamang ng isang 9 hanggang 10 taong gulang sa mas progresibong mga sistema ng edukasyon. Sa kabuoan, ang mga datos na ito ay nagpapakita ng isang seryosong krisis sa pagkatuto na nangangailangan ng agarang reporma at malalim na interbensiyon sa sistema ng edukasyon ng bansa.

Bilang pagpapatuloy, ipinapakita ng datos na may halos kalahati o 47.5% ng mga guro ang naniniwalang ang FIL7-LEx ay lubos na naaangkop sa paglinang ng kasanayang numerasiya, kabilang ang lohikal na pag-iisip, paglutas ng mga suliranin, at pag-unawa sa datos. Gayundin, kaparehong antas ng pagtugon ang naitala sa integrasyon ng literasi at numerasiya sa mga kontekstong pang-akademiko at sa mga sitwasyong pang-araw-araw. Sa persepsiyon ng mga guro, ipinahihiwatig na ang mga lesson exemplar ay may kakayahang humubog ng mga kasanayang hindi lamang nakatuon sa pagbasa o pagkalkula, kundi maging sa paglalapat ng mga ito sa mas makabuluhan at praktikal na konteksto. Sa ganitong pagtingin, ang pagkatuto ay nagiging mas makabuluhan, nakaugat sa aktuwal na karanasan, at nakatuon sa aplikasyon ng kaalaman sa tunay na buhay.

Gayunpaman, dahil hindi pa ito umaabot sa mayoryang antas ng pagtugon, lumilitaw na bagama’t positibo ang pananaw ng mga guro, hindi pa ito ganap na konsistent sa lahat ng respondent. Ipinahihiwatig nito ang patuloy na hamon sa pagpapaangat ng antas ng kasanayan mula basic tungo sa mas mataas na antas ng mastery. Sa kabuoan ng mga natuklasan, malinaw na may positibong direksiyon ang FIL7-LEx sa paglinang ng literasi at numerasiya. Ipinapakita nito na nakatutulong ang mga lesson exemplar sa pagpapalakas ng mga batayang kasanayan ng mga mag-aaral, lalo na sa pag-unawa, lohikal na pag-iisip, at aplikasyon ng kaalaman sa iba’t ibang konteksto. Gayunpaman, nananatili pa ring may puwang para sa higit pang pagpapalakas at pagpapalawak ng epekto nito upang mas matiyak ang mas malalim at ganap na pagkatuto.

Samantala, batay sa persepsiyon ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Ikapitong baitang, ang mga Filipino 7 lesson exemplars ay epektibo sa paglinang ng kasanayang kognitibo at komunikatibo ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang mga aralin ay may malinaw na ambag sa paghubog ng pagsusuri, pag-uugnay ng ideya, at pagpapahayag sa pasalita at pasulat. May 55.0% ang sumang-ayon rito na nangangahulugang *“Naangkop”* ang FIL7-LEx sa paghulog ng mga nabanggit na dimesyon sa pagkatuto.

Sa pagtatapos ng talakayan hinggil sa antas ng kaangkupan ng FIL7-LEx sa paglinang ng mga batayang kasanayan, nagtamo ito ng kabuuang mean na 4.36, na may interpretasyong “Naaangkop.” Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan, kinikilala ng mga guro ang bisa ng FIL7-LEx bilang isang angkop na kagamitang panturo, bagama’t may mga aspektong maaari pang paghusayin upang higit pang mapataas ang kalidad ng implementasyon at epekto nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

C. Pagbabalanse ng mga Kahingian sa Kognitibong Pagkatuto o *Balanced Cognitive Demands*

Ipinapakita ng Talahanayan 4 ang persepsiyon ng mga guro hinggil sa antas ng kaangkupan ng FIL7-LEx sa ikatlong katangian ng Enhanced MATATAG Curriculum, Ang Pagbabalanse ng mga Kahingian sa Kognitibong Pagkatuto o *Balanced Cognitive Demands*. Sa bahaging ito, nakatuon ang pagsusuri sa kung paano tinutugunan ng mga lesson exemplar ang iba’t ibang antas ng pag-iisip, mula sa pag-unawa hanggang sa mas mataas na antas.

Lumitaw sa resulta ng pag-aaral na 35.0% ng mga guro ang nagsasaad na ang mga gawain sa FIL7-LEx ay “bahagyang naaangkop” lamang sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Bagama’t hindi ito ang mayorya, ito ay medyo nakababahalang palatandaan sapagkat nagpapahiwatig ito na may mga bahagi ng mga gawain na hindi ganap na tumutugma sa aktuwal na kapasidad ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na may ilang pagkakataon kung saan ang antas ng mga gawain ay maaaring hindi ganap na nakaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral. Maaaring may mga aktibidad na mas mataas ang hinihinging kasanayan o kaya naman ay hindi sapat ang gabay upang tuluyang maabot ng mga mag-aaral ang inaasahang pagkatuto.

Talahanayan 4
Antas ng Kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay
sa Persepsiyon ng mga Guro Hinggil sa Pagbabalanse ng mga Kahingian sa Kognitibong Pagkatuto
n=40

Mga Indikador	LN		N		BN		HN		LHN	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Ang mga gawain ay angkop sa antas at kakayahan ng mga mag-aaral sa Baitang 7.	10	25.0	12	30.0	14	35.0	4	10.0	0	0.0
2. Ipinakikita ng mga <i>lesson exemplar</i> ang progresibong pag-unlad ng pagkatuto mula sa mababa tungo sa mataas na antas ng pag-iisip.	10	25.0	26	65.0	1	2.5	3	7.5	0	0.0
3. Ang mga layunin, nilalaman, at pagtataya ay magkakaugnay.	13	32.5	20	50.0	5	12.5	2	5.0	0	0.0
4. Ang mga gawain ay organisado at hindi labis ang dami ng impormasyong kailangang iproseso.	12	30.0	15	37.5	10	25.0	3	7.5	0	0.0
5. Nagbibigay ito nang sapat na pagkakataon para sa malalim na pag-iisip ng mga mag-aaral.	9	22.5	25	62.5	4	10.0	1	2.5	1	2.5

Mean	3.96 – Naaangkop			
4.51 – 5.00	<i>Lubos na Naaangkop</i>	1.51 – 2.50	<i>Hindi Naaangkop</i>	
3.51 – 4.50	<i>Naaangkop</i>	1.00 – 1.50	<i>Lubos na Hindi Naaangkop</i>	

2.51 – 3.50 Bahagyang Naaangkop

Samantala, ipinapakita rin ng resulta na 65.0% ng mga guro ang nagsasabing ang mga *lesson exemplar* ay “naaangkop” sa paglalatag ng progresibong pagkatuto mula sa mababa tungo sa mataas na antas ng pag-iisip. Ibig sabihin, para sa mayorya ng mga tagatugon, maayos ang daloy ng pagkatuto at tama ang *sequencing* ng mga gawain, kung saan unti-unting tumataas ang antas ng pag-iisip mula sa mas simpleng konsepto patungo sa mas komplikadong gawain.

Ipinahihiwatig nito na sa kabuoan, ang FIL7-LEx ay may maayos na organisasyon ng mga gawain na sumusuporta sa progresibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayunpaman, dahil may bahagi pa ring hindi lubos na naaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral, may ilan pang aspekto na nangangailangan ng masusing pagsusuri at pagpapahusay upang mas maging ganap ang pagkakatugma ng mga gawain sa aktuwal na antas ng pagkatuto.

Sa kabuoan, ang antas ng kaangkupan ng FIL7-LEx sa *Pagbabalanse ng mga Kahingian sa Kognitibong Pagkatuto* na may mean na 3.96 at may deskripsiyong “Naaangkop” ay nagpapakita na sa pangkalahatan ay epektibong naipapatupad ang balanse ng iba’t ibang antas ng kognitibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, ang mga gawain ay sa kabuoan ay tumutugon sa layuning maglatag ng progresibong pagkatuto, ngunit may ilang aspekto pa rin na nangangailangan ng karagdagang pagpapahusay upang mas matiyak ang ganap na pag-aangkop sa kakayahan ng mga mag-aaral.

Ang resultang ito ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng mga batayang teorya sa pagkatuto. Ayon kay Vygotsky (1978), sa kaniyang konsepto ng *Zone of Proximal Development (ZPD)*, ang epektibong pagkatuto ay nangyayari kapag ang mga gawain ay nasa antas na kaya pang abutin ng mag-aaral sa tulong ng gabay o *scaffolding*. Kung ang mga gawain ay lampas sa kanilang kasalukuyang kakayahan, nagiging hadlang ito sa pagkatuto dahil nawawala ang tulay sa pagitan ng kasalukuyang alam at ng inaasahang kasanayan.

Dagdag pa rito, binibigyang-diin sa *Differentiated Instruction* ni Tomlinson (2014) na ang mga gawain ay kailangang nakaangkla sa *readiness, interest, at learning profile* ng mga mag-aaral upang matiyak ang angkop at inklusibong pagkatuto. Kaugnay nito, ipinapakita rin sa mga pag-aaral nina Goddard (2012) at Smale-Jacobse et al. (2019) na mas nagiging epektibo ang pagkatuto at tumataas ang *academic achievement* kapag ang mga gawain ay maayos na naaayon sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.

D. Malinaw na Paglalatag ng mga Kasanayan sa Ika-21 Siglo o *Clearer Articulation of 21st Century Skills*

Sa Talahanayan 5, inilalatag ang resulta hinggil sa antas ng kaangkupan sa FIL7-LEx sa ikaapat na katangian, ang Malinaw na Paglalatag ng mga Kasanayan sa Ika-21 Siglo o *Clearer Articulation of 21st Century Skills*.

Talahanayan 5

Antas ng Kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay sa Persepsiyon ng mga Guro Hinggil sa Malinaw na Paglalatag ng mga Kasanayan sa Ika-21 Siglo
n=40

Mga Indikador	LN		N		BN		HN		LHN	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Hinihikayat ang paggamit ng teknolohiya, at midya sa makabuluhang paraan.	23	57.5	16	40.0	1	2.5	0	0.0	0	0.0
2. Nalilintang ang malikhaing pag-iisip at kasanayan sa paglutas ng suliranin.	20	50.0	18	45.0	2	5.0	0	0.0	0	0.0
3. Binibigyang-diin ang kasanayan sa komunikasyong berbal at di-berbal.	20	50.0	17	42.5	3	7.5	0	0.0	0	0.0
4. Nahuhubog ang kasanayan sa matalinong pagdedesisyon, at pakikipag-ugnayan.	20	50.0	19	47.5	1	2.5	0	0.0	0	0.0
5. Nakatuon sa pagpapaunlad ng mga kasanayan kaysa sa tiyak na resulta lamang.	18	45.0	20	50.0	2	5.0	0	0.0	0	0.0
Mean	4.46 – Naaangkop									

4.51 – 5.00 *Lubos na Naaangkop* 1.51 – 2.50 *Hindi Naaangkop*
 3.51 – 4.50 *Naaangkop* 1.00 – 1.50 *Lubos na Hindi Naaangkop*
 2.51 – 3.50 *Bahagyang Naaangkop*

Ang pinakamataas na antas ng kaangkupan ay naitala sa pahayag na hinihikayat ang paggamit ng teknolohiya at midya sa makabuluhang paraan (57.5%). Ipinapakita nito na kinikilala ng mga guro ang mahalagang papel ng *digital tools* sa modernong pagkatuto. Ang resultang ito ay

sinusuportahan ng pag-aaral nina Sasota et al. (2021), na nagsasaad na ang *ICT integration* ay nagbabago sa *pedagogical practices* at nagpapahusay sa kalidad ng pagtuturo. Gayundin, pinatutunayan ng UNESCO (2021–2023 initiatives on digital learning) na ang *digital literacy* at paggamit ng teknolohiya ay mahalagang salik sa paghahanda ng mga mag-aaral sa makabagong panahon. Kaugnay nito, binibigyang-diin din ng *TPACK framework* nina Mishra at Koehler (2006), na patuloy na ginagamit sa mga pag-aaral hanggang sa kasalukuyan, na ang epektibong pagtuturo ay nakasalalay sa integrasyon ng teknolohiya, pedagohiya, at nilalaman.

Samantala, ang mga sumusunod na indicator ay parehong nakakuha ng 50.0% na tugon at itinuturing na “Lubos na Naaangkop”: (1) paglinang ng malikhaing pag-iisip at kasanayan sa paglutas ng suliranin, (2) pagbibigay-diin sa komunikasyong berbal at di-berbal, at (3) paghubog ng matalinong pagdedesisyon at pakikipag-ugnayan. Ang resultang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Ramos at Inocian (2022), na nagsasaad na ang *design thinking approach* ay epektibo sa paglinang ng *creativity, critical thinking, collaboration, at communication skills*. Gayundin, pinagtitibay ito ng pag-aaral nina Papagiannis at Pallaris (2024), na nagpapakita na ang *experiential at collaborative learning* ay nagpapataas ng *21st century competencies* ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, sinusuportahan din ng sistematikong pagsusuri ni Dublar (2023) na ang paggamit ng *emerging technologies* sa edukasyon ay may direktang epekto sa pag-unlad ng kasanayan at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa parehong linya, ipinakita rin sa pag-aaral nina Lozanta

(2022) na ang paggamit ng *digital at new media tools* ay nakatutulong sa paglinang ng *autonomy, metacognitive skills, at engagement* ng mga mag-aaral.

Tanging ang pahayag na nakatuon sa pagpapaunlad ng mga kasanayan kaysa sa tiyak na resulta lamang ang nakakuha ng antas na “Naaangkop” 50.0% dito ang tumugon, na maaaring magpahiwatig ng bahagyang pag-iiba ng pananaw ng mga guro sa pagitan ng proseso at produkto ng pagkatuto. Gayunpaman, ayon sa mga pag-aaral nina Voogt at Roblin (2021 update synthesis), mas epektibo ang pagkatuto kapag binibigyang-diin ang proseso ng pagkatuto at hindi lamang ang resulta, dahil dito mas naipauunlad ang malalim na pag-unawa at aplikasyon ng kasanayan sa totoong buhay.

Sa kabuuan, ang resulta ay malinaw na sumasalamin sa mga prinsipyo ng *Enhanced MATATAG Curriculum* na nakatuon sa pinagaan ngunit mas makabuluhang pagkatuto. Ang mataas na antas ng kaangkupan ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* ay nagsasaad na ang integrasyon ng ICT, 21st century skills, at learner-centered pedagogy ay mahalagang salik sa epektibong pagtuturo at pagkatuto.

E. Paghubog ng Kagandahang-Asal at Edukasyong Pangkapayapaan o Values Formation and Peace Education

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars batay sa persepsiyon ng mga guro, kaugnay ng pagpapatupad ng *Enhanced MATATAG Curriculum* sa aspekto ng paghuhubog ng kagandahang-asal at edukasyong pangkapayapaan. Ipinapakita nito kung paano naisasama sa mga aralin ang mga pagpapahalagang nakabatay sa core values ng DepEd, maka-Diyos, makatao, makakalikasan, at makabansa, bilang pundasyon sa paghubog ng responsableng at mapayapang mag-aaral.

Talahanayan 6
Antas ng Kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay
sa Persepsiyon ng mga Guro Hinggil sa Paghubog ng Kagandahang-Asal at Edukasyong
Pangkapayapaan
n=40

Mga Indikador	LN		N		BN		HN		LHN	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Naipakikita ang pagpapahalaga sa karapatang pantao, pagkakapantay-pantay, at kapayapaan na binibigyang-diin ng sostenibleng pag-unlad.	27	67.5	12	30.0	1	2.5	0	0.0	0	0.0
2. Nahuhubog ang positibong saloobin at pagpapahalaga sa katarungan.	27	67.5	13	32.5	0	0.0	0	0.0	0	0.0
3. Naipakikita ang paggalang sa iba't ibang kultura.	28	70.0	12	30.0	0	0.0	0	0.0	0	0.0
4. Naipakikita ang mga pagpapahalagang Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan, at Makabansa.	27	67.5	13	32.5	0	0.0	0	0.0	0	0.0
5. Hinihikayat ang pananaw na nakatuon sa hinaharap at pananagutang panlipunan.	25	62.5	15	37.5	0	0.0	0	0.0	0	0.0
Mean	4.67 – Lubos na Naaangkop									

4.51 – 5.00	<i>Lubos na Naaangkop</i>	1.51 – 2.50	<i>Hindi Naaangkop</i>
3.51 – 4.50	<i>Naaangkop</i>	1.00 – 1.50	<i>Lubos na Hindi Naaangkop</i>
2.51 – 3.50	<i>Bahagyang Naaangkop</i>		

Ipinapakita ng resulta na lubos na naaangkop ang Filipino 7 Lesson Exemplars sa paghuhubog ng kagandahang-asal at edukasyong pangkapayapaan, na may kabuoang mean na 4.67, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pagpapahalaga at positibong persepsiyon ng mga guro sa integrasyon ng mga pagpapahalaga sa aralin. Ibig sabihin, malinaw na nakikita ng mga guro na ang mga aralin ay hindi lamang nakatuon sa paglinang ng kasanayang pangwika kundi pati na rin sa paghubog ng asal at pagpapahalaga ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang pagtugon sa pagpapakita ng paggalang sa iba’t ibang kultura (70%), na nagpapahiwatig na epektibong naipapaloob sa mga lesson exemplar ang mga pagpapahalagang makatao at inklusibo. Ipinakikita rin nito na nabibigyang-diin sa mga aralin ang pagkilala at paggalang sa pagkakaiba-iba, na mahalaga sa paglinang ng mapayapa, responsable, at mulat na mamamayan.

Sinusuportahan ang kinalabasang ito ng mga pag-aaral na nagsasabing ang integrasyon ng edukasyong pangkapayapaan sa kurikulum ay may mahalagang papel sa paglinang ng mga pagpapahalaga tulad ng paggalang, pakikipagkapwa, at pagkakaisa (Canagahan, 2025). Ipinapakita rin sa ibang pananaliksik na nagiging positibo ang persepsiyon ng mga guro sa peace education kapag sila ay may sapat na kaalaman at kahandaan sa pagpapatupad nito (Emborong, 2025), na nagpapalakas sa epektibong integrasyon nito sa mga aralin. Dagdag pa rito, napatunayan na ang edukasyong pangkapayapaan ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng empatiya at paggalang sa pagkakaiba-iba, na mahalagang pundasyon ng inklusibong edukasyon (Apuan & Rabago, 2025). Sa kabuoan, ipinakikita ng resulta at ng mga kaugnay na pag-aaral na ang pagsasama ng kagandahang-asal at edukasyong pangkapayapaan sa Filipino 7 Lesson Exemplars ay hindi lamang kinikilala batay sa mataas na persepsiyon ng mga guro, kundi nagsisilbi ring epektibong paraan upang malinang ang mga mag-aaral bilang may mabuting asal, may paggalang sa kapwa, at may pananagutang panlipunan.

Samantala, makikita naman sa Talahanayan 7, masisilayan ang buod ng antas ng kaangkupan ng FIL7-LEx sa limang pangunahing katangian ng *Enhanced MATATAG Curriculum* batay sa persepsiyon ng mga guro. Sa pamamagitan ng talahanayang ito, nailalahad ang kabuoang komprehensibong paglalarawan ng mga kalakasan at kahinaan ng FIL7-LEx, gayundin ang mga aspektong nangangailangan ng higit na pagpapahusay upang matiyak ang mas epektibong implementasyon nito sa aktuwal na konteksto ng pagtuturo.

Talahanayan 7
Kabuoang Antas ng Kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay sa Persepsiyon ng mga Guro Hinggil sa mga Pangunahing Katangian ng Enhanced MATATAG Curriculum

Domain	Mean	Description
A. Pinagaan at Inayos na Kurikulum	4.00	Naaangkop
B. Mga Batayang Kasanayan	4.36	Naaangkop
C. Pagbabalanse ng mga Kahingian sa Kognitibong Pagkatuto	3.96	Naaangkop
D. Malinaw na Paglalatag ng mga Kasanayan sa Ika-21 Siglo	4.46	Naaangkop
E. Paghubog ng Kagandahang-Asal at Edukasyong Pangkapayapaan	4.67	Lubos na Naaangkop



Overall Mean		4.29	Naaangkop
4.51 – 5.00	<i>Lubos na Naaangkop</i>	1.51 – 2.50	<i>Hindi Naaangkop</i>
3.51 – 4.50	<i>Naaangkop</i>	1.00 – 1.50	<i>Lubos na Hindi Naaangkop</i>
2.51 – 3.50	<i>Bahagyang Naaangkop</i>		

Ipinapakita ng buod ng resulta na ang *Filipino 7 Lesson Exemplars* (FIL7-LEx) ay naaangkop sa kabuoan na may overall mean na 4.29, batay sa persepsiyon ng mga guro alinsunod sa mga pangunahing katangian ng *Enhanced MATATAG Curriculum*. Ibig sabihin, sa pangkalahatan, positibo ang pagtataya ng mga guro sa antas ng kaangkupan ng mga *lesson exemplar*.

Partikular, ang Paghubog ng Kagandahang-Asal at Edukasyong Pangkapayapaan na may mean percentage na 4.67 na may deskriptibong paglalarawan na “Lubos na Naaangkop”, nagpapahiwatig ito na ang pinakamalakas na aspekto ng *lesson exemplars*. Ipinapakita nito na epektibong naisasama sa mga aralin ang mga pagpapahalagang nakatuon sa paghubog ng mabuting asal, paggalang, pag-unawa sa pagkakaiba-iba, at pagpapalaganap ng kapayapaan. Sa antas na ito, mahihinuha na ang mga *lesson exemplar* ay hindi lamang nakatuon sa kasanayang pangwika kundi higit sa lahat ay sa holistikong paghubog ng mag-aaral bilang responsableng mamamayan.

Ang kinalabasang ito ay sinusuportahan ng mga umiiral na pag-aaral na nagpapakita na ang *peace education* ay nakatutulong sa paglinang ng mga pagpapahalaga tulad ng empatiya, paggalang, at pakikipagkapuwa, na mahalaga sa paghubog ng karakter ng mga mag-aaral (Canagahan, 2025). Ayon din sa ibang pananaliksik, ang mga guro ay nagpapakita ng mataas na positibong persepsiyon sa implementasyon ng *peace education*, lalo na kapag ito ay malinaw na naisasaalang-alang sa disenyo ng kurikulum at may sapat na suporta sa pagpapatupad (Emborong, 2025). Dagdag pa rito, ipinapakita na ang *peace education* ay epektibong nakapagpapaunlad ng paggalang sa pagkakaiba-iba at empatiya, na direktang umaayon sa mataas na antas ng kaangkupan sa aspektong kagandahang-asal at edukasyong pangkapayapaan (Apuan & Rabago, 2025). Sa internasyonal na konteksto, kinikilala rin ang kahalagahan ng *values-based education* sa paghubog ng responsableng pagkamamamayan at positibong persepsiyon ng mga guro sa kalidad ng mga aralin (Hassan, 2024).

Sa kabuoan, pinagtitibay ng mga pag-aaral na ang mataas na antas ng kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars, lalo na sa aspektong kagandahang-asal at edukasyong pangkapayapaan, ay sumasalamin sa epektibong integrasyon ng *values-based* at *learner-centered* na disenyo ng kurikulum na naglalayong paunlarin ang kabuoang pagkatuto at holistikong paghubog ng mag-aaral.

Antas ng Pagtanggap at Paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay sa Persepsiyon ng mga Guro

Ang *Antas ng Pagtanggap at Paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars Ayon sa Persepsiyon ng mga Guro* ay inilalarawan batay sa tatlong pangunahing salik: (1) kontekstuwalisasyon; (2) praktikalidad; at (3) kakayahang maiangkop sa aktuwal na pagtuturo. Sa kabuoan, ang mga salik na ito ay nagsilbing batayan kung gaano kaepektibo at kapaki-pakinabang ang mga *lesson exemplar* sa aktuwal na karanasan ng mga guro sa silid-aralan.

A. Kontekstuwalisasyon

Ang Talahanayan 8 ay naglalahad ng antas ng pagtanggap at paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* ayon sa persepsiyon ng mga guro batay sa kontekstuwalisasyon. Sa aspektong ito, ang pagtanggap ng mga guro ay nakasalalay sa lawak ng pag-uugnay ng mga aralin sa karanasan, kultura, at realidad ng mga mag-aaral. Kapag ang mga gawain at teksto ay malapit sa kanilang kinagisnang kapaligiran, mas nagiging makahulugan ang pagkatuto at mas tumataas ang antas ng paggamit ng mga lesson exemplars sa pagtuturo.

Talahanayan 8
Antas ng Pagtanggap at Paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay
sa Persepsiyon ng mga Guro Hinggil sa Kontekstuwalisasyon
n=40

Mga Indikador	Napakataas		Mataas		Katamtaman		Mababa		Napakababa	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Nakaugnay ang nilalaman ng aralin sa mga lokal na konteksto ng mga mag-aaral.	11	27.5	22	55.0	7	17.5	0	0.0	0	0.0
2. Ang mga halimbawang ginagamit sa aralin ay iniuugnay sa mga sitwasyong pamilyar at angkop sa karanasan ng mga mag-aaral.	13	32.5	22	55.0	4	10.0	1	2.5	0	0.0
3. Nagbibigay ang mga <i>lesson exemplar</i> ng kalayaang maiangkop ang mga gawain batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral.	13	32.5	24	60.0	2	5.0	0	0.0	1	2.5
4. Isinasaalang-alang ng aralin ang kultura, paniniwala, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa disenyo ng pagtuturo.	19	47.5	18	45.0	2	5.0	1	2.5	0	0.0
5. Naaayon ang disenyo ng aralin sa aktuwal na sitwasyon ng paaralan batay sa kapaligiran at mayroong mga kagamitan.	15	37.5	16	40.0	8	20.0	1	2.5	0	0.0
Mean	4.20 – Mataas na Pagtanggap at Paggamit									

4.51 – 5.00 *Napakataas*
3.51 – 4.50 *Mataas*
2.51 – 3.50 *Katamtaman*

1.51 – 2.50 *Mababa*
1.00 – 1.50 *Napakababa*

Makikita sa resulta na ang antas ng pagtanggap at paggamit ng mga guro sa Filipino 7 Lesson Exemplars ay nasa “mataas” hanggang “napakataas” na antas, na nagpapakita ng matibay na positibong persepsiyon hinggil sa kalidad, at kaangkupan na gamit nito sa aktuwal na pagtuturo. Pinakamahalagang natuklasan ang 47.5% na tumugon sa “napakataas,” na nagpapahiwatig na ang pangunahing salik ng mataas na pagtanggap ay ang malalim na integrasyon ng kultura, paniniwala, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa disenyo ng aralin. Ipinapakita nito na higit na tinatangkilik ng mga guro ang mga *lesson exemplar* na nakaugat sa pagkakakilanlan ng mga mag-aaral sapagkat nagiging daan ito upang maging makahulugan, makabuluhan, at kontekstuwal ang pagkatuto.

Ang kinalabasan na ito ay umaayon sa layunin ng RA 10533 o *Enhanced Basic Education Act of 2013*, na nagtataguyod ng lokalisasyon at indigenisasyon ng kurikulum upang mapalalim ang ugnayan ng pagkatuto sa lokal na konteksto ng mga mag-aaral (Republic Act No. 10533, 2013). Ayon kina Rothwell at Kazanas (2019), ang *contextualized learning* ay nakapagpapataas ng partisipasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral dahil ang kaalaman ay direktang inuugnay sa kanilang aktuwal na karanasan. Kaayon nito, binigyang-diin nina Harris at Graham (2020) na ang *culturally responsive instruction* ay nakapagpapataas ng kalidad ng partisipasyon at akademikong pagkatuto sa pamamagitan ng pag-angkla ng nilalaman sa identidad at kultura ng mga mag-aaral.

Samantala, lumitaw din na 60.0% ng mga tugon ay nasa antas na “mataas,” na nakatuon sa kakayahan ng mga *lesson exemplar* na magbigay ng kalayaan sa guro upang maiangkop ang mga gawain batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng *pedagogical flexibility* sa epektibong implementasyon ng kurikulum. Ayon kay Tomlinson (2017), ang *differentiated instruction* ay nangangailangan ng maluwag at sistematikong pag-aangkop ng mga gawain upang matugunan ang magkakaibang antas at pangangailangan ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Gonzales at Torres (2021) na sa konteksto ng K to 12 sa Pilipinas, ang *flexibility in instructional materials* ay kritikal upang matiyak ang epektibong implementasyon sa magkakaibang konteksto ng paaralan.

Bukod dito, ang 50.0% na tumugon sa ugnayan ng aralin sa pamilyar na sitwasyon ng mag-aaral at sa lokal na konteksto ng nilalaman ay nagpapakita ng mahalagang papel ng lokalisasyon sa pagtuturo. Ayon kina Banks at Banks (2019), ang *multicultural at localized instruction* ay nakatutulong sa pagbuo ng inklusibong *learning environment* na tumutugon sa dibersidad ng mga mag-aaral. Kaayon nito, binigyang-diin ni Shulman (1987) na ang pag-uugnay ng nilalaman sa *lived experiences* ng mga mag-aaral ay nagpapalalim ng *conceptual understanding* at nagpapatatag ng *retention* ng kaalaman.

Sa kabuonan, ang *Filipino 7 Lesson Exemplars* batay sa persepsiyon ng mga guro ay may mean na 4.20 na tumutumbas sa “Mataas na Pagtanggap at Paggamit.” Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay positibong tumatanggap sa mga *lesson exemplar* dahil sa lawak ng pag-uugnay ng mga aralin sa karanasan, kultura, at aktuwal na realidad ng mga mag-aaral. Bagama’t hindi ito umabot sa antas na “napakataas,” nananatili itong mataas na antas na nagpapakita ng epektibong disenyo at implementasyon ng materyal sa pagtugon sa pangangailangang kontekstuwal ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng datos at mga kaugnay na literatura na ang mataas na antas ng pagtanggap ay pangunahing nakaugat sa pagsasanib ng kultural na integrasyon, *pedagogical flexibility*, at lokalisasyon ng nilalaman. Ang mga salik na ito ay malinaw na umaayon sa layunin ng RA 10533 na gawing makabuluhan, inklusibo, at kontekstuwal ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa Pilipinas.

B. Praktikalidad

Ang Talahanayan 9 ay naglalahad ng antas ng pagtanggap at paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars ayon sa persepsiyon ng mga guro batay sa praktikalidad. Sa salik na ito mahalaga ang pagiging

simple, malinaw, at madaling isagawa ng mga gawain. Ang mga guro ay mas tumatanggap sa mga materyal na hindi mabigat sa paghahanda, hindi nangangailangan ng komplikadong kagamitan, at direktang nakatutulong sa pag-abot ng layunin ng aralin. Sa ganitong paraan, nagiging episyente ang oras ng pagtuturo at mas napapadali ang implementasyon sa araw-araw na klase.

Makikita sa resulta na may dalawang aspektong magkapareho ang naging antas ng pagtanggap at paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* ayon sa praktikalidad. Parehong 45.0% na nasa antas na “mataas” ang mga pahayag na: (*Indikeytor 3*) *Sapat ang oras na inilaan sa bawat gawain upang maisagawa sa loob ng itinakdang oras*; at (*Indikeytor 5*) *Hindi nangangailangan ng mahaba o komplikadong paghahanda bago ito isagawa sa aktuwal na pagtuturo*. Ipinahihiwatig nito na ang mga *lesson exemplar* ay itinuturing na praktikal sapagkat ang mga ito ay akma sa oras ng pagtuturo at hindi nagdudulot ng mabigat na preparasyon sa mga guro.

Talahanayan 9
Antas ng Pagtanggap at Paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay sa Persepsiyon ng mga Guro Hinggil sa Praktikalidad
n=40

Mga Indikador	Napakataas		Mataas		Katamtaman		Mababa		Napakababa	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Madaling ipatupad ang mga <i>lesson exemplar</i> sa karaniwang daloy ng pagtuturo.	9	22.5	14	35.0	13	32.5	4	10.0	0	0.0
2. Hindi nangangailangan ang aralin ng magastos o mahirap hanaping kagamitan upang maisagawa nang maayos sa klase.	1	27.5	17	42.5	12	30.0	0	0.0	0	0.0
3. Sapat ang oras na inilaan sa bawat gawain upang maisagawa ang mga ito sa loob ng itinakdang oras.	7	17.5	18	45.0	13	32.5	2	5.0	0	0.0
4. Malinaw, sistematiko, at madaling sundan ang mga panuto para sa guro, kaya’t napadadali ang implementasyon ng aralin.	1	25.0	21	52.5	7	17.5	2	5.0	0	0.0
5. Hindi nangangailangan ang aralin ng mahaba o komplikadong paghahanda bago ito	8	20.0	18	45.0	13	32.5	1	2.5	0	0.0



maisagawa sa aktuwal a pagtuturo.

Mean	3.85 – Mataas na Pagtanggap at Paggamit		
4.51 – 5.00	<i>Napakataas</i>	1.51 – 2.50	<i>Mababa</i>
3.51 – 4.50	<i>Mataas</i>	1.00 – 1.50	<i>Napakababa</i>
2.51 – 3.50	<i>Katamtaman</i>		

Ang kinalabasang ito ay pinagtitibay ng mga pag-aaral nina Darling-Hammond at Bransford (2005) at Hattie (2009) na binibigyang-diin ang kahalagahan ng *instructional clarity, manageability, at realistic workload* sa pagtataas ng kalidad ng pagtuturo at pagkatuto. Sa kontekstong lokal, kaayon din nito ang inilabas na gabay ng Department of Education (DepEd Order No. 42, s. 2016) na nagtataguyod ng *learner-centered at context-responsive teaching* kung saan binibigyang-diin ang kahalagahan ng *instructional materials* na praktikal, madaling gamitin, at hindi nakadadagdag sa hindi kinakailangang *workload* ng guro. Ipinapakita rin sa mga ulat ng DepEd Bureau of Curriculum Development (2019–2023) na ang mga gurong gumagamit ng *structured at ready-to-use lesson exemplars* ay nakapagsasagawa ng mas episyente at organisadong implementasyon ng aralin.

Samantala, ang pinakamataas na bahagdan na 52.5% ay tumutukoy sa pahayag na *malinaw, sistematiko, at madaling sundan ang mga panuto para sa guro*, na nagresulta sa mas napadaling implementasyon ng aralin. Ipinapakita nito na ang kalinawan at organisasyon ng instructional design ang pangunahing salik na nakapagpapataas ng praktikalidad ng mga lesson exemplar. Ayon kina Tomlinson (2017) at Shulman (1987), ang malinaw na istruktura ng aralin ay mahalaga sa epektibong *pedagogical decision-making* at sa mas episyenteng implementasyon ng pagtuturo. Sa lokal na antas, sinusuportahan ito ng Commission on Higher Education (CHED Memorandum Order No. 74, s. 2017) na nagtataguyod ng *outcomes-based education* (OBE), kung saan binibigyang-diin ang malinaw na pagkakatugma ng layunin, gawain, at proseso ng pagtuturo upang matiyak ang pagiging sistematiko at epektibo ng learning delivery.

Sa kabuoan, ang antas ng pagtanggap at paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars batay sa praktikalidad ay may mean na 3.85 na nangangahulugang “mataas na pagtanggap at paggamit.” Ipinahihiwatig nito na positibo ang pagtanggap ng mga guro sa mga *lesson exemplar* dahil ang mga ito ay madaling ipatupad, hindi mabigat sa paghahanda, at naaayon sa oras ng pagtuturo. Gayunpaman, ipinapakita rin ng resulta na may puwang pa para sa patuloy na pagpapahusay sa disenyo ng mga materyales upang lalo pang mapataas ang praktikalidad at kalidad ng implementasyon sa aktuwal na silid-aralan.

C. Adaptabilidad

Ang Talahanayan 10 ay naglalahad ng antas ng pagtanggap at paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* ayon sa persepsiyon ng mga guro batay sa adaptabilidad o kakayahang maiangkop sa aktuwal na pagtuturo. Dito ay sinusukat ang lawak ng fleksibilidad ng lesson exemplars upang umayon sa magkakaibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral, gayundin sa iba’t ibang estratehiya ng pagtuturo ng guro. Ang mas mataas na antas ng adaptabilidad ay nagrerresulta sa mas malawak na pagtanggap, dahil nagiging angkop ito sa tunay na dinamika ng silid-aralan. Ipinahihiwatig din ng kinalabasan na ang pagiging praktikal at madaling iakma ng mga kagamitang pampagtuturo ay mahalagang salik sa epektibong implementasyon ng kurikulum, sapagkat nagbibigay ito ng espasyo para sa pag aangkop ng guro batay sa antas ng kahandaan at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 10


Antas ng Pagtanggap at Paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay sa Persepsiyon ng mga Guro Hinggil sa Adaptabilidad

n=40

Mga Indikador	Napakataas		Mataas		Katamtaman		Mababa		Napakababa	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Maaaring iakma ang aralin ayon sa antas ng kakayahan, interes, at pangangailangan ng mga mag-aaral.	16	40.0	20	50.0	4	10.0	0	0.0	0	0.0
2. Naaangkop ang aralin sa iba't ibang estilo at estratehiya ng pagtuturo na ginagamit ng guro.	18	45.0	18	45.0	3	7.5	1	2.5	0	0.0
3. Maaaring iangkop ang mga gawain sa limitadong oras nang hindi isinasakripisyo ang kalidad ng pagkatuto.	16	40.0	18	45.0	5	12.5	1	2.5	0	0.0
4. Maaaring gamitin at iakma ang aralin sa iba't ibang modalidad ng pagkatuto tulad ng <i>face-to-face</i> , <i>blended</i> , o <i>modular learning</i> .	15	37.5	19	47.5	5	12.5	1	2.5	0	0.0
5. May kalayaan ang gurong baguhin o pagyamanin ang mga gawain.	23	57.5	15	37.5	1	2.5	1	2.5	0	0.0
Mean	4.31 – Mataas na Pagtanggap at Paggamit									
4.51 – 5.00	<i>Napakataas</i>				1.51 – 2.50		<i>Mababa</i>			
3.51 – 4.50	<i>Mataas</i>				1.00 – 1.50		<i>Napakababa</i>			
2.51 – 3.50	<i>Katamtaman</i>									

Lumalabas sa resulta ng pag-aaral na ang *Filipino 7 Lesson Exemplars* ay may kabuoang antas ng pagtanggap at paggamit na 4.31 na katumbas ng “mataas na pagtanggap at paggamit.” Sa mas tiyak na pagsusuri, natuklasan na ang “kalayaan ng guro na baguhin o pagyamanin ang mga gawain” ay nakakuha ng 57.5 porsyento na nasa antas na “napakataas,” samantalang ang “kakayahang iakma ang aralin ayon sa antas ng kakayahan, interes, at pangangailangan ng mga mag-aaral” ay may 50.0 porsyento na nasa antas na “mataas.” Ipinahihiwatig ng mga datos na ito na ang mga *Filipino 7 Lesson Exemplars* ay malawak na tinatanggap bilang isang *flexible* na kagamitang pampagtuturo na nagbibigay ng sapat na espasyo para sa pedagogikal na pagpapasya ng guro sa aktuwal na konteksto ng silid-aralan.

Ang napakataas na antas ng kalayaan ng guro sa pag-aangkop at pagpapayaman ng mga gawain ay nagpapakita ng matibay na pag-iral ng *teacher agency* sa implementasyon ng kurikulum. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay hindi lamang tagapagpatupad ng nakahandang *lesson exemplar* kundi mga aktibong tagapagdisenyo ng karanasan sa pagkatuto (*learning experiences*) na kayang iangkop ang nilalaman batay



sa antas ng kanilang mga mag-aaral at sa aktuwal na sitwasyon ng pagtuturo. Ang ganitong kalakaran ay umaayon sa pananaw ng OECD Learning Compass 2030 na binibigyang-diin ang kahalagahan ng *professional autonomy* ng guro bilang susi sa paglikha ng makabuluhan, angkop, at hinaharap-na-orientadong pagkatuto. Sa katulad na pananaw, binigyang-diin din ng UNESCO na ang hinaharap ng edukasyon ay nangangailangan ng mga gurong may kakayahang gawing *contextualize* ang kurikulum upang tumugon sa magkakaibang realidad ng mga mag-aaral, lalo na sa kontekstong mabilis ang pagbabago ng lipunan at pangangailangang pang-edukasyon.

Sa konteksto ng Pilipinas, pinagtitibay ng mga lokal na pag-aaral ang natuklasang ito. Ayon kina Bihag at Dagondon (2025), ang *Filipino 7 lesson exemplars* sa ilalim ng *MATATAG Curriculum* ay idinisenyo bilang mga *flexible instructional tools* na nagbibigay ng kalayaan para sa guro na iangkop ang mga gawain ayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at kondisyon ng silid-aralan. Gayunpaman, binigyang-diin din sa kanilang pag-aaral na ang aktuwal na bisa ng mga materyal na ito ay nakasalalay sa kakayahan ng guro na isagawa ang angkop na *pedagogical adjustments*, na nagpapakita na ang disenyo lamang ng materyal ay hindi sapat kung walang malayang interpretasyon at implementasyon mula sa guro.

Dagdag pa rito, natuklasan nina Dapiosen at Ubilas (2024) na ang *contextualized lesson exemplars* sa Filipino ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng pagkatuto at pakikilahok ng mga mag-aaral kapag ito ay inaangkop sa lokal na karanasan, antas ng kakayahan, at interes ng mga mag-aaral. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang pagiging epektibo ng *lesson exemplars* ay direktang nauugnay sa antas ng *flexibility* na ibinibigay sa guro upang baguhin o iangkop ang nilalaman. Sa ganitong pananaw, ang natuklasang napakataas na antas ng kalayaan ng guro sa kasalukuyang pag-aaral ay sumasalamin sa isang kinakailangang kondisyon upang mapanatili ang pagiging epektibo ng *Filipino instruction*.

Samantala, ang pagkakaroon ng “mataas” na antas sa kakayahang iakma ang aralin ayon sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng aktibong implementasyon ng *differentiated instruction* sa loob ng silid-aralan. Gayunpaman, ang bahagyang mas mababang antas nito kumpara sa kalayaan sa pagbabago ng gawain ay maaaring magpahiwatig na bagama’t may mataas na antas ng *flexibility* sa disenyo at pag-aangkop ng mga gawain, may mga praktikal na salik pa rin tulad ng oras, laki ng klase, at bigat ng gawain ng guro na maaaring nakaapekto sa ganap na implementasyon ng *differentiation*. Ang obserbasyong ito ay naaayon sa mga probisyon ng DepEd Order No. 42, s. 2016 na nagtatakda na ang *lesson preparation* ay dapat magbigay ng espasyo para sa modipikasyon batay sa aktuwal na sitwasyon ng klase, na sumusuporta sa prinsipyo ng *learner-centered instruction*.

Sa kabuoan, ang mataas na antas ng pagtanggap at paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* ay nagpapakita na ang mga ito ay itinuturing ng mga guro bilang mga praktikal at makabuluhang kagamitang pampagtuturo na hindi mahigpit o istrikto, kundi isang gabay na maaaring iangkop sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang resulta ay nagpapakita rin na ang epektibong implementasyon ng kurikulum ay nakasalalay hindi lamang sa kalidad ng *instructional materials*, kundi higit sa lahat sa kakayahan ng guro na gamitin ang mga ito bilang *flexible* na instrumento sa paghubog ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Sa ganitong pananaw, ang *lesson exemplars* ay maaaring ituring bilang “*living instructional documents*” na patuloy na hinuhubog ng guro upang tumugon sa dinamiko at magkakaibang realidad ng silid-aralan.

Ang Talahanayang 11 ay naglalahad ng kabuoang buod ng antas ng pagtanggap at paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* batay sa persepsiyon ng mga guro. Ipinapakita nito ang pangkalahatang resulta ng mga naunang talahanayan na tumutukoy sa iba’t ibang aspekto ng lesson exemplars, na naglalayong

masukat kung gaano kalawak ang pagtanggap ng mga guro at kung paano nila aktuwal na ginagamit ang mga ito sa kanilang pagtuturo.

Sa pamamagitan ng talahanayang ito, mas mauunawaan ang kabuoang antas ng implementasyon ng mga *lesson exemplars* bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino 7, partikular sa kung ito ay tumutugon sa pangangailangan ng aktuwal na silid-aralan. Nagiging batayan din ito upang makita kung ang mga materyal ay hindi lamang tinatanggap sa antas ng disenyo, kundi nagagamit din nang epektibo sa aktuwal na proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Talahanayan 11

Kabuoang Antas ng Pagtanggap at Paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars Batay sa Persepsiyon ng mga Guro

Domain	Mean	Description
A. Kontekstuwalisasyon	4.20	Mataas na Pagtanggap at Paggamit
B. Praktikalidad	3.85	Mataas na Pagtanggap at Paggamit
C. Adaptabilidad	4.31	Mataas na Pagtanggap at Paggamit
Overall Mean	4.12	Mataas na Pagtanggap at Paggamit

4.51 – 5.00	<i>Napakataas</i>	1.51 – 2.50	<i>Mababa</i>
3.51 – 4.50	<i>Mataas</i>	1.00 – 1.50	<i>Napakababa</i>
2.51 – 3.50	<i>Katamtaman</i>		

Lumalabas sa Talahanayan 11 ang kabuoang buod ng antas ng pagtanggap at paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars ayon sa persepsiyon ng mga guro, na may overall mean na 4.12 na katumbas ng “mataas na pagtanggap at paggamit.” Ipinapakita nito na sa pangkalahatan, positibo ang pagtanggap ng mga guro sa mga *lesson exemplars* at itinuturing nila itong kapaki-pakinabang sa aktuwal na proseso ng pagtuturo. Sa tatlong salik na sinuri, pinakamataas ang “kakayahang maiangkop sa aktuwal na pagtuturo” na may mean na 4.31, sinundan ng “kontekstuwalisasyon” na may 4.20, at “praktikalidad” na may 3.85, na kapuwa pa rin nasa antas na mataas na pagtanggap at paggamit.

Ang pinakamahalagang natuklasan sa talahanayan ay ang pangunguna ng kakayahang maiangkop sa aktuwal na pagtuturo, na nagpapakita na ang pangunahing halaga ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* ay nakasalalay sa kanilang pagiging *flexible*. Ipinahihiwatig nito na mas pinahahalagahan ng mga guro ang mga material na hindi mahigpit o istrikto, kundi yaong nagbibigay ng kalayaan upang baguhin, iangkop, at pagyamanin ayon sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang mataas na antas na ito ay malinaw na palatandaan ng umiiral na *teacher agency*, kung saan ang guro ay aktibong tagapagpasya sa paghubog ng karanasan sa pagkatuto sa loob ng silid-aralan.

Samantala, ang “kontekstuwalisasyon” na may *mean* na 4.20 ay nagpapakita na kinikilala ng mga guro ang kahalagahan ng pag-uugnay ng mga aralin sa aktuwal na karanasan, kultura, at sitwasyon ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang *lesson exemplars* ay may sapat na antas ng pagiging angkop sa lokal na konteksto, na mahalagang salik sa pagpapalalim ng pag-unawa at pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sa ganitong paraan, nagiging mas makahulugan ang pagkatuto dahil ito ay nakaugat sa kanilang realidad. Ang “praktikalidad” naman na may *mean* na 3.85, bagama’t pinakamababa sa tatlong salik, ay nananatili pa ring nasa antas na mataas na pagtanggap at paggamit. Ipinapakita nito na bagama’t ginagamit at tinatanggap ang *lesson exemplars*, maaaring may ilang hamon sa aspketo ng aktuwal na implementasyon tulad ng oras, dami ng gawain, at kakulangan sa tiyak na gabay sa ilang bahagi ng

materyal. Gayunpaman, hindi nito binabago ang kabuoang positibong pananaw ng mga guro sa mga *lesson exemplar*.

Sa kabuoan, ang *overall mean* na 4.12 ay nagpapatunay na ang *Filipino 7 Lesson Exemplars* ay epektibong kagamitang pampagtuturo na tinatanggap at ginagamit ng mga guro sa antas ng implementasyon. Ang pinakamahalagang implikasyon ng resulta ay ang pangangailangan na patuloy pang palakasin ang disenyo ng mga *lesson exemplars* bilang mga kagamitang pampagtuturo na may kakayahang umangkop, nakaugat sa konteksto, at may praktikal na kabuluhan sa pagtuturo. Ipinapakita rin nito na ang epektibong pagtuturo ay higit na nagiging posible kapag ang mga guro ay nabibigyan ng sapat na espasyo upang iangkop ang mga material sa aktuwal na pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral, sa halip na mahigpit na pagsunod sa nakahandang pormat.

Sa ganitong pananaw, ang *Filipino 7 Lesson Exemplars* ay hindi lamang simpleng kagamitang pampagtuturo kundi nagsisilbing dinamiko at patuloy na umuunlad na kasangkapang panturo (*dynamic teaching tools*) na nagiging mas epektibo kapag pinaunlad at inaangkop ng guro batay sa konteksto ng silid-aralan.

Kaugnayan ng Profayl ng mga Guro sa Kanilang Persepsiyon

Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng pagsusuri sa kaugnayan ng propayl ng mga guro at ang kanilang persepsiyon hinggil sa antas ng kaangkupan ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* batay sa iba't ibang dimensyon. Layunin nitong matukoy kung ang mga salik tulad ng taon sa pagtuturo, pinakamataas na antas ng edukasyon, lawak ng pagsasanay, at karanasan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo ay may makabuluhang ugnayan sa paraan ng pagtatasa ng mga guro sa kaangkupan ng naturang mga materyales. Sa pamamagitan ng inferensyal na pagsusuri, naipapakita kung ang mga pagkakaiba sa propayl ng mga guro ay nakaaapekto o hindi sa kanilang persepsiyon sa *Filipino 7 Lesson Exemplars* sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum.

Talahanayan 12

Kaugnayan ng Profayl ng mga Guro sa Kanilang Persepsiyon Hinggil sa Antas ng Kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars sa mga Pangunahing Katangian ng Enhanced MATATAG Curriculum

Profayl	Antas ng Kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars						Overall Mean
	Pinagaan at Inayos na Kurikulum	Mga Batayang Kasanayan	Pagbabalanse ng mga Kahingian sa Kognitibong Pagkatuto	Malinaw na Paglalalatag ng mga Kasanayan sa Ika-21 Siglo	Paghubog ng Kagandahang-Asal at Edukasyong Pangkapayapaan		
Bilang ng taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino	τ_B	0.048	-0.070	-0.077	-0.060	-0.028	-0.038
	Sig.	0.713	0.598	0.551	0.657	0.844	0.763
Pinakamataas na antas ng edukasyon	τ_B	0.023	0.013	0.045	-0.130	-0.125	-0.034
	Sig.	0.860	0.919	0.725	0.324	0.364	0.784

espesyalisasyong natapos							
Bilang ng mga dinaluhang pagsasanay kaugnay sa <i>Enhanced MATATAG Curriculum</i>	τ_B	0.005	-0.011	-0.057	-0.105	-0.124	-0.084
	Sig.	0.970	0.938	0.675	0.456	0.398	0.521
Bilang ng mga dinaluhang pagsasanay kaugnay sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo							
	τ_B	0.236	0.167	0.218	0.128	0.033	0.192
	Sig.	0.073	0.217	0.097	0.350	0.818	0.132
Uri ng nabuong kagamitang pampagtuturo							
	τ_B	0.120	0.076	0.188	0.034	-0.061	0.089
	Sig.	0.349	0.561	0.139	0.797	0.658	0.474

Batay sa inferensyal na pagsusuri na isinagawa upang tukuyin ang kaugnayan ng propayl ng mga guro at ang kanilang persepsiyon sa antas ng kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars, lumabas na ang lahat ng computed p-values ay mas mataas kaysa sa itinakdang alpha level na 0.05 ($p > .05$). Ipinapahiwatig nito na walang makabuluhang istatistikal na kaugnayan sa pagitan ng mga salik tulad ng taon sa pagtuturo ng Filipino, pinakamataas na antas ng edukasyon, lawak ng pagsasanay sa Enhanced MATATAG Curriculum, pagsasanay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, at bilang ng nabuong instructional materials, kaugnay ng lahat ng dimensyon at kabuoang mean ng kaangkupan ng *lesson exemplars*.

Ang kinalabasang ito ay maaaring ipaliwanag sa konteksto ng mataas na antas ng istandardisasyon ng mga kagamitang pampagtuturo na ipinatutupad ng *Department of Education* sa ilalim ng MATATAG Curriculum. Ayon sa mga lokal na pag-aaral, ang mga guro ay nagkakaroon ng halos magkakatulad na karanasan at pagsusuri sa instructional materials dahil pare-pareho ang kanilang ginagamit na lesson exemplars at malinaw ang itinatakandang learning competencies, anuman ang kanilang antas ng karanasan o edukasyon (Bihag, Aclao, & Dagondon, 2025). Dagdag pa rito, natuklasan sa mga implementasyon ng MATATAG Curriculum na ang persepsiyon ng mga guro ay higit na naiimpluwensiyahan ng kalidad ng materyales, lawak ng pagsasanay, at suporta ng institusyon kaysa sa kanilang demographic profile (Department of Education, 2024).

Sa mas malawak na pagsusuri, binigyang-diin din sa scoping review ni Herrera (2024) na ang epektibong implementasyon ng curriculum sa Pilipinas ay nakasalalay sa sistemang institusyonal at availability ng resources, sa halip na sa indibidwal na katangian ng guro. Kaayon nito, ipinakita rin sa mga pag-aaral sa iba't ibang SDOs na kahit magkakaiba ang taon ng pagtuturo at antas ng edukasyon ng mga guro, nananatiling pare-pareho ang kanilang pagtatasa sa instructional materials dahil sa uniform na paggamit ng DepEd-provided resources at lesson exemplars (Llanes & Santos, 2025).

Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng resulta na ang propayl ng guro ay hindi pangunahing salik sa paghubog ng kanilang persepsiyon sa kaangkupan ng Filipino 7 Lesson Exemplars. Sa halip, ang mas nangingibabaw na salik ay ang disenyo ng materyales, pagiging aligned nito sa kurikulum, at ang

sistematikong implementasyon ng mga gabay mula sa Department of Education. Ito ay nagpapakita na ang standardisasyon sa ilalim ng MATATAG Curriculum ay nakatutulong upang mapantay ang interpretasyon at pagtanggap ng mga guro sa mga kagamitang pampagtuturo sa buong implementasyon nito.

Ang Talahanayan 13 ay nagpapakita ng pagsusuri sa kaugnayan ng propayl ng mga guro at ang kanilang persepsiyon hinggil sa antas ng pagtanggap at paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars batay sa mga dimensyong kontekstuwalisasyon, praktikalidad, at kakayahang maiangkop sa aktuwal na pagtuturo. Layunin nitong matukoy kung ang mga salik tulad ng taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, pinakamataas na antas ng edukasyon, lawak ng pagsasanay kaugnay sa Enhanced MATATAG Curriculum, pagsasanay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, at bilang ng nabuong instructional materials ay may makabuluhang ugnayan sa paraan ng pagtanggap at paggamit ng mga guro sa nasabing lesson exemplars. Sa pamamagitan ng inferensyal na pagsusuri, naipapakita kung ang mga pagkakaiba sa propayl ng mga guro ay nakaaapekto o hindi sa kanilang persepsiyon sa Filipino 7 Lesson Exemplars sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum.

Talahanayan 13

Kaugnayan ng Profayl ng mga Guro sa Kanilang Persepsiyon Hinggil sa Antas ng Pagtanggap at Paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars

Profayl	Level of Multi-Sectoral Support Conflict			Overall Mean
	Kontekstuwalisasyon	Praktikalidad	Kakayahang Maiangkop sa Aktuwal na Pagtuturo	
Bilang ng taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino	τ_B -0.017 Sig. 0.898	-0.023 0.860	-0.017 0.897	0.002 0.990
Pinakamataas na antas ng edukasyon at espesyalisasyong natapos	τ_B 0.061 Sig. 0.637	-0.003 0.980	-0.241 0.065	-0.072 0.557
Bilang ng mga dinaluhang pagsasanay kaugnay sa <i>Enhanced MATATAG Curriculum</i>	τ_B 0.109 Sig. 0.429	-0.079 0.557	-0.062 0.655	-0.055 0.678
Bilang ng mga dinaluhang pagsasanay kaugnay sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo	τ_B 0.205 Sig. 0.128	0.057 0.661	0.136 0.316	0.105 0.411
Uri ng nabuong kagamitang pampagtuturo	τ_B 0.174 Sig. 0.181	0.080 0.527	0.110 0.402	0.108 0.381

Ipinapakita sa Talahanayan 13 ang kaugnayan ng profayl ng mga guro at ang kanilang persepsiyon hinggil sa antas ng pagtanggap at paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* batay sa mga dimensyong kontekstuwalisasyon, praktikalidad, at kakayahang maiangkop sa aktuwal na pagtuturo. Lumabas sa resulta na walang makabuluhang kaugnayan ang lahat ng salik ng profayl ng mga guro, kabilang ang taon sa

pagtuturo ng asignaturang Filipino, pinakamataas na antas ng edukasyon, pagsasanay kaugnay sa *Enhanced MATATAG Curriculum*, pagsasanay sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo, at bilang ng nabuong kagamitang pampagtuturo, sa lahat ng dimensyon at sa kabuoang mean ($p > 0.05$).

Ang kinalabasan na ito ay nagpapahiwatig na ang pagtanggap at paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* ay hindi nakasalalay sa personal o propesyonal na profayl ng guro, kundi maaaring naiimpluwensyahan ng iba pang salik tulad ng *perceived usefulness*, implementasyon ng kurikulum, at *institutional support*. Ang resultang ito ay sumasang-ayon sa pananaw ni Guskey (2002), na nagsasaad na ang pagbabago sa *instructional practice* ng guro ay higit na nakabatay sa aktuwal na karanasan sa implementasyon at kalidad ng suportang ibinibigay, kaysa sa demograpikong katangian ng guro.

Dagdag pa rito, ayon sa teorya ng *Diffusion of Innovations* ni Rogers (2003), ang pagtanggap ng anumang inobasyon sa edukasyon ay higit na nakasalalay sa persepsiyon ng mga gumagamit sa kahalagahan, kaangkupan, at praktikalidad nito. Ibig sabihin, kahit magkakaiba ang karanasan, antas ng edukasyon, at pagsasanay ng mga guro, maaari pa ring maging pare-pareho ang antas ng pagtanggap at paggamit kung iisa ang kanilang pananaw sa kapakinabangan ng *instructional materials*.

Pinagtitibay rin ito ng mga pag-aaral sa Technological Pedagogical Content Knowledge (TPACK) framework, kung saan ipinapakita na ang epektibong paggamit ng *instructional materials* ay nakadepende sa integrasyon ng pedagohiya, nilalaman, at mapagkukunan, at hindi sa simpleng personal na katangian ng guro (Voogt et al., 2013). Sa ganitong perspektibo, ang *uniform* na implementasyon ng kurikulum at *standardized* na pagsasanay ay maaaring nagreresulta sa pagkakapareho ng antas ng pagtanggap at paggamit ng mga lesson exemplars.

Samakatuwid, ang kawalan ng makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng profayl ng guro at ng kanilang persepsiyon sa *Filipino 7 Lesson Exemplars* ay nagpapahiwatig na ang implementasyon ng materyales ay *system-driven* kaysa *profile-dependent*. Ipinapakita nito na ang matagumpay na paggamit ng *lesson exemplars* ay higit na nakasalalay sa kalidad ng implementasyon ng kurikulum, pagiging kapakinabang ng materyal, at institusyonal na suporta kaysa sa indibidwal na katangian ng guro.

Mga Hamong Kinahaharap sa Paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars at mga Estratehiyang Ginagawa Upang Matugunan ang mga ito

Inilalahad sa bahaging ito ang sistematikong pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa mga kalahok hinggil sa mga hamong kinahaharap sa paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum at ang mga estratehiyang kanilang ginagawa upang matugunan ang mga ito. Ginamit bilang analitikal na balangkas ang *thematic analysis* nina Braun at Clarke (2006), na kinikilala sa larangan ng kuwalitatibong pananaliksik bilang isang masusing pamamaraan sa pagtukoy ng mga padron ng kahulugan mula sa tekstuwal na datos.

A. Mga Hamong Kinahaharap sa Paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars

Sa pamamagitan ng paulit-ulit na proseso ng coding at pagsusuri, natukoy ang tatlong dominanteng tema: (1) Kakulangan sa mga Kagamitang Panturo, (2) Limitasyon sa Oras, at (3) Kakulangan sa Pagsasanay. Ang mga temang ito ay sinuri hindi lamang batay sa datos ng mga kalahok kundi iniuugnay rin sa umiiral na diskurso sa lokal na konteksto ng edukasyon sa Pilipinas.

Tema 1: Kakulangan sa mga Kagamitang Panturo

Sa mas malawak na pagsusuri ng kasalukuyang kalagayan ng edukasyon sa Pilipinas, lumilitaw ang isang nakababahalang padron ng sistemikong kakulangan sa kagamitang pampagtuturo na direktang nakaapekto sa implementasyon ng kurikulum sa antas ng silid-aralan. Sa ulat ng Second Congressional Commission on Education (EDCOM II, 2024), binigyang-diin na nananatiling kritikal na isyu ang *inadequate learning resources and weak instructional support systems*, na nagreresulta sa hindi pantay at madalas ay kulang na implementasyon ng mga itinakdang *learning competencies*.

Sa mas malawak pang konteksto, ang hamon ng kakulangan at pagkaantala sa distribusyon ng mga aklat at kagamitang panturo ay kinilala rin sa antas ng lehislatura. Sa ilalim ng *Senate Bill No. 122 o "E-Textbook Para Sa Lahat Act"* (Aquino, n.d., as cited in *Senate of the Philippines legislative proposal*), binibigyang-diin ang pangangailangan na gawing *digital* at libre ang lahat ng aprubadong teksbuk at mga kagamitang pampagtuturo sa *basic education*. Layunin nitong tugunan ang matagal nang problema sa *accessibility at equity* sa pagkatuto, lalo na sa mga pampublikong paaralan kung saan ang kakulangan sa *printed materials* ay paulit-ulit na iniuulat.

Gayunpaman, sa kabila ng mga repormang ito, nananatiling kritikal ang kalidad at integridad ng mga learning materials. Ayon sa ulat ng Commission on Audit (COA, 2019), natuklasan na may halagang humigit-kumulang PHP 254.253 milyon na *learning materials* para sa Ikatlong Baitang ang nagtataglay ng mga *error* sa kabila ng umiiral na *three-step review process* ng *Department of Education*. Ang ganitong ulat ay nagpapakita hindi lamang ng kakulangan sa materyal kundi pati ng problema sa kalidad at *quality assurance* ng mga *learning resources*.

Kasabay nito, sa mga ulat ng UNESCO (2020) at OECD (2019), paulit-ulit na ipinapakita na ang kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo ay isa sa mga pangunahing salik ng *learning poverty*, dahil direktang naapektuhan nito ang lalim ng pagkatuto at kalidad ng pagtuturo. Sa ganitong maselang konteksto, lumilitaw sa pag-aaral na ito na ang mga guro ang pangunahing sumasalo sa kakulangan at kakulangan ng kalidad ng sistema, sa halip na ang institusyon ang ganap na magbigay ng kinakailangang suporta. Ibinahagi ng Kalahok 1 ang aktuwal na sitwasyon sa silid-aralan:

"Ang isa po doon 'yung sa may kagamitan po, although mayroon na po 'yung exemplar pero minsan po nakukulangan pa rin po ako sa gamit para gamitin ko sa pagtuturo. Parang ang lalayo naman sa topic na dapat idiscuss. Kulang sa resources." pahayag mula sa unang kalahok.

Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng malinaw na *disconnect* sa pagitan ng disenyo ng mga *lesson exemplar* at ng aktuwal na implementasyon nito. Ayon sa DepEd (2023) Curriculum Review Notes, ang kahusayan ng mga kagamitang pampagtuturo ay nakasalalay sa pagiging *usable, contextualized, and directly aligned to classroom realities*, isang pamantayang lumilitaw na hindi ganap na natutugunan batay sa karanasan ng guro. Dagdag pa rito, inilahad ni Kalahok 2 ang kawalan ng sistematikong suporta:

"So far sir, wala pa namang seminar tungkol sa paggamit ng lesson exemplar. Parang ibinigay na lang sa amin na ito na ang gagamitin pero sa mga materyales, wala sir, ikaw mismo ang kailangang maghanap." pahayag ng ikalawang kalahok.

"Wala pa ring ibang aklat o textbook na malinaw na nakaangkla sa lesson exemplar kaya ikaw na lang talaga ang nagre-research at naghahanap ng dagdag na references." dagdag niya.

Ang ganitong sitwasyon ay tumutugma sa babala ng OECD (2019) na ang *“implementation without capacity-building support”* ay nagreresulta sa *weak curriculum delivery*, kung saan ang guro ang nagiging pangunahing tagasalo ng sistemikong kakulangan. Sa antas ng aktuwal na implementasyon, malinaw ang tumitinding pasanin sa guro. Ayon kay Kalahok 4:

“Nagpi-print po ako ng mga puwedeng gagamitin ng bata. Medyo mahirap sir pero kaya naman din po nating gawan ng paraan; magastos minsan.” pahayag mula sa ikaapat na kalahok.

“Medyo madami po ‘yung mga learning competencies kaya minsan kailangan pa nating mag-isip [ng] tumpak na activity para ‘yung isang activity [ay] marami ka ng matata-target na mga learning competency.” karagdagang tugon ng ikaapat na kalahok.

Ang ganitong sitwasyon ay nakababahala sapagkat ayon sa World Bank (2022), ang Pilipinas ay kabilang sa mga bansang may mataas na *teacher workload* ngunit kulang sa *instructional support materials*, na nagreresulta sa *“efficiency loss in teaching and learning time.”* Sa ganitong kalagayan, ang guro ay hindi lamang tagapagturo kundi nagiging *de facto instructional material producer*, gamit ang sariling oras, gastos, at personal na resources.

Bilang tugon sa kakulangan, lumilitaw ang kontekstuwalisasyon bilang pangunahing estratehiya ng guro. Ayon kay Kalahok 5:

“Ang ginagawa ko na lang sir kino-contextualize ko na lang, sir. Pinapalitan ko na lang po ‘yung iba. Halimbawa, [kung ang] venue ay instead na pabrika papalitan ng bukid para mas maintindihan.”

“May mga hindi po angkop po doon sa lugar na kinaroroonan po namin kaya ‘yung pagco-contextualize po ng mga lesson doon sa lesson exemplar ay napaka-importante po.”

Bagama’t ayon sa UNESCO (2020) ay mahalaga ang *contextualized learning* upang mapalapit ang aralin sa karanasan ng mag-aaral, sa aktuwal na datos ng pag-aaral na ito, ang kontekstuwalisasyon ay hindi na lamang pedagogikal na prinsipyo kundi isang *survival strategy* laban sa kakulangan ng angkop na materyales. Isang mas malalim na pagtingin sa mga pahayag ay nagpapakita ng isang nakababahalang pattern, ang implementasyon ng kurikulum ay hindi nakasalalay sa sapat na materyal kundi sa personal na inisyatiba ng guro.

“Parang ibinigay na lang sa amin na ito na ang gagamitin at dito na kami kukuha ng mga gawain...” pahayag mula sa ikalawang kalahok.

Batay sa ganitong pahayag, mapatutunayan na ang mga lesson exemplar ay hindi ganap na *functioning bilang self-contained instructional system*, kundi isang *framework* na nangangailangan pa ng malawak na *external augmentation* mula sa guro. Ayon sa EDCOM II (2024), ang ganitong kondisyon ay indikasyon ng *“fragile implementation ecosystem”* kung saan ang kalidad ng edukasyon ay nakasalalay sa *individual capacity* ng guro sa halip na *institutional readiness*.

Sa kabuoan, ang kakulangan sa kagamitang pampagtuturo ay hindi lamang isang simpleng suliraning lohistikal kundi isang estruktural na krisis sa pagpapatupad ng kurikulum. Pinapatunayan ng

datos na ang guro ang nagpopondo ng kakulangan sa materyal, ang guro ang lumilikha ng *instructional alternatives*, at ang guro ang nag-aangkop ng kurikulum sa aktuwal na realidad ng silid-aralan. Sa pananaw ng OECD (2019) at World Bank (2022), ang ganitong sistema ay hindi *sustainable* dahil nagdudulot ito ng pagbaba ng *instructional quality*, *inefficiency* sa *learning time*, at pagtaas ng *teacher burnout*. Sa mas malawak na perspektiba, ang kakulangan sa kagamitang pampagtuturo ay isa sa mga pinakakritikal na sintomas ng *learning crisis* na binibigyang-diin ng EDCOM II (2024), UNESCO (2020), World Bank (2022), at mismong mga *institutional* at *audit findings* ng COA (2019) na nagpapakita ng problema sa kalidad ng mga kagamitang pampagtuturo. Kung hindi agarang matutugunan, ang kasalukuyang kalagayan ay maaaring magbunga ng isang *silent systemic crisis* sa loob ng silid-aralan, kung saan ang kurikulum ay umiiral lamang sa papel, ngunit ang implementasyon nito ay nakasalalay sa personal na sakripisyo ng mga guro at sa kanilang kakayahang punan ang mga kakulangang institusyonal.

Tema 2: Limitasyon sa Oras

Lumabas sa tematikong pagsusuri na ang limitasyon sa oras ay nananatiling isa sa pinakamabigat at paulit-ulit na suliranin sa implementasyon ng kurikulum sa antas ng silid-aralan. Sa kabila ng malinaw na disenyo ng mga *lesson exemplar* na naglalaan ng tiyak na oras para sa bawat aralin, ipinapakita ng aktuwal na karanasan ng mga guro na ang sapat na oras ay nananatiling kondisyonal at lubhang nakadepende sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ganitong kalagayan, ang oras ay hindi na simpleng estruktural na parametro kundi nagiging kritikal na hadlang sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

Ayon sa ulat ng Kagawaran ng Edukasyon (2023), kinikilala ang *curriculum congestion* bilang isa sa pangunahing hamon sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum*, kung saan ang sobrang dami ng mga kasanayang pampagkatuto o *learning competencies* ay nagreresulta sa mababaw na pagkatuto at kakulangan sa oras para sa mas malalim na pag-unawa sa aralin ng mga mag-aaral. Sa parehong linya, binigyang-diin din ng Philippine Normal University (2021) na ang limitadong *instructional time* ay direktang nakaaapekto sa kakayahan ng guro na magsagawa ng mga pamamaraang pampagtuturo na nakasentro sa mga mag-aaral (*learner-centered instruction*) at umaangkop sa kanilang mga kakayahan (*differentiated instruction*). Sa panig ng mga guro, malinaw ang pagkakaiba ng inaasahan at aktuwal na implementasyon. Ayon sa isang kalahok:


“Sa oras parang syempre sir ‘yung [nandoon] sa *lesson exemplar* medyo marami po ‘yung mga [aralin] sa Filipino at under 45 minutes lang po [ang nakalaang oras ng pagtuturo] kaya kailangan mong piliin ‘yung mga *activit*.” mula sa unang kalahok na kinapanayam.

“Medyo madami ‘yung mga *learning competencies* kaya minsan [kulang ang] 45 minutes [sa pagtuturo] kaya medyo nahihirapan din po tayo doon.” dagdag pa niya.

Pinatutunayan ito ng isa pang nakapanayam, na nagsabing:

“Kung susundan mo lahat ng nasa *lesson exemplar*, mauubusan ka talaga ng oras lalo na kung mabagal matuto ang mga bata.” binangit ng ikaapat na kalahok.

Sa puntong ito, lumilitaw na ang mga *lesson exemplar*, na inaasahang gabay sa mas episyenteng pagtuturo ay nagiging mismong pinagmumulan ng *time pressure*. Ang *structured pacing* nito ay hindi tumutugma sa aktuwal na bilis ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa mga klaseng may magkakaibang antas ng pagkatuto (*heterogenous classes*). Mas nagiging kritikal ang sitwasyon kapag ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng mas mahabang oras sa pag-unawa. Nagtutugma ito sa ibinahaging karanasan ni Kalahok 3, na nagsabing:



“Medyo madami po yung learning competencies [at kulang ang] 45 minutes [na pagtuturo] kaya nahihirapan din po tayo. Kailangang mag-isip ng tumpak na activity para maraming natata-target na competency.” tugon mula sa ikatlong kalahok.

Gayon din, naging batayan rito ang ibinahaging karanasan ni Kalahok 2, na naglalarawan ng aktuwal na pagkaputol ng daloy ng aralin:

“Kung susundan mo ‘yun [lesson exemplar] as in mauubusan ka na ng oras kaya kailangan bahala ka na magbalanse.” binanggit ng ikalawang kalahok.

“Day 1 discussion, day 2 activities, [at] day 3 quiz. Kasi kung hindi mo hahatiin, hindi matatapos lahat.” dagdag pa niya.

Sa ganitong konteksto, ang oras ay nagiging *insufficient variable* sa halip na *enabling factor*. Ang guro ay napipilitang ayusin muli ang balangkas ng aralin sa bawat araw, hindi dahil sa disenyo ng pedagohiya, kundi dahil sa kakulangan ng oras na umangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Sinusuportahan pa ito ng pahayag ng Kalahok 1 at 2, na nagpahayag ng dumaraming gawain na isinasagawa sa lampas na oras ng pagtuturo:

“Hindi lang po isang subject ang hawak naming; gumagawa ako ng PowerPoint kahit sa gabi.” tugon mula sa unang kalahok.

“Minsan kahit tapos na ang oras ng klase, gumagawa pa rin ako ng materials kasi hindi kasya sa 45 minutes ang lahat ng dapat ihanda.” ikalimang kalahok.

Sa ganitong kalagayan, ang suliranin sa oras ay hindi na lamang usaping nakapaloob sa silid-aralan (classroom-based) kundi lumalawak bilang isang *labor burden issue* kung saan ang mga gawaing pampaaralan ng mga guro ay lumalampas o tumatawid mula sa silid-aralan patungo sa personal na oras ng mga guro. Batay sa kabuoang datos, mapatutunayan na ang sapat na oras sa mga *lesson exemplar* ay hindi ganap na katotohanan kundi isang kondisyonal na kategorya. Nagiging sapat lamang ito kung mataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral, at kaunti lamang ang pangangailangan para sa muling pagtuturo o *remediation*

Gayunpaman, kung ang mga mag-aaral ay mababa ang antas ng pagkatuto, ang kaparehong oras ay nagiging limitado, na nagreresulta sa hindi natatapos na mga kasanayang pampagkatuto, napuputol na talakayan, at pagtataya. Ang ganitong kalagayan ay sumasalamin sa mas malawak na suliranin ng hindi angkop na ugnayan sa pagtuturo, kung saan ang takbo ng kurikulum ay hindi nakaayon sa aktuwal na kalagayan sa silid-aralan.

Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon (2023), ang layunin ng pagbabawas ng mga kasanayang pampagkatuto sa *MATATAG Curriculum* ay tugunan ang lumalalang *time-on-task imbalance* at bigyang-daang ang mas malalim na pagkatuto. Gayunpaman, sa aktuwal na implementasyon, lumilitaw na nananatili ang hamon ng limitadong oras, lalo na sa mga klaseng ang mga mag-aaral ay mayroong magkakaibang antas ng pagkatuto. Samantala, ayon sa Philippine Normal University (2021), ang kakulangan sa oras ay naglilimita sa kakayahan ng guro na magsagawa ng *responsive pedagogy*, partikular sa mga sitwasyong kinakailangan ang *scaffolding* at *differentiated instruction*.

Sa kabuoan, ang limitasyon sa oras ay nananatiling isang kritikal at nakababahalang sistemikong hamon sa implementasyon ng kurikulum. Bagama't nakasaad sa disenyo ng mga *lesson exemplar* na sapat ang oras para sa bawat aralin, ipinapakita ng aktuwal na karanasan ng mga guro na ang realidad sa silid-aralan ay mas komplikado. Ang oras ay sapat lamang kung mabilis matuto ang mga mag-aaral, ngunit nagiging limitado at *problematic* kapag kinakailangan ang mas malalim na pag-unawa. Sa ganitong kalagayan, ang guro ay naiwan sa gitna ng dalawang magkasalungat na inaasahan: ang *curriculum pacing compliance* at ang *learner-centered responsiveness*, na parehong humihingi ng oras na sa aktuwal ay hindi sapat.

Tema 3: Kakulangan sa Pagsasanay


Ang isyu ng kakulangan sa pagsasanay sa paggamit ng mga *lesson exemplar* ay nananatiling isang mahalagang usapin sa implementasyon ng kurikulum, na direktang nakaapekto sa kahandaan ng mga guro sa aktuwal na silid-aralan. Sa mas malawak na pagsusuri, ang usaping ito ay hindi lamang simpleng usapin ng mga pagsasanay o oryentasyon, kundi isang indikasyon ng *systemic implementation gap* sa pagitan ng disenyo ng kurikulum at aktuwal na kapasidad ng mga guro. Ayon sa EDCOM II Year One Report (2024), ang kakulangan sa pinagsama-sama at tuloy-tuloy na pagsasanay ng mga guro, gayundin ang hindi pantay na akses sa propesyonal na pag-unlad, ay kabilang sa mga pangunahing hamon ng kasalukuyang sistema ng edukasyon sa bansa. Dagdag pa rito, binibigyang-diin din ng ulat na ang kakulangan sa suporta sa guro ay nagreresulta sa "*implementation strain*" na direktang napapasan sa antas ng paaralan.

"Sir, actually noong pumasok ako sa DepEd, wala po silang naibigay na seminar o pagsasanay para sa paggamit ng lesson exemplar, Nagturo na po ako gamit ang lesson exemplar na wala pa po akong napapasukang seminar o training. [Nang] kalaunan po, saka pa lamang ako nagkaroon ng mga seminar pero ang sabi po nila ay dapat maging flexible lamang sa paggamit ng lesson exemplar." tugon mula sa unang kalahok.

Ayon sa karanasan ng unang kinapanayam, malinaw ang pag-iral ng *reverse implementation sequence*, kung saan ang aktuwal na paggamit ng *lesson exemplar* ay nauna kaysa sa pormal na pagsasanay. Ang ganitong kalagayan ay nagpapakita ng kakulangan sa *pre-implementation capacity building*, na kritikal sa epektibong pagpapatupad ng anumang kurikulum. Batay sa Commission on Audit (2021), isa sa mga paulit-ulit na isyung natukoy sa mga programang pang-edukasyon ay ang hindi sapat na paghahanda ng mga *implementers* bago ang *rollout* ng mga bagong polisiya at mgha kagamitang panturo. Sa ganitong konteksto, ang guro ay napipilitang umasa sa sariling interpretasyon at karanasan, sa halip na gabay ng sistematikong pagsasanay. Dagdag pa rito, ayon sa EDCOM II (2024), maraming guro ang unang nakaranas ng paggamit ng *lesson exemplars* nang walang pormal na oryentasyon, dahilang upang ang implementasyon ay maging *highly dependent* sa *individual initiative*. Ang konsepto ng *flexibility* na binanggit sa kalaunan ay nagiging isang *post-implementation adjustment* lamang, imbes na *planned pedagogical strategy*.

"So far sir, wala pa namang mga seminar tungkol sa paggamit ng lesson exemplar. Ibinigay na lang sa amin ito at sinabing dito kami kukuha ng karagdagang mga gawain. Wala rin masyadong pagsasanay; higit na kinakailangan naming maghanap ng sarili naming mga materyales; nangangapa ang guro at kailangan talagang mag-research at maging resourceful." pahayag mula sa ikalawang kalahok.

Ayon sa naging pahayag ng kalahok 2, malinaw na umiiral ang *instructional burden shift*, kung saan ang responsibilidad sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo ay inililipat mula sa institusyon



patungo sa guro. Ang mga *lesson exemplar* ay hindi nagiging ganap na gabay kundi isang panimulang sanggunian lamang na kailangang palawigin ng guro. Ang pahayag na “nangangapa ang guro” ay nagpapakita ng kondisyon ng *pedagogical uncertainty*, kung saan ang pagtuturo ay nakasalalay sa personal na diskarte sa halip na sistematikong pagsasanay. Ayon sa GMA News (2014), isa sa mga pangunahing hamon sa implementasyon ng K to 12 ay ang kakulangan sa mga kagamitan g panturo at pagsasanay, na nagresulta sa pag-asa ng mga guro sa *improvisation* at sariling *resources*. Dagdag pa rito, ayon sa UNESCO (2020), ang kakulangan sa *sustained professional development* ay may direktang epekto sa kalidad ng pagtuturo at *learning outcomes*. Pinagtitiyag din ito ng EDCOM II (2024), na nagsasaad na ang *fragmented support system* ay nagdudulot ng mataas na *dependency* sa *teacher initiative*, na nagreresulta sa hindi pantay na kalidad ng implementasyon sa mga paaralan.

“Sa akin, sir, hindi pa po ako nakaka-attend ng ganoong seminar. Hindi naman sa nagkukulang ‘yung school sir, baka wala pa pong seminar na nararapat sa kailangan naming i-handle. May mga seminar naman po siguro, iba lang ang dating sa amin.” tugon mula sa ikatlong kalahok.

Ayon sa karanasan ng ikatlong kalahok, makikita ang mas maingat na interpretasyon ng sitwasyon, subalit nananatili ang isyu ng hindi pantay na akses sa mga pagsasanay. Ang kaniyang pahayag ay nagpapakita ng hindi pantay na distribusyon ng *professional development opportunities* sa loob ng sistema. Ayon sa Philippine Information Agency (2023), sa pagsusuri ng *MATATAG curriculum pilot implementation*, isa sa mga natukoy na hamon ay ang pangangailangang tiyakin ang mas sistematiko at pantay na *rollout* ng mga pagsasanay para sa mga guro upang maiwasan ang *disparities* sa implementasyon.

“Sir, may ilang orientation naman po pero hindi po siya sapat para talagang ma-master ‘yung paggamit ng *lesson exemplar*. Parang mabilis lang po ‘yung discussion tapos diretso na sa implementasyon. Kaya habang nagtuturo, doon pa lang namin natutuklasan ‘yung mga dapat ayusin at baguhin.” tugon mula sa ikaapat na kalahok.

Ayon sa pahayag ng ikaapat na kalahok, lumilitaw ang isyu ng *superficial training exposure*, kung saan may umiiral na mga oryentasyon ngunit hindi ito sapat upang matamo ang ganap na *mastery* sa paggamit ng mga *lesson exemplar*. Ang ganitong kondisyon ay nagpapakita ng limitadong lalim at tagal ng *capacity-building interventions*.

Ang pahayag na “mabilis lang po yung discussion tapos diretso na sa implementasyon” ay nagpapahiwatig ng *compressed training design*, kung saan ang oras para sa pagkatuto ay hindi sapat upang lubos na maunawaan ang *pedagogical use* ng materyal. Dahil dito, ang guro ay napipilitang matuto habang aktuwal nang nagtuturo, na nagreresulta sa *on-the-job adjustment learning cycle*. Ayon sa EDCOM II (2024), isa sa mga natukoy na isyu sa *teacher professional development* ay ang kakulangan sa *sustained* at *practice-based training sessions*, kung saan ang pocus ay kadalasang *informational* lamang at hindi *experiential*. Sa ganitong kalagayan, ang implementasyon ay nagiging *reactive*, dahil ang mga pagbabago ay ginagawa lamang habang isinasagawa na ang pagtuturo.

“Sa totoo lang sir, may seminar naman pero hindi po siya consistent at hindi rin lahat ng kailangan sa *lesson exemplar* ay naipapaliwanag. Kaya madalas po, nagtatanong-tanong pa rin kami sa mga kapwa guro at umaasa sa sariling diskarte.” ibinahaging karanasan ng ikalimang kalahok.

Ayon sa pahayag ng ikalimang kalahok, lumilitaw ang isyu ng *inconsistency in training content and delivery*. Bagama’t may umiiral na mga pagsasanay, ito ay hindi sapat ang lalim at hindi rin

komprehensibo upang masaklaw ang lahat ng pangangailangan sa paggamit ng *lesson exemplar*. Ang pahayag na “nagtatanong-tanong pa rin kami sa mga kapuwa guro” ay nagpapakita ng *peer-dependent learning system*, kung saan ang kaalaman ay hindi pangunahing nagmumula sa institusyon kundi sa kolektibong karanasan ng mga guro. Ito ay indikasyon ng *informal knowledge transfer system* sa loob ng paaralan. Ayon sa EDCOM II (2024), isa sa mga *structural issues* sa *teacher development system* ay ang *fragmentation* ng *training delivery*, na nagreresulta sa hindi pantay na pag-unawa at implementasyon ng mga *instructional materials*. Sa ganitong konteksto, ang guro ay umaasa sa *collaborative coping mechanisms* upang punan ang kakulangan ng *formal support system*.

Sa kabuoan ng limang kalahok, malinaw na ang kakulangan sa pagsasanay ay nagkakaroon ng iba’t ibang anyo, mula sa ganap na kawalan ng mga pagsasanay, hanggang sa *superficial* at *inconsistent* na oryentasyon. Sa huling pagsusuri, ang kakulangan sa pagsasanay sa paggamit ng mga *lesson exemplar* ay hindi maituturing na *isolated training issue* lamang, kundi isang malinaw na indikasyon ng sistemikong kahinaan sa implementasyon ng kurikulum. Ang mga guro ay napipilitang umangkop sa pamamagitan ng sariling diskarte, karanasan, at kolaboratibong pakikipagtulungan sa kapuwa guro sa isang sistemang hindi pa ganap na nagbibigay ng sapat, komprehensibo, at pantay na suporta. Dahil dito, ang kalidad ng implementasyon ay nagiging nakasalalay sa indibidwal at kolektibong katatagan ng mga guro sa halip na sa matatag na institusyonal na mekanismo ng propesyonal na pag-unlad.

Makikita sa susunod na pahina ang talahanayan na naglalaman ng buod ng mga nabuong tema hinggil sa iba’t ibang hamong kinahaharap ng mga guro sa paggamit ng FIL7-LEx. Inilalahad nito ang mga pangunahing suliranin at karanasang inilalahad ng mga guro batay sa kanilang aktuwal na implementasyon sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng talahanayang ito, malinaw na naipapakita ang deskriptibong pagtalakay sa mga hamon na lumilitaw sa konteksto ng paggamit ng naturang kagamitang pampagtuturo, na maaaring magsilbing batayan sa mas malalim na pag-unawa sa kalagayan ng implementasyon sa silid-aralan.

Buod ng mga Nabuong Tema Hinggil sa mga Hamong Kinahaharap sa Paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars

Tema	Deskripsiyon
1. Kakulangan sa mga Kagamitang Panturo	Tumutukoy sa sistemikong kakulangan at hindi sapat na kalidad ng mga kagamitang pampagtuturo, na nagreresulta sa limitadong suporta sa aktuwal na implementasyon ng kurikulum. Sa ganitong kalagayan, ang mga guro ay napipilitang umasa sa sariling inisyatiba sa pagbuo, pag-angkop, at paghahanap ng karagdagang materyal, na nagiging sanhi ng karagdagang pasaning propesyonal at hindi pantay na implementasyon ng mga itinakdang <i>learning competencies</i> .
2. Limitasyon sa Oras	Tumutukoy sa hindi sapat at hindi realistiko ang pagkakaangkop ng inilaang oras sa <i>lesson exemplars</i> kaugnay ng aktuwal na pangangailangan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Bagama’t may nakatakdang <i>pacing</i> sa kurikulum, lumilitaw na ang implementasyon nito ay nagiging kondisyonal at nakadepende sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa <i>fragmentation</i> ng mga gawain, pagputol ng mga aralin, at paglawak ng <i>work extension</i> ng mga guro lampas sa itinakdang oras ng pagtuturo.

<p>3. Kakulangan sa Pagsasanay</p>	<p>Tumutukoy sa kakulangan ng sistematiko, tuloy-tuloy, at komprehensibong <i>capacity-building programs</i> para sa mga guro sa paggamit ng <i>lesson exemplars</i>. Ang umiiral na mga oryentasyon at pagsasanay ay madalas na limitado sa antas ng impormasyon at hindi sapat upang makamit ang ganap na <i>mastery</i>, dahilan upang ang implementasyon ay maging nakabatay sa <i>on-the-job learning</i>, kolaboratibong diskurso sa kapuwa guro, at sariling diskresyon, na nagreresulta sa hindi pantay at depedenteng implementasyon ng kurikulum.</p>
------------------------------------	---

B. Mga Estratehiyang Ginagawa ng mga Guro upang Tugunan ang mga Hamong Kinahaharap sa Paggamit ng Lesson Exemplars

Sa kabila ng mga umiiral na hamon sa implementasyon ng Filipino 7 Lesson Exemplars, na kinabibilangan ng kakulangan sa kagamitang panturo, limitasyon sa oras, at kakulangan sa pagsasanay, malinaw na ang mga guro ay aktibong humahanap ng mga angkop na paraan upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo. Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga pangunahing estratehiyang kanilang isinasagawa upang matugunan ang mga nasabing suliranin at mapanatiling epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Sa pamamagitan ng kanilang inisyatiba, pagiging malikhain, at kolaboratibong praktis, naipapakita ang mahalagang papel ng guro bilang pangunahing tagapagtaguyod ng implementasyon ng kurikulum sa aktuwal na konteksto ng pagtuturo.

Tema 1: Inobatibo at Kontekstuwal na Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo

Ang bahaging ito ay nakatuon sa temang “Inobatibo at Kontekstuwal na Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo”, na binibigyang-linaw ang mga aktuwal na estratehiya ng mga guro sa paglikha, pag-aangkop, at paghubog ng mga kagamitang pampagtuturo batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa ganitong perspektiba, ang guro ay hindi lamang tagasunod sa kung ano ang nakalatag na materyal, kundi isang aktibong tagapagdisenyo ng pagkatuto na humuhubog ng karanasang angkop sa konteksto ng mag-aaral.

Ayon sa mga ulat ng Department of Education (2024), ang kalidad ng pagkatuto ay hindi lamang nakabatay sa presensya ng kurikulum kundi higit sa kakayahan ng guro na isalin kung ano ang nasa materyal sa anyong naaangkop sa aktuwal na karanasan at pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa ganitong pananaw, ang kagamitang pampagtuturo ay hindi *static* na produkto, kundi isang dinamikong midyum ng pagkatuto na patuloy na inaangkop sa loob ng silid-aralan. Mula sa datos ng panayam, lumilitaw ang malinaw na mga estratehiya ng mga guro sa inobatibo at kontekstuwal na pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.

“Nagpi-print po ako ng mga puwedeng gamitin ng [mga] bata tapos ginagawan na lang [ng] paraan sir para [mai-provide] po ‘yung gagamitin ng mga bata; medyo magastos minsan” tugon mula sa ikatlong kalahok.

“Madalas Powerpoint [presentation] na po [ang] ginagamit [ko] so kinukuha ko na lang po ‘yung mga nasa lesson exemplar para ma-deliver po sa mga bata.” pahayag mula sa ikaapat na kalahok.

“Hindi naman lahat ay nandoon (lesson exemplar). Ang ginagawa po namin ay doon lang kami kumukuha ng mga topic; doon kami kumukuha ng reference at pinapalawig o inilalapat na lamang po namin ayon sa pangangailangan ng mga bata.” ibinahagi ng ikalawang kalahok.

“Pinapalitan ko na lang po ‘yung akma doon sa lugar [na kinaroroonan] ng school namin, sir. Halimbawa ang venue ay instead na pabrika papalitan ng bukid para mas maintindihan [ng mga mag-aaral].” tugon mula sa ikatlong kalahok.

“Ako na lang po ‘yung nag-iisip kung ano ‘yung sa palagay ko ay kaya po nila na tugunan doon sa learning competency.” ayon sa ikatlong kalahok.

Batay sa mga pahayag, makikitang ang inobatibo at kontekstuwal na pagbuo ng kagamitang pampagtuturo ay isinasagawa sa pamamagitan ng aktibong pag-aangkop, pagre-rebisa, at paglikha ng mga materyal mula sa umiiral na sanggunian tulad ng lesson exemplar at iba pang sanggunian. Ang *lesson exemplar* ay hindi itinuturing na ganap at di-nababagong gabay, kundi isang pangunahing sanggunian ng nilalaman na isinasalin at inaangkop batay sa kakayahan, karanasan, at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ipinapakita rin ng mga guro ang mataas na antas ng pagkamalikhain sa pedagohiya, kung saan ang mga abstrakto o malalayong halimbawa ay iniuugnay sa mga sitwasyong pamilyar at malapit sa karanasan ng mga mag-aaral. Ang ganitong proseso ng kontekstuwalisasyon, halimbawa, ang pagpapalit ng “pabrika” tungo sa “bukid”, ay nagpapakita ng sinadyang pag-uugnay ng kaalaman sa lokal na karanasan upang mapalalim ang pag-unawa.

Sa pananaw ni Vygotsky (1978), nagiging higit na mabisa ang pagkatuto kapag ang impormasyon ay nakaangkla sa panlipunan at kultural na konteksto ng mag-aaral. Sa ganitong diwa, ang mga guro ay nagsasagawa ng pamamagitan sa pagbuo ng kahulugan, kung saan ang kaalaman ay isinasalin sa antas na kayang maunawaan at maabot ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ang pagbuo ng sariling mga kagamitang panturo tulad ng pag-iimprinta ng mga talasanayan o *worksheets*, pag-aangkop ng *PowerPoint presentations*, at pagsasama-sama ng iba’t ibang sanggunian ay nagpapakita ng pagdidisenyo ng kagamitang pampagtuturo na nagmumula mismo sa guro, kung saan ang guro ang pangunahing arkitekto ng kagamitang pampagtuturo sa aktuwal na silid-aralan. Ayon sa EDCOM II Year One Report (2024), ang ganitong praktis ay sumasalamin sa malawak na “*instructional improvisation*” na isinasagawa ng mga guro upang mapanatili ang tuloy-tuloy na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang pag-aangkop ng mga gawain batay sa kakayahan ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng pedagogikal na pagpapasyang nakabatay sa antas ng kakayahan ng mag-aaral (*instructional decision-making grounded in learner capacity*), kung saan sadyang pumipili, nag-aalis, o nagbabago ang guro ng mga aktibidad upang matiyak ang pag-unawa. Ipinakikita nito ang mataas na antas ng propesyonal na panghuhusga (*teacher judgment*) ng guro sa pagdidisenyo ng pagkatuto. Mahalagang bigyang-diin na ang mga estratehiyang ito ay hindi lamang simpleng teknikal na pagbabago ng materyal, kundi isang malalim na pedagogikal na proseso ng paglikha ng kahulugan (meaning construction). Sa bawat pag-iimprinta ng materyal, pag-aangkop ng halimbawa, at pagbubuo ng *PowerPoint presentation*, ang guro ay aktibong lumilikha ng tulay sa pagitan ng kurikulum at ng aktuwal na karanasan ng mag-aaral.

Ayon sa Department of Education (2024), ang epektibong implementasyon ng kurikulum ay nakasalalay sa kakayahan ng guro na isalin ang mga kasanayang pampagkatuto sa mga konkretong karanasang angkop sa antas ng mag-aaral. Sa ganitong pananaw, ang guro ay hindi lamang tagapagpatupad ng kurikulum kundi katuwang din sa pagdidisenyo ng karanasan sa pagkatuto.

Sa kabuoan, ang inobatibo at kontekstuwal na pagbuo ng kagamitang pampagtuturo ay nagpapakita ng isang dinamikong praktis ng pedagohiya na nakaugat sa malikhaing pag-aangkop, lokal na konteksto, at

aktibong paglikha ng materyal. Ang mga guro ay nagsisilbing pangunahing tagapag-ugnay ng kurikulum at ng aktuwal na mundo ng mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang patuloy na inobasyon sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.

Sa huling pagsusuri, ang temang inobatibo at kontekstuwal na pagbuo ng kagamitang pampagtuturo ay nagpapakita ng guro bilang aktibong tagapagdisenyo ng pagkatuto na may mataas na antas ng pedagogikal na pagkamalikhain at propesyonal na panghuhusga. Sa pamamagitan ng patuloy na pag-aangkop, paglikha, at pagkokonteksto ng mga kagamitang pampagtuturo, ang guro ay nagiging sentral na haligi ng makabuluhan at angkop na pagkatuto sa loob ng silid-aralan.

Tema 2: Epektibong Pamamahala ng Oras at Pagbuo ng naaangkop na Disenyo ng Gawaing Pampagkatuto

Sa kabuoan ng mga datos, malinaw na lumilitaw na ang limitasyon sa oras sa pagtuturo ay isa sa pinakamabigat na hamon sa aktuwal na implementasyon ng kurikulum, subalit kasabay nito ay ang pagusbong ng mas malikhain, episyente, at responsableng estratehiya ng mga guro. Ang “Epektibong Pamamahala ng Oras at ang Pag-aangkop ng mga Gawaing Pampagkatuto” ay hindi lamang simpleng teknik sa pagtuturo, kundi isang pedagogikal na tugon na nagbibigay-daan sa patuloy na pag-asa na maisusulong ang makabuluhang pagkatuto sa kabila ng limitasyon.

Sa lente ng mga kalahok, ang hamon sa oras ay hindi natatapos sa kakulangan lamang ng minuto sa loob ng klase, kundi umaabot sa usapin ng lalim ng pagkatuto, dami ng kompetensi, at pagiging angkop ng mga gawain. Gayunpaman, sa kabila ng ganitong kalagayan, malinaw na ang guro ay nananatiling sentro ng solusyon sa pamamagitan ng matalinong pag-aangkop at desisyong pedagogikal.

Isa sa pinakamalinaw na estratehiya ay ang pagpapasimple, pag-aangkop, at kontekstuwalisasyon ng mga gawain upang mapabilis ang pagkatuto at maiwasan ang pagkaantala ng aralin dulot ng limitadong oras.

“Kapag trinatry ko siyang pasagutan sa mga bata hindi po nila nage-gets kung ano po ‘yung activity kaya ang ginawa ko na lamang po pinipili ko na lamang ‘yung mga puwedeng activities; nire-revise ko na lamang po ‘yung mga activities, mas pinapadali ko na lang po.” pahayag mula sa unang kalahok.

Mula sa pahayag na ito, mapatutunayan na ang pagpapasimple ng gawain ay hindi pagpayag sa pagbaba ng kalidad ng pagkatuto, kundi isang estratehiya upang matiyak ang mas mabilis na pag-unawa at maiwasan ang pag-aaksaya ng oras sa kalituhan at paulit-ulit na pagpapaliwanag. Sa ganitong paraan, ang oras ay nagiging mas nakatuon sa aktuwal na pagkatuto kaysa sa paglilinaw ng hindi angkop na gawain.

“Kinontextualize po namin kung ano ‘yung mga halimbawa ng activities para mas madaling maintindihan po ng mga bata.” dagdag ng unang kalahok.

Ang kontekstuwalisasyon ay nagsisilbing mabisang tulay sa pagitan ng abstraktong konsepto at konkretong karanasan ng mag-aaral, na ayon kay Bruner (1966) ay nagpapabilis ng *cognitive processing* at pagbuo ng kahulugan. Sa ganitong estratehiya, ang oras ay hindi nasasayang sa pag-unawa ng malalabong konsepto, bagkus ay nagiging mas episyente ang daloy ng pagkatuto.

Isa pa sa pinakamahalagang natuklasan ay ang epektibong pamamahala ng oras bilang aktibong mekanismo upang mapanatili ang pag-asa na maipagpapatuloy ang dekalidad na pagkatuto sa kabila ng limitasyon.

“Kung susundan mo ‘yun as in mawawalan ka na; mauubusan ka na ng oras kasi paano naman yung iba [aktibidad at aralin] kaya kailangan bahala ka na magbalanse.” pahayag ng ikalawang kalahok.

Ipinapakita nito na ang guro ay hindi pasibong tagasunod ng kurikulum, kundi isang aktibong tagapamagitan na nagsasagawa ng kritikal na desisyon upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng saklaw ng aralin at aktuwal na oras. Sa pananaw nina Hargreaves at Fullan (2012), ang ganitong uri ng desisyon ay bahagi ng *“professional judgment”* na nagpapakita ng kahusayan ng guro sa kontekstwal na pag-aangkop.

“Parang walang sapat na oras sa pag-absorb po ng mga estudyante ng mga lessons kaya kailangan ng matalinong pagdedisyon ng guro sa loob ng klase.” dagdag na pahayag ng ikalawang kalahok.

Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng realisasyon na ang oras ay direktang nakaaapekto sa lalim ng pagkatuto. Ayon sa Cognitive Load Theory ni Sweller (1988), kapag ang impormasyon ay masyadong marami sa limitadong oras, bumababa ang kalidad ng pagproseso ng impormasyon. Kaya naman, ang pamamahala ng oras ay nagiging estratehiya upang mapanatili ang kalidad ng pag-unawa kahit limitado ang oras.

“Kailangan mong piliin yung mga activity na nakaangkla po doon sa learning competency.” pahayag mula sa ikatlong kalahok.

Dito makikita ang estratehikong pagpili bilang anyo ng pedagogical resilience, kung saan ang guro ay nakatuon lamang sa mahahalagang kompetensi upang matiyak na ang bawat minuto ay may malinaw na layuning pampagkatuto (Wiggins & McTighe, 2005). Isa sa pinaka-makapangyarihang lumitaw ay ang pagpapasimple ng aralin bilang paraan upang hindi tuluyang maapektuhan ng limitadong oras ang kalidad ng pagkatuto.

“Ang ginagawa ko na lamang ay ‘yung pinakamabilis na lang na paraan; direct to the point na lang ‘yung mga aralin para matapos at ma-cover.” pahayag mula sa unang kalahok.

Bagama’t maaaring makita bilang limitasyon, sa konteksto ng pag-aaral, ito ay isang estratehiyang nakatuon sa survival at efficiency teaching, kung saan ang pangunahing layunin ay matiyak na walang kompetensiyang maiiwan sa kabila ng oras na hadlang. Ayon kay Marzano (2007), ang malinaw at diretsong instruksyon ay nakatutulong upang mapabilis ang *mastery ng essential skills*.

Mula sa kabuoang datos, lumilitaw na ang mga guro ay bumubuo ng isang maliit ngunit makapangyarihang sistema ng mga solusyon sa loob ng kanilang silid-aralan. Ang pamamahala sa oras ay isinasagawa nang may malinaw na prayoritisasyon, kung saan ang mga mahahalagang gawain at layunin sa pagkatuto ang inuuna upang matiyak ang episyenteng daloy ng pagtuturo. Kasabay nito, ang mga gawaing pampagkatuto ay inaangkop upang maging mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral, habang ang mga aralin ay pinapadali upang maiwasan ang mga hindi kinakailangang pagkaantala sa proseso ng pagkatuto. Dagdag pa rito, ang pagpili ng mga kompetensi ay isinasagawa batay sa antas ng kahalagahan at kakayahan ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas angkop at kontekstuwal na karanasan sa pagkatuto. Ang ganitong praktis ay sumasalamin sa pananaw ng *Instructional Design Theory*, na binibigyang-diin na

ang epektibong pagtuturo ay nakasalalay sa matibay na ugnayan o pagkakatugma ng oras, layunin, at mga gawain upang mapanatili ang episyenteng pagkatuto (Reigeluth, 2013).

Sa kabila ng limitasyon, lumilitaw ang isang mahalagang perspektibo na ang guro ay hindi lamang biktima ng limitasyon sa oras, kundi aktibong tagalikha ng mga solusyong pedagogikal na nagbibigay-daan sa patuloy na pagkatuto. Ayon sa EDCOM II (2024), ang sistema ng edukasyon ay patuloy na humaharap sa hamon ng oras, ngunit ang kakayahan ng guro na umangkop at maging inobatibo ay isa sa pinakamahalagang salik sa pagpapatuloy ng kalidad ng edukasyon. Dagdag pa, ayon sa Curriculum Implementation Studies, ang kurikulum ay hindi nagiging epektibo sa mismong dokumento nito, kundi sa kakayahan ng guro na isabuhay ito sa aktuwal na konteksto ng silid-aralan.

Sa kabuoan, ang epektibong pamamahala ng oras at pag-aangkop ng gawain ay napatunayang hindi lamang tugon sa limitasyon ng oras kundi isang malinaw na anyo ng pedagogikal na pag-asa. Sa pamamagitan ng matalinong pagpili ng gawain, kontekstuwalisasyon, at estratehikong pamamahala ng oras, naipapakita na ang kalidad ng pagkatuto ay maaaring mapanatili kahit sa loob ng limitadong panahon. Ang mga estratehiyang ito ay hindi simpleng adaptasyon lamang, kundi patunay na ang edukasyon ay patuloy na nabubuhay sa kamay ng mga gurong handang mag-isip, umangkop, at maglingkod para sa ikauunlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Tema 3: Kolaboratibo at Proaktibong Pagpapaunlad ng Guro

Ang “Kolaboratibo at Proaktibong Pagpapaunlad ng Guro” ay lumilitaw bilang isang mahalagang inisyatiba ng mga guro upang mapunan ang kakulangan ng pormal at tuloy-tuloy na pagsasanay kaugnay ng implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum. Sa ganitong konteksto, ang pagkatuto ng guro ay hindi na lamang nakasalalay sa organisadong seminar o *institutional training*, kundi nagiging isang *self-initiated at kolaboratibong proseso* na nakaugat sa pang-araw-araw na karanasan sa pagtuturo.

Ayon sa EDCOM II Year One Report (2024), isa sa mga pangunahing hamon sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay ang hindi pantay at hindi sapat na akses ng mga guro sa *professional development opportunities*. Dahil dito, maraming guro ang napipilitang humanap ng alternatibong paraan ng pagkatuto upang matiyak ang epektibong implementasyon ng kurikulum. Sa ganitong sitwasyon, ang guro ay nagiging aktibong ahente ng sariling propesyonal na pag-unlad sa halip na pasibong tagatanggap lamang ng pagsasanay.

Mula sa mga salaysay ng mga kalahok, malinaw na ang unang antas ng inisyatiba ay ang *self-directed learning* ng guro. Sa kabila ng kakulangan ng oryentasyon o seminar sa paggamit ng *lesson exemplar*, ang guro ay agad na nagtuturo at umaangkop sa aktuwal na pangangailangan ng silid-aralan:

“Sir actually noong pumasok ako ng DepEd wala akong seminar na nadaluhan. Ibig sabihin nagturo na ako ng gamit yung lesson exemplar na wala pa po akong seminar na napupuntahan.” pahayag ng unang kalahok.

Batay sa pahayag na ito, mapatutunayan na ang guro ay nagpapakita ng proaktibong pagkatuto (*proactive learning behavior*) kung saan ang praktis ay nauuna bago ang pormal na pagsasanay. Ayon kina Bandura (1997), ang ganitong uri ng inisyatiba ay nakaangkla sa konsepto ng *self-efficacy*, kung saan ang guro ay kumikilos batay sa paniniwalang kaya niyang matuto at umangkop kahit walang ganap na gabay mula sa institusyon.

Dahil sa kakulangan ng *structured training*, ang mga guro ay bumubuo ng kolaboratibong paraan ng pagkatuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapuwa guro, pagbabasa ng sanggunian, at pag-aaral ng mga materyales.

“Nakatulong din po sa paghahanap din po ng ibang reference po na parang naging madali na lang din po yung paggamit po ng lesson exemplars...” pahayag mula sa ikalawang kalahok.

Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng *informal professional learning networks*, na ayon kina Lieberman at Mace (2010), ay isang mahalagang alternatibong espasyo ng propesyonal na pagkatuto kapag limitado ang pormal na pagsasanay. Sa ganitong proseso, ang kaalaman ay hindi lamang ibinibigay ng institusyon kundi pinagbabahaginan at sabayang binubuo ng mga guro. Isa sa pinakamahalagang anyo ng proaktibong inisyatiba ay ang kakayahan ng guro na baguhin at iangkop ang *lesson exemplar* batay sa kakayahan ng mga mag-aaral:

“Kapag trinary ko siyang pasagutan sa mga bata hindi po nila nage-gets kaya ang ginagawa ko na lamang po ay nire-revise ko na lamang po ‘yung mga activities doon.’” pahayag mula sa unang kalahok.

Ang ganitong gawain ay nagpapakita ng instructional decision-making autonomy, na ayon kina Darling-Hammond et al. (2017), ay kritikal sa epektibong pagtuturo. Sa halip na sundin nang mekanikal ang materyal, ang guro ay gumagawa ng desisyong pedagogikal batay sa aktuwal na sitwasyon sa silid-aralan. Ang isa pang mahalagang anyo ng proaktibong pag-unlad ay ang kontekstuwalisasyon ng mga aralin:

“Kino-kontextualize namin na sa paraan po ng mga bagay na nakikita po sa lugar namin para mas madaling maintindihan po ng mga bata. Halimbawa ang venue ay instead na pabrika papalitan ng bukid para mas maintindihan.” pahayag mula sa ikatlong kalahok.

Ang ganitong praktis ay nakaangkla sa konsepto ng *funds of knowledge* (Moll et al., 1992), kung saan ang pagkatuto ay nagiging mas makabuluhan kapag ito ay nakabatay sa lokal na karanasan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang guro ay nagiging tagapag-desinyo ng karanasang pampagkatuto sa halip na simpleng tagapaghatid ng materyales. Isa pang malinaw na manipestasyon ng proaktibong inisyatiba ay ang paglikha ng sariling materyal at pagpopondo sa kakulangan:

“Nagp-print po ako ng mga puwedeng gagamitin ng bata kahit magastos minsan pero ginagawan ng paraan.” pahayag mula sa ikatlong kalahok

“Gumagawa ako ng mga PowerPoint [presentation] na ituturo kahit sa gabi sir kung walang ginagawa...” dagdag pa niya.

Ang ganitong gawain ay nagpapakita ng *adaptive expertise* (Hatano & Inagaki, 1986), kung saan ang guro ay hindi lamang sumusunod sa umiiral na materyal kundi aktibong lumilikha ng mga solusyon upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo. Ayon sa UNESCO (2023), ang ganitong uri ng guro ay kritikal sa mga sistemang may kakulangan sa *instructional resources at training support* dahil sila ang nagsisilbing *“frontline innovators”* sa edukasyon.

Sa kabuoan, ang kolaboratibo at proaktibong pagpapaunlad ng guro ay maaaring maunawaan bilang isang *dalawahang estratehiya* na sabayang isinasabuhay sa loob ng praktis ng pagtuturo. Ito ay kolaboratibo sapagkat ang guro ay patuloy na natututo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapuwa guro, at pakikilahok sa mga impormal na ugnayang pampropesyonal na nagsisilbing daluyan ng pagbabahaginan ng karanasan at kaalaman. Kasabay nito, ito rin ay proaktibo dahil ang guro mismo ang gumagawa ng mga hakbang upang matuto, umangkop, at lumikha ng mga angkop na solusyon sa kabila ng kakulangan ng

pormal na pagsasanay, na nagpapakita ng mataas na antas ng inisyatiba at responsibilidad sa sariling pag-unlad at sa kalidad ng pagtuturo.

Ayon sa OECD (2019), ang mga sistemang pang-edukasyon na umaasa sa pakikipagtulungan ng mga guro at inisyatiba ng mga guro ay mas nagiging matatag at kayang makaangkop sa panahon ng pagbabago ng polisiya at reporma sa kurikulum. Sa konteksto ng Pilipinas, ang MATATAG Curriculum ay nagiging mas epektibo hindi lamang dahil sa disenyo nito, kundi dahil sa aktibong pakikilahok at inisyatiba ng mga guro sa aktuwal na pagpapatupad nito.

Sa huli, ang “Kolaboratibo at Proaktibong Pagpapaunlad ng Guro” ay isang malinaw na estratehiyang pinangungunahan ng guro sa pagkatuto at pag-aangkop sa harap ng kakulangan ng pormal na pagsasanay sa *Enhanced MATATAG Curriculum*. Ipinapakita ng mga pahayag na ang guro ay hindi lamang tagatanggap ng pagsasanay, kundi isang *self-directed learner, collaborator, at instructional innovator*. Sa ganitong pananaw, ang guro ay nagsisilbing pundamental na haligi ng pagpapatuloy ng kalidad ng edukasyon, isang indibidwal na, sa kabila ng limitasyon ng sistema, ay patuloy na lumilikha ng kaalaman, solusyon, at makabuluhang karanasan sa pagkatuto para sa kanyang mga mag-aaral.

Makikita sa susunod na pahina ang talahanayan na nagpapakita ng buod ng mga nabuong tema hinggil sa mga estratehiyang ginagawa ng mga guro upang tugunan ang mga hamong kanilang kinahaharap sa paggamit ng mga lesson exemplars. Inilalarawan nito ang mahahalagang aspekto ng kanilang praktis na sumasaklaw sa inobatibong pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, epektibong pamamahala ng oras at pagdidisenyo ng gawaing pampagkatuto, at kolaboratibo at proaktibong pagpapaunlad ng guro. Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan ang kakayahan ng mga guro na umangkop at magpatuloy sa pagtuturo sa gitna ng mga hamon sa implementasyon ng kurikulum.

Buod ng mga Nabuong Tema Hinggil sa Mga Estratehiyang Ginagawa ng mga Guro upang Tugunan ang mga Hamong Kinahaharap sa Paggamit ng Lesson Exemplars

Tema	Deskripsyon
1. Inobatibo at Kontekstuwal na Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo	Tumutukoy ito sa mga estratehiya ng mga guro sa paglikha, pag-aangkop, at pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa aktuwal na konteksto ng silid-aralan. Binibigyang-diin dito ang paggamit ng malikhaing pamamaraan upang matugunan ang kakulangan sa mga aklat at pormal na materyal, habang isinasaalang-alang ang pangangailangan at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.
2. Epektibong Pamamahala ng Oras at Pagbuo ng Naaangkop na Disenyo ng Gawaing Pampagkatuto	Nakatuon ito sa kakayahan ng guro na mahusay na pamahalaan ang limitadong oras sa pagtuturo sa pamamagitan ng maingat na pagpapalano at pagdidisenyo ng mga gawaing pampagkatuto. Kabilang dito ang pag-prayoridad ng mga mahahalagang kompetensi at pagtiyak na ang mga gawain ay akma, episyente, at tumutugon sa inaasahang <i>learning outcomes</i> .
3. Kolaboratibo at Proaktibong Pagpapaunlad ng Guro	Tinutukoy nito ang sama-samang pagsisikap ng mga guro at ang kanilang inisyatiba sa patuloy na propesyonal na pag-unlad. Ipinapakita rito ang pagkatuto mula sa kapuwa guro, pagbabahagi ng mga estratehiya, at aktibong pag-angkop sa mga hamon ng kurikulum kahit sa kabila ng kakulangan sa pormal na pagsasanay.

Estratehiyang Inobasyon, Optimisasyon, at Propesyonalisasyon (InOPro)

Sa gitna ng iba't ibang hamong kinahaharap ng mga guro sa paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* sa implementasyon ng *Enhanced MATATAG Curriculum*, malinaw na hindi lamang simpleng pag-aangkop o pansamantalang pagtugon ang kanilang ginagawa upang maipagpatuloy ang makabuluhang pagkatuto. Sa halip, mula sa kanilang mga aktuwal na karanasan, praktis, at ibinahaging estratehiya sa loob ng silid-aralan, nabuo ang isang mas organizado at sistematikong balangkas ng pagtugon sa mga suliraning kinahaharap sa pagtuturo, ang InOPro o Inobasyon, Optimisasyon, at Propesyonalisasyon.

Mahalagang bigyang-diin na ang InOPro ay hindi nagmula sa abstraktong konseptuwalisasyon o simpleng teoretikal na pagpapalagay. Ito ay isinilang mula mismo sa mga natuklasang hamon sa paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* at sa mga estratehiyang ibinahagi ng mga guro upang tugunan ang mga hamong ito sa aktuwal na konteksto ng silid-aralan. Kabilang sa mga pangunahing suliraning nararanasan ng mga guro ang kakulangan sa kagamitang pampagtuturo, limitadong oras sa pagtuturo, kakulangan sa sapat na pagsasanay kaugnay ng implementasyon ng *Enhanced MATATAG Curriculum*, at pangangailangang iangkop ang nilalaman sa konteksto ng mga mag-aaral. Mula sa masusing pagsusuri sa kanilang mga karanasan at praktis, lumitaw ang tatlong mahalagang estratehiya o *pivotal strategies* na nakaugat sa umiiral nang mga pamamaraan ng mga guro bilang pangunahing tagapagpatupad o *frontliners* sa paggamit ng mga *lesson exemplar*.

Bilang balangkas ng estratehikong pagtugon, ang InOPro ay higit pang pinagtibay sa pamamagitan ng mga umiiral na legal na mandato at teoritikal na batayan sa larangan ng edukasyon. Dahil dito, hindi lamang ito nananatiling koleksiyon ng mga karanasan at mungkahi ng mga guro, kundi nagiging isang matibay at sistematikong balangkas na may legal, pedagogikal, at teoritikal na pundasyon. Ipinakikita rin nito na ang mga guro ay hindi lamang tagatanggap o tagapagpatupad ng kurikulum, kundi mga aktibong tagapaglikha ng mga estratehiya at solusyong pedagogikal na nakaugat sa kanilang pag-unawa sa realidad ng edukasyon.

Sa pamamagitan ng Inobasyon, naipakikita ng mga guro ang kanilang kakayahang lumikha at mag-aangkop ng mga estratehiya at kagamitang pampagtuturo upang maging mas kontekstuwalisado at makahulugan ang mga *lesson exemplar*. Sa Optimisasyon naman, higit nilang napahuhusay ang paggamit ng limitadong oras, kagamitan, at iba pang mapagkukunan upang mapanatili ang episyente at epektibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Samantala, sa Propesyonalisasyon, binibigyang-diin ang kahalagahan ng patuloy na paglinang sa kaalaman, kasanayan, at pedagogikal na kakayahan ng mga guro upang higit silang maging handa sa mga pagbabago sa kurikulum at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Higit sa lahat, ang InOPro ay hindi lamang simpleng tugon sa mga hamon sa paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars*, kundi isang pangmatagalang mekanismo upang higit na mapataas ang antas ng kaangkupan, pagtanggap, at paggamit ng mga *lesson exemplar* sa aktuwal na proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa mas malalim na pananaw, maituturing din itong isang mahalagang *antidote* o lunas sa mga pangunahing suliraning nararanasan ng mga guro, partikular sa kakulangan ng kagamitang pampagtuturo, limitadong oras, at kakulangan sa mga pagsasanay at suportang propesjonal. Sa halip na manatili sa kultura ng tahimik na pagtitiis at paulit-ulit na pag-aangkop, ipinakikita ng InOPro na may kakayahan ang mga guro na sistematikong baguhin at paghusayin ang mga kondisyong nakaaapekto sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

Sa kabuoan, pinatutunayan ng InOPro na ang tunay na pagbabago sa edukasyon ay hindi lamang nagmumula sa mga dokumento ng kurikulum o sa mga polisiyang ipinapatupad, kundi sa mga gurong araw-

araw na humaharap sa realidad ng silid-aralan at patuloy na lumilikha ng mga makabuluhang paraan upang mapanatiling epektibo, angkop, at makahulugan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Makikita sa ibaba ang mas detalyadong paghimay sa pinag-ugatan ng tatlong estratehiyang InOPro (Inobasyon, Optimisasyon, at Propesyonalisasyon), kalakip ang mga legal at teoritikal na naging batayan nito bukod sa mga pahayag na ibinahagi ng mga guro.

1. Inobasyon

Ang inobasyon bilang estratehiya ay nakatuon sa sistematikong paglikha, pag-aangkop, at pagpapayaman ng mga kagamitang pampagtuturo upang matugunan ang kakulangan sa *instructional materials* sa paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars*. Hindi lamang ito simpleng paggawa ng alternatibong kagamitan dahil walang sapat na libro o materyal; bagkus, ito ay isang malalim na *pedagogical process* ng *contextualization*, *localization*, at *meaning construction* upang maging higit na makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa konteksto ng implementasyon ng MATATAG Curriculum, isa sa pinakamalaking hamon ng mga guro ay ang limitadong *availability* ng mga kagamitang pampagtuturo. Dahil dito, napipilitan ang mga guro na maging mapamaraan at malikhaing tagapagdisenyo ng mga kagamitang pampagtuturo. Gayunman, ang prosesong ito ay hindi lamang produkto ng pangangailangang punan ang kakulangan; ito ay nagiging isang anyo ng *pedagogical innovation* kung saan ginagamit ng guro ang kaniyang propesyonal na paghatol upang makabuo ng mga kagamitang naaayon sa konteksto, kultura, karanasan, at antas ng mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng mga palihan o *workshop* sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, nagiging kolaboratibo ang proseso ng paglikha ng *instructional materials*. Ang mga guro ay hindi na lamang indibidwal na lumilikha ng kagamitan, kundi nagiging bahagi ng isang komunidad ng mga *practitioner* na sama-samang bumubuo ng *localized at context-sensitive resources*. Ang *learning resource packs* naman ay nagsisilbing mekanismo ng *accessibility at shared instructional support* upang matiyak na kahit sa gitna ng kakulangan sa kagamitan ay may magagamit na materyal na susuporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa mas malalim na pananaw, ipinakikita ng estratehiyang ito na ang inobasyon ay hindi lamang teknikal na pagbabago kundi isang proseso ng demokratikong paglikha ng kaalaman. Ang guro ay hindi na lamang tagapaghatid ng impormasyong nakapaloob sa lesson exemplar; siya ay nagiging tagapagpaliwanag ng kurikulum (*curriculum interpreter*), tagapagdisenyo ng pagkatuto (designer), at tagapagpasimula ng mga inobasyon sa pagtuturo (innovator). Sa ganitong paraan, mas nagiging buhay ang kurikulum dahil naiuugnay ito sa aktuwal na realidad ng mga mag-aaral.

Mahigpit na nakaugat ang estratehiyang ito sa mga polisiya ng edukasyon sa Pilipinas. Una, binibigyang-diin ng *RA 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013* ang kahalagahan ng *learner-centered*, *inclusive*, at *context-responsive curriculum*. Ayon sa batas na ito, ang kurikulum ay kinakailangang umangkop sa lokal na konteksto, kultura, at pangangailangan ng mga mag-aaral. Dahil dito, nagiging mahalaga ang kontekstuwalisasyon ng *lesson exemplars* upang hindi maging mekanikal ang pagtuturo kundi mas tumutugon sa tunay na kalagayan ng mga mag-aaral.

Kaakibat nito, itinataguyod din ng DepEd Order No. 42, s. 2016 ang wastong paghahanda ng aralin at paggamit ng *contextualization sa lesson preparation*. Binibigyang-diin ng polisiyang ito na ang mga kagamitang pampagtuturo ay kailangang maging makabuluhan at angkop sa antas, kultura, at karanasan ng mga mag-aaral. Kaya naman, ang paglikha ng *localized instructional materials* ay hindi lamang isang opsilyon kundi isang mahalagang *pedagogical responsibility* ng guro.

Nakaugat ang estratehiyang ito sa *Constructivist Theory* nina Piaget at Vygotsky. Ayon sa teoryang ito, ang pagkatuto ay hindi simpleng pagtanggap lamang ng impormasyon kundi isang aktibong proseso ng pagbuo ng kahulugan batay sa karanasan at interaksyon ng mag-aaral sa kaniyang kapaligiran. Dahil dito, nagiging mahalaga ang paggamit ng kontekstuwalisadong materyal sapagkat mas madaling nakabubuo ng koneksiyon ang mga mag-aaral sa aralin kapag ito ay malapit sa kanilang karanasan at realidad.

Samantala, pinagtitibay naman ng *Situated Learning Theory* nina Lave at Wenger na higit na nagiging makabuluhan ang pagkatuto kapag ito ay nakaugat sa tunay na sitwasyon at panlipunang konteksto. Ang mga mag-aaral ay hindi natututo nang hiwalay sa kanilang komunidad; sa halip, natututo sila sa pamamagitan ng aktuwal na paggamit ng kaalaman sa mga makabuluhang sitwasyon. Kaya naman, ang mga *localized at contextualized learning materials* ay nagiging mahalagang tulay upang higit na maging awtentiko ang pagkatuto.

Sa kabuoan, ipinakikita ng Inobasyon na ang kakulangan sa kagamitan ay hindi nagiging hadlang upang makapagbigay ng kalidad na edukasyon. Sa halip, ito ay nagiging oportunidad upang higit na mapaunlad ang *pedagogical creativity, adaptability, at innovativeness* ng mga guro.

2. Optimisasyon

Ang optimisasyon ay nakatuon sa episyente, masinop, at estratehikong paggamit ng oras sa proseso ng pagtuturo upang matugunan ang limitasyon sa oras sa paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars*. Sa ilalim ng MATATAG Curriculum, naging malaking hamon sa mga guro ang pagsisiksik ng mga kompetensi, gawain, at pagtataya sa limitadong oras ng klase. Dahil dito, nagiging mahalaga ang kakayahan ng guro na muling ayusin, piliin, at idisenyo ang mga gawaing pampagkatuto upang mapanatili ang kalidad ng pagkatuto kahit may restriksiyon sa oras.

Sa estratehiyang ito, mahalaga ang paggamit ng *time-adjusted lesson exemplar guide* bilang mekanismo ng balanseng distribusyon ng oras sa bawat bahagi ng aralin. Sa pamamagitan nito, naiiwasan ang labis na pagtuon sa isang bahagi lamang ng aralin habang napapabayaang ang ibang mahalagang bahagi ng pagkatuto. Ang maayos na pagkakasunod-sunod o *sequencing* ng gawain ay nagiging susi upang maging mas organisado at sistematiko ang pagtuturo.

Kasabay nito, ginagamit din ang *differentiated instruction* upang matiyak na ang mga gawain ay naaayon sa iba't ibang antas ng kakayahan, interes, at pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa halip na iisang pamamaraan lamang ang gamitin, nagiging *flexible* ang disenyo ng pagtuturo upang mas maging episyente ang pagkatuto. Sa ganitong paraan, hindi nasasayang ang oras sa mga gawaing hindi akma sa antas ng mga mag-aaral.

Sa mas malalim na pagtingin, ang optimisasyon ay hindi simpleng “pagmamadali” upang matapos ang aralin. Ito ay isang proseso ng *pedagogical prioritization* kung saan pinipili ng guro ang pinakamahalagang *learning experiences* upang makamit ang *mastery learning* sa limitadong oras. Ipinakikita nito ang kakayahan ng guro na maging *adaptive at strategic* sa harap ng restriksiyon ng sistema.

Ang estratehiyang ito ay nakabatay sa DepEd Order No. 42, s. 2016, na nagbibigay-diin sa mahusay at episyenteng *lesson planning* upang maging organisado ang proseso ng pagtuturo. Binibigyang-halaga rito ang maingat na pagdidisenyo ng mga gawain upang maging makabuluhan at epektibo ang paggamit ng oras sa klase.

Kaakibat nito, itinataguyod din ng DepEd Order No. 8, s. 2015 hinggil sa *classroom assessment* ang *mastery learning* at episyenteng pagtataya. Ipinahihiwatig nito na kailangang maging makabuluhan at

nakuon sa pagkatuto ang mga pagtataya o *assessment* sa halip na maging dagdag na pasanin lamang sa oras ng klase.

Samantala, ang *RPMS-PPST Framework* ay nagsusulong ng *results-based performance at efficiency* sa pagtuturo. Kaya naman, mahalaga sa isang guro ang kakayahang magdisenyo ng episyente at epektibong karanasang pampagkatuto o *learning experiences* upang matiyak ang kalidad ng edukasyon.

Nakaugat ang optimisasyon sa *Cognitive Load Theory* ni Sweller. Ayon sa teoryang ito, may limitasyon ang kapasidad ng *working memory* ng tao. Kapag labis ang impormasyon o hindi organisado ang presentasyon ng aralin, nagkakaroon ng *cognitive overload* na nagiging hadlang sa pagkatuto. Dahil dito, mahalaga ang maayos na disenyo ng aralin at tamang pagkakasunod-sunod ng gawain upang mapadali ang pagproseso ng impormasyon ng mga mag-aaral.

Samantala, pinagtitiyap naman ng *Differentiated Instruction Theory* ni Tomlinson na mas nagiging epektibo ang pagkatuto kapag isinasaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng kakayahan, interes, at pangangailangan ng mga mag-aaral. Kaya naman, ang *flexible at adaptive* na disenyo ng mga gawain ay nagiging mahalagang estratehiya upang mapataas ang *engagement at learning outcomes* ng mga mag-aaral sa limitadong oras.

3. Propesyonalisasyon

Ang propesyonalisasyon ay nakatuon sa patuloy, sistematiko, at kolaboratibong pagpapaunlad ng guro bilang propesyonal upang matugunan ang kakulangan sa pagsasanay hinggil sa paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* at implementasyon ng MATATAG Curriculum. Higit pa sa simpleng pagdalo sa *seminar o training*, ang propesyonalisasyon ay isang proseso ng tuloy-tuloy na paghubog sa kakayahan, pananaw, at propesyonal na identidad ng guro.

Sa pamamagitan ng *Individual Development Plan (IDP)*, nagkakaroon ng malinaw na direksiyon ang personal at propesyonal na pag-unlad ng guro. Tinutulungan nito ang mga guro na tukuyin ang kanilang mga kahinaan, pangangailangan, at target na kasanayan upang higit nilang mapaunlad ang kanilang *pedagogical competence*.

Kasabay nito, mahalaga rin ang papel ng INSET at *Learning Action Cell (LAC)* bilang espasyo ng kolaboratibong pagkatuto. Sa mga gawaing ito, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga guro na magbahaginan ng karanasan, estratehiya, at pinakamahusay na praktis sa paggamit ng *lesson exemplars*. Dahil dito, hindi nagiging *isolated* ang proseso ng pagkatuto ng guro kundi nagiging kolektibong paglinang ng propesyonal na kaalaman.

Nakaugat ito sa *RA 9155 o Governance of Basic Education Act of 2001*, na nagsusulong ng *shared governance at capacity building* sa sektor ng edukasyon. Binibigyang-diin ng batas na mahalagang mapaunlad ang kakayahan ng mga guro upang matiyak ang kalidad ng edukasyon. Pinagtitiyap rin ito ng *DepEd Order No. 35, s. 2016*, na nagtataguyod ng *Learning Action Cell (LAC)* bilang *school-based mechanism* para sa *professional development* ng mga guro. Sa pamamagitan nito, nagiging tuloy-tuloy at kontekstuwalisado ang pagkatuto ng mga guro.

Samantala, ang *DepEd Order No. 42, s. 2017* hinggil sa *Philippine Professional Standards for Teachers (PPST)* ay nagtatakda ng mga pamantayan para sa patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro. Ipinahihiwatig nito na ang pagiging guro ay hindi natatapos sa pagkakaroon ng lisensiya kundi isang tuloy-tuloy na proseso ng paglinang ng kahusayan. Nakabatay ang estratehiyang ito sa *Adult Learning Theory* ni Knowles, na nagsasaad na ang mga *adult learner* tulad ng mga guro ay *self-directed* at natututo

batay sa kanilang pangangailangan at karanasan. Dahil dito, mahalagang magkaroon ng mga pagsasanay at *professional development activities* na may kaugnayan sa aktuwal na hamon ng kanilang pagtuturo.

Pinagtitibay rin ito ng *Communities of Practice Theory* nina Lave at Wenger, na nagsasabing ang pagkatuto ay higit na lumalalim sa pamamagitan ng kolaborasyon at partisipasyon sa isang komunidad ng mga praktisyuner. Sa pamamagitan ng LAC at iba pang *collaborative spaces*, nagiging kolektibo ang pagbuo ng kaalaman at *pedagogical innovation* ng mga guro.

Sa kabuoan, ipinakikita ng Propesyonalisasyon na ang kalidad ng edukasyon ay hindi lamang nakasalalay sa kurikulum o mga kagamitang pampagtuturo, kundi higit sa kakayahan ng gurong patuloy na natututo, umaangkop, at nagpapaunlad ng kaniyang propesyonal na praktis.

Makikita sa susunod na pahina ang talahanayan hinggil sa tatlong (3) nabuong estratehiya kalakip ang biswal na representasyon nito.

BISWAL NA REPRESENTASYON NG ESTRATEHIYANG InOPro



MGA ESTRATEHIYA SA PAGPAPATAAS NG KAANGKUPAN, PAGTANGGAP, AT PAGGAMIT NG FILIPINO 7 LESSON EXEMPLARS

MGA HAMON	TUGON SA MGA HAMON	MGA ESTRATEHIYA	PINALAWAK NA PALIWANAG NG ESTRATEHIYA	LEGAL NA BATAYAN	TEORETIKAL NA BATAYAN
1. Kakulangan sa mga Kagamitang Panturo	Inobatibo at Kontekstuwal na Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo	INOBASYON	Ang estratehiyang ito ay nakatuon sa sistematikong paglikha ng makabago at kontekstuwalisadong kagamitang panturo upang matugunan ang kakulangan ng instructional materials. Sa pamamagitan ng mga workshop sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, naitataguyod ang kolaboratibong paglikha ng mga materyales na nakabatay sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral at konteksto ng paaralan. Ang learning resource pack ay nagsisilbing mekanismo ng accessibility at shared instructional support upang mapataas ang kalidad ng pagtuturo.	<ul style="list-style-type: none"> • RA 10533 (Enhanced Basic Education Act of 2013) – nagtataguyod ng learner-centered at context-responsive curriculum. • DepEd Order No. 42, s. 2016 – gabay sa contextualization at lesson preparation. 	<ul style="list-style-type: none"> • Constructivist Theory (Piaget & Vygotsky) – ang kaalaman ay binubuo ng mag-aaral batay sa karanasan at konteksto. • Situated Learning Theory (Lave & Wenger) – natututo ang mag-aaral sa aktuwal na sitwasyong may kahulugan.
2. Limitasyon sa Oras	Epektibong Pamamahala ng Oras at Pagbuo ng naaangkop na Disenyo ng Gawaing Pampagkatuto	OPTIMISASYON	Ang estratehiyang ito ay nakatuon sa masinop at episyenteng pamamahala ng oras sa pagtuturo sa pamamagitan ng maingat na disenyo ng mga gawaing pampagkatuto. Ang time-adjusted lesson exemplar guide ay nagsisilbing gabay	<ul style="list-style-type: none"> • DepEd Order No. 42, s. 2016 – nagpapalakas ng efficient lesson planning. • DepEd Order No. 8, s. 2015 (Policy Guidelines on Classroom Assessment) – nagbibigay-diin sa mastery learning at efficiency sa assessment. • RPMS-PPST Framework – nagsusulong ng efficiency at results-based performance ng guro. 	<ul style="list-style-type: none"> • Cognitive Load Theory (Sweller) – ang maayos na disenyo ay nagpapababa ng overload sa pagkatuto. • Differentiated Instruction Theory (Tomlinson) – pagtuturo batay sa antas, interes, at pangangailangan ng mag-aaral.
3. Kakulangan sa Pagsasanay	Kolaboratibo at Proaktibong Pagpapaunlad ng Guro	PROPESYONALISASYON	Ang estratehiyang ito ay nakatuon sa patuloy at sistematikong paglinang ng guro bilang propesyonal sa pamamagitan ng kolaborasyon at self-directed development. Ang Individual Development Plan (IDP) ay nagsisilbing gabay sa personal na propesyonal na paglago. Ang INSET ay nagbibigay ng kolektibong pagsasanay upang mapalalim ang kaalaman sa MATATAG Curriculum at paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplar.	<ul style="list-style-type: none"> • RA 9155 (Governance of Basic Education Act of 2001) – nagsusulong ng shared governance at capacity building. • DepEd Order No. 35, s. 2016 (LAC System) – nagtataguyod ng school-based professional development. • DepEd Order No. 42, s. 2017 (PPST) – standard sa propesyonal na pag-unlad ng guro. 	<ul style="list-style-type: none"> • Adult Learning Theory (Knowles) – ang guro ay self-directed learner. • Communities of Practice (Lave & Wenger) – natututo ang guro sa pamamagitan ng kolaboratibong komunidad ng propesyonal.

LAGOM NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang suriin ang kaangkupan, pagtanggap, at paggamit ng Filipino 7 Lesson Exemplars (FIL7-LEx) sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum batay sa persepsiyon ng mga gurong Nilayon nitong matukoy ang profayl ng mga guro, ang antas ng kaangkupan ng mga lesson exemplar ayon sa mga pangunahing katangian ng kurikulum, ang antas ng pagtanggap at paggamit nito, ang ugnayan ng profayl ng mga guro sa kanilang persepsiyon, at ang mga hamong kinakaharap sa implementasyon maging ang mga estratehiyang kanilang ginagawa upang tugunan ang mga ito.

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik at kinapalooban ng apatnapung (40) guro bilang mga *respondent*. Ang datos ay tinipon sa pamamagitan ng talatanungan at sinuri gamit ang mga estadistikal na pamamaraan tulad ng *frequency*, *percentage*, at *mean*. Ang mga nakalap na datos ay nagsilbing batayan upang mabigyang-linaw ang kalagayan ng paggamit ng FIL7-LEx at makapaglatag ng mga kongklusyon at rekomendasyon para sa pagpapabuti ng implementasyon ng kurikulum


MGA NATUKLASAN

Batay sa pagsusuri at interpretasyon ng mga datos, ang sumusunod ay ang mahahalagang natuklasan ng pag-aaral alinsunod sa mga inilahad na suliranin:

Kaugnay ng unang suliranin hinggil sa profayl ng mga guro, lumabas na mula sa kabuoang apatnapung (40) *respondent*, pinakamalaking bahagdan o 47.5% ng mga guro ay may anim hanggang sampung taong karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, na nagpapahiwatig na sila ay nasa antas na ng pagiging bihasa sa kanilang propesyon. Natuklasan din na malaking porsiyento (47.5%) ng mga *respondent* ay may yunit sa masterado, na sumasalamin sa kanilang patuloy na propesyonal na pag-unlad. Gayunpaman, 85% ng mga guro ang nakadalo lamang ng isa hanggang dalawang pagsasanay kaugnay sa *Enhanced MATATAG Curriculum*, isang nakababahalang ulat na nagpapakita ng kakulangan sa pagsasanay. Dagdag pa rito, natukoy na 50% sa mga *respondent* ang may limitadong pagsasanay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo at 42.5% naman ang wala pang nagagawang kahit na anumang kagamitang panturo, na nagpapahiwatig ng pangangailangan sa pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa larangang ito.

Tungkol naman sa ikalawang suliranin na tumutukoy sa antas ng kaangkupan ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* sa mga pangunahing katangian ng *Enhanced MATATAG Curriculum*, lumabas na sa kabuoan ay itinuturing itong naaangkop batay sa persepsiyon ng mga guro na may kabuoang mean na 4.00 at may deskriptibong interpretasyong “Naaangkop.” Pinakamataas naman ang antas ng kaangkupan sa aspektong paghubog ng kagandahang-asal at edukasyong pangkapayapaan, na nagtamo ng mean na 4.67. Sa aspekto ng paglinang ng batayang kasanayan, 55.0% ng mga *respondent* ang nagsabing naipakikita sa mga *lesson exemplar* ang paglinang ng kasanayang literasi, habang 47.5% naman ang nagpahayag na naipakikita rin dito ang paggamit ng kasanayang numerasiya. Samantala, 55.0% din ng mga *respondent* ang nagsabing nakatutulong ang *lesson exemplar* sa paglinang ng pangunahing kasanayang kognitibo tulad ng pagsusuri at pag-uugnay ng idea. Gayunpaman, lumitaw din sa resulta na may suliranin sa hindi pagtutugma ng dami ng nilalaman at oras na inilaan sa pagtuturo, na nagiging hadlang sa mas malalim na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa ikatlong suliranin hinggil sa antas ng pagtanggap at paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars*, lumabas na mataas ang pagtanggap ng mga guro sa mga materyal na may *overall mean* na 4.12 na may



deskriptibong interpretasyong “Mataas na Pagtanggap at Paggamit.” Sa tatlong salik na sinuri, nakapagtala ang kontekstuwalisasyon ng mean na 4.20, praktikalidad na 3.85, at adaptabilidad na 4.31. Natuklasan din na 47.5% ng mga *respondent* ang tumugon ng “napakataas” hinggil sa integrasyon ng kultura, paniniwala, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa disenyo ng aralin. Samantala, 60.0% naman ang nagbigay ng “mataas” na antas sa kakayahan ng mga *lesson exemplar* na magbigay ng kalayaan sa guro upang maiangkop ang mga gawain batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, 57.5% ng mga *respondent* ang nagbigay ng “napakataas” na antas sa kalayaan ng gurong baguhin o pagyamanin ang mga gawain, habang 50.0% naman ang nagbigay ng “mataas” na antas sa kakayahang iakma ang aralin ayon sa antas ng kakayahan, interes, at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Kaugnay ng ikaapat na suliranin, natuklasan na walang makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga guro sa kanilang persepsiyon hinggil sa kaangkupan at paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars*. Lumabas sa inferensyal na pagsusuri na ang lahat ng *computed p-values* ay mas mataas kaysa sa itinakdang *alpha level* na 0.05 ($p > .05$), na nagpapatunay na walang makabuluhang istatistikal na kaugnayan sa pagitan ng taon sa pagtuturo, antas ng edukasyon, lawak ng pagsasanay, at persepsiyon ng mga guro hinggil sa *lesson exemplars*.

Samantala, sa ikalimang suliranin, natukoy ang ilang mahahalagang hamon sa paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars*. Kabilang dito ang kakulangan sa sapat at tuloy-tuloy na pagsasanay sa MATATAG Curriculum, limitasyon sa oras, at kakulangan sa mga kagamitan. Ang mga hamong ito ay may direktang nakaapekto sa kalidad ng implementasyon ng mga *lesson exemplar* at sa kabuoang pagkatuto ng mga mag-aaral.

KONGKLUSYON

Batay sa masusing pagsusuri ng mga datos at natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon. Ang mga gurong nagtuturo ng Filipino 7 sa Ikalimang Distrito ng Pangasinan ay may sapat na karanasan at patuloy na pag-unlad na propesyonal, subalit nananatiling kapos sa mga pagsasanay hinggil sa *Enhanced MATATAG Curriculum* at sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na nakaapekto sa kanilang kahandaan sa implementasyon at sa kalidad ng pagkatuto. Naaangkop ang *Filipino 7 Lesson Exemplars* sa pagpapaunlad ng *values formation, 21st century skills*, at batayang kasanayan ng MATATAG Curriculum, ngunit may mga isyung kaugnay ng oras, dami ng nilalaman, at pag-angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral na nakaapekto sa lalim ng pagkatuto. Mataas ang antas ng pagtanggap at paggamit ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* dahil sa kontekstuwalisasyon, praktikalidad, at adaptabilidad nito, kung saan ang kakayahan ng guro na iangkop ang mga gawain ang itinuturing na pinakamahalaga, bagaman nananatiling hamon ang kakulangan sa oras at paghahanda.

Samantala, walang makabuluhang kaugnayan ang propayl ng guro gaya ng taon sa serbisyo, antas ng edukasyon, at bilang ng pagsasanay sa kanilang persepsiyon at paggamit ng *lesson exemplars*, na nagpapahiwatig na higit na nangingibabaw ang disenyo ng materyal at mga salik institusyonal kaysa sa personal na katangian ng guro. At panghuli, ang pangunahing hamon sa implementasyon ay ang kakulangan sa kagamitang panturo, limitasyon sa oras, at kakulangan sa pagsasanay ng mga guro, na magkakaugnay na humahadlang sa ganap at epektibong paggamit ng mga *lesson exemplar*.

REKOMENDASYON

Batay sa mga kongklusyon ng pag-aaral, ang sumusunod na mga rekomendasyon ay inihahain upang higit na mapahusay ang implementasyon ng Filipino 7 Lesson Exemplars sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum:

1. Bilang tugon sa natukoy na kakulangan sa pagsasanay ng mga guro, iminumungkahi ang pagpapatupad ng sistematiko at tuloy-tuloy na *capacity building programs* na nakatuon sa *Enhanced MATATAG Curriculum* at sa paglinang ng kagamitang pampagtuturo. Maaaring maisakatuparan ito sa antas ng distrito o dibisyon sa pamamagitan ng regular na *LAC sessions*, *workshops*, at *mentoring programs* na naglalayong palakasin ang kahandaan ng mga guro sa epektibong implementasyon ng kurikulum.
2. Upang mabigyang tugon ang mga suliraning may kaugnayan sa oras, dami ng nilalaman, at pag-aangkop ng mga gawain, kinakailangang isagawa ang pagpapagaan ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* upang matiyak ang angkop na ugnayan ng oras at lalim ng talakayan. Dagdag pa rito, mahalagang makabuo ng gabay o *differentiated activity bank* na tutugon sa magkakaibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.
3. Upang matugunan ang hamon sa praktikalidad at paghahanda ng mga guro, inirerekomenda ang pagbuo ng mga handa nang gamitin at kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo na madaling maiangkop sa iba't ibang konteksto ng paaralan. Bukod dito, ang pagtatatag ng pinag-isang imbakan ng mga kagamitang panturo at mabubuting praktis ay makatutulong sa pagpapagaan ng paghahanda ng mga guro at pagpapahusay ng implementasyon.
4. Batay sa kawalan ng makabuluhang ugnayan ng propayl ng mga guro sa kanilang persepsiyon, kinakailangang higit na pagtibayin ang institusyonal na suporta kaysa umasa sa indibidwal na katangian ng guro. Iminumungkahi ang mahigpit na pagpapatupad ng istandardisadong implementasyon sa pamamagitan ng malinaw na mga polisiya, gabay, at *monitoring mechanisms* mula sa pamunuan ng paaralan at dibisyon.
5. Upang tugunan ang kakulangan sa kagamitang panturo, oras, at pagsasanay, nararapat ang sapat na paglalaan ng pondo at iba pang kinakailangang sanggunian para sa kagamitang panturo at teknolohikal na kagamitan. Kasabay nito, kailangang tiyakin ang angkop na alokasyon ng oras ng pagtuturo batay sa saklaw ng aralin at patuloy na pagsasagawa ng mga pagsasanay para sa mga guro.
6. Sa kabuoan, iminumungkahi ang pagbuo at implementasyon ng isang komprehensibong plano ng gawain na nakatuon sa *capacity building*, *instructional adaptation*, *material development*, at tuloy-tuloy na *monitoring* at *evaluation*. Mahalaga ang aktibong kolaborasyon ng mga guro, tagapamahala ng paaralan, at tagapagpapatupad ng kurikulum upang matiyak ang epektibo, episyente, at sustenableng pagpapatupad ng *Filipino 7 Lesson Exemplars* sa ilalim ng *Enhanced MATATAG Curriculum*.
7. Para sa mga susunod na mananaliksik, magsagawa ng mas malalim at mas malawak na pag-aaral. Inirerekomenda na ang mga susunod na pag-aaral ay gumamit ng mas malaking *sample size* at iba't ibang konteksto upang mas mapalawak ang *generalizability* ng resulta. Maaari ring gamitin ang mixed-methods o experimental designs upang masuri hindi lamang ang persepsiyon kundi pati ang aktuwal na epekto ng Filipino 7 Lesson Exemplars sa academic performance at learning outcomes ng mga mag-aaral. Higit pa rito, mahalagang tuklasin ang pangmatagalang hatid na pagbabago ng



MATATAG Curriculum upang matukoy ang tunay nitong ambag sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa bansa.

SANGGUNIAN

- Alonzo, J., & Cruz, M. (2022). Teachers' acceptance of standardized learning materials in the K to 12 curriculum. *Journal of Philippine Education Research*, 14(1), 45–58.
- Anderson, L. W., & Krathwohl, D. R. (Eds.). (2001). *A taxonomy for learning, teaching, and assessing: A revision of Bloom's taxonomy of educational objectives*. Longman.
- Anselmo, R. G., Briz, M. A., & Castillo, A. S. (2025). Teachers' perceptions of lesson exemplars in relation to MELCs alignment. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 6(1), 112–125. <https://ijmaberjournal.org/index.php/ijmaber/article/view/2848>
- Apuan, L. C., & Rabago, M. J. (2025). *Peace education bilang tagapaglinang ng empatiya at paggalang sa pagkakaiba-iba sa Senior High School* [Unpublished manuscript].
- Aquino, R., & Rivera, L. (2023). Contextualized instructional materials and learner engagement in secondary education. *Philippine Journal of Curriculum Studies*, 8(2), 34–49.
- Auerbach, E. (2000). Critical pedagogy and ELT. *TESOL Quarterly*, 34(1), 163–166. <https://doi.org/10.2307/3588016>
- Bandura, A. (1997). *Self-efficacy: The exercise of control*. W. H. Freeman.
- Banks, J. A., & Banks, C. A. M. (2019). *Multicultural education: Issues and perspectives* (10th ed.). Wiley.
- Bernardo, A. B. I. (2017). Curriculum localization and contextualization in Philippine education. *Philippine Journal of Educational Reform*, 5(1), 12–28.
- Bernardo, A., & Sevilla, P. (2021). Top-down curriculum implementation in Philippine public schools: A contextual analysis. *Asian Education Review*, 12(3), 89–104.
- Bihag, A. M., Aclao, J. T., & Dagondon, J. M. (2025). Alignment of lesson exemplars with MATATAG curriculum principles. *Ennoia Advances in Social Science, Technology and Education*, 3(1), 45–56. <https://ennoia-asste.org/index.php/asste/article/view/8>
- Bill & Melinda Gates Foundation. (2018). *Research on instructional materials and teacher effectiveness*. <https://www.gatesfoundation.org>
- Braun, v., & Clarke, v. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77–101. <https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa>



-
- Braun, v., & Clarke, v. (2012). Thematic analysis. In *APA handbook of research methods in psychology: Vol. 2. Research designs: Quantitative, qualitative, neuropsychological, and biological* (pp. 57–71). American Psychological Association. <https://doi.org/10.1037/13620-004>
- Briones, L. (2022). *Revisiting K to 12: Insights and reforms for MATATAG education*. DepEd Press.
- Bruner, J. S. (1966). *Toward a theory of instruction*. Harvard University Press.
- Cabardo, M., & Torres, G. (2023). Teacher readiness in the implementation of the MATATAG Curriculum in selected public schools in Luzon. *Philippine Journal of Educational Development*, 19(2), 67–81.
- Canagahan, J. A. (2025). *Integrasyon ng peace education at paglinang ng mga pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Davao del Sur* [Unpublished manuscript].
- Chandler, A. D. (1962). *Strategy and structure: Chapters in the history of the industrial enterprise*. MIT Press.
- Chingos, M. M., & Whitehurst, G. J. (2012). *Choosing blindly: Instructional materials, teacher effectiveness, and the Common Core*. Brookings Institution. <https://www.brookings.edu>
- Collins, A., Brown, J. S., & Newman, S. E. (1989). Cognitive apprenticeship: Teaching the crafts of reading, writing, and mathematics. In L. B. Resnick (Ed.), *Knowing, learning, and instruction: Essays in honor of Robert Glaser* (pp. 453–494). Lawrence Erlbaum Associates.
- Commission on Audit. (2019, August 9). COA report: PHP 254M went to ‘error-filled’ DepEd books. *Philippine Daily Inquirer*. <https://www.inquirer.net>
- Commission on Audit. (2021). *Audit report on the Department of Education programs and implementation gaps*. COA Philippines.
- Commission on Higher Education. (2017). *CHED Memorandum Order No. 74, s. 2017*. <https://ched.gov.ph>
- Congress of the Philippines. (2001). *Republic Act No. 9155: Governance of Basic Education Act of 2001*. Official Gazette of the Republic of the Philippines.
- Congress of the Philippines. (2013). *Republic Act No. 10533: Enhanced Basic Education Act of 2013*. Official Gazette of the Republic of the Philippines.
- Courey, K. A., & Lee, M. D. (2021). A model-based examination of scale effects in student evaluations of teaching. *AERA Open*, 7, 1–16. <https://doi.org/10.1177/23328584211040083>
- Dadul, M. A. C., Santos, R. L., & Reyes, E. B. (2025). Teachers’ sentiments on MATATAG curriculum. *East Asian Journal of Multidisciplinary Research*, 4(6), 2551–2568. <https://doi.org/10.55927/eajmr.v4i6.9421>
-



-
- Darling-Hammond, L. (2017). Teacher education around the world. *European Journal of Teacher Education*, 40(3), 291–309. <https://doi.org/10.1080/02619768.2017.1315399>
- Darling-Hammond, L., & Bransford, J. (2005). *Preparing teachers for a changing world*. Jossey-Bass.
- Darling-Hammond, L., & Snow, R. (2019). Teacher learning and instructional improvement in context. *Educational Researcher*, 48(5), 234–248.
- Darling-Hammond, L., Hyler, M. E., & Gardner, M. (2017). *Effective teacher professional development*. Learning Policy Institute.
- David, A. L. (2022). Digital literacy and communicative competence. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(4), 1–15. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.342>
- David, R. (2018). *Language, culture, and education: Filipino as a medium of instruction*. University of the Philippines Press.
- Davis, F. D. (1989). Perceived usefulness, perceived ease of use, and user acceptance of information technology. *MIS Quarterly*, 13(3), 319–340. <https://doi.org/10.2307/249008>
- De Dios, R. J., & Santos, M. P. (2020). Curriculum contextualization in Philippine basic education. *Philippine Journal of Educationfactory*, 99(1), 12–25.
- Dei, G. J. S. (2000). Rethinking indigenous knowledge in the academy. *International Journal of Inclusive Education*, 4(2), 111–132. <https://doi.org/10.1080/136031100284846>
- Dela Cruz, S., Reyes, P., & Bautista, K. (2024). Adaptability of instructional materials and teacher implementation practices in Philippine classrooms. *Southeast Asian Education Journal*, 14(1), 55–72.
- Department of Education Commission II. (2024). *EDCOM II Year One Report: Revitalizing the Philippine education system*. Second Congressional Commission on Education. <https://edcom2.gov.ph/media/2024/02/EDCOM-II-Year-One-Report-PDF-022924.pdf>
- Department of Education. (2015a). *DepEd Order No. 8, s. 2015: Policy guidelines on classroom assessment for the K to 12 Basic Education Program*. Department of Education.
- Department of Education. (2015b). *DepEd Order No. 32, s. 2015: Adopting the Indigenous Peoples Education Curriculum Framework*. Department of Education.
- Department of Education. (2016a). *DepEd Order No. 35, s. 2016: The Learning Action Cell (LAC) as a K to 12 Basic Education Program school-based continuing professional development strategy for the improvement of teaching and learning*. Department of Education.
- Department of Education. (2016b). *DepEd Order No. 42, s. 2016: Policy guidelines on daily lesson preparation for the K to 12 Basic Education Program*. Department of Education.
-



- Department of Education. (2017). *DepEd Order No. 42, s. 2017: National adoption and implementation of the Philippine Professional Standards for Teachers (PPST)*. Department of Education. <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2020). *DepEd Order No. 012, s. 2020: Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020–2021 in light of the COVID-19 public health emergency*. Department of Education.
- Department of Education. (2023a). *Curriculum review notes on instructional materials and learning resource standards*. Department of Education, Republic of the Philippines.
- Department of Education. (2023b). *DepEd Order No. 054, s. 2023: Policy guidelines on the implementation of the MATATAG Curriculum*. Department of Education. <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2023c). *MATATAG curriculum framework: A decongested, responsive, and learner-centered curriculum for basic education*. Department of Education.
- Department of Education. (2023d). *MATATAG curriculum implementation guide: Policy brief on curriculum decongestion and learning competencies*. Department of Education, Republic of the Philippines.
- Department of Education. (2023e). *MATATAG Curriculum: General shaping paper*. Department of Education. <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2024a). *DepEd Order No. 010, s. 2024: Guidelines on instructional and curriculum implementation reforms*. Department of Education. <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2024b). *Philippine development plan 2023–2028: Agenda for prosperity, inclusion, and resilience*. Department of Education.
- Department of Education. (2024c). *DepEd Memorandum No. 008, s. 2024: Guidelines on the development and use of lesson exemplars and learning activity sheets*. Department of Education. <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2024d). *DepEd Memorandum No. 054, s. 2023: Guidelines on pilot implementation of the MATATAG Curriculum*. Department of Education. <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2024e). *DepEd Order No. 010, s. 2024: Revised implementation guidelines of the MATATAG Curriculum*. Department of Education. <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2024f). *DepEd Order No. 013, s. 2023: MATATAG Agenda implementation framework*. Department of Education. <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2024g). *Teacher workload and instructional support reports*. Department of Education. <https://www.deped.gov.ph>
-



-
- Dublar, R. (2023). Technology integration and student learning outcomes. *SSRN Electronic Journal*. <https://doi.org/10.2139/ssrn.4432104>
- DuFour, R., & Fullan, M. (2013). *Cultures built to last: Systemic PLCs at work*. Solution Tree Press.
- Emborong, R. M. (2025). *Persepsiyon ng mga guro sa implementasyon ng peace education sa Pilipinas* [Unpublished manuscript].
- Freire, P. (1970). *Pedagogy of the oppressed*. Continuum.
- Fuentes, M. B. (2025). Teacher experiences and MATATAG curriculum implementation. *Journal of Interdisciplinary Perspectives*, 7(1), 142–155.
- Gay, G. (2018). *Culturally responsive teaching: Theory, research, and practice* (3rd ed.). Teachers College Press.
- Geronimo, J. (2023). *The Philippine K to 12 curriculum review*. Ateneo de Manila University Press.
- GMA News. (2014). *Lack of materials, training challenges in K to 12 implementation*. <https://www.gmanetwork.com/news/>
- Gonzales, A. P. (2025). *Persepsiyon ng mga guro sa values education* [Unpublished manuscript].
- Guskey, T. R. (2002). Professional development and teacher change. *Teachers and Teaching*, 8(3), 381–391. <https://doi.org/10.1080/135406002100000512>
- Hargreaves, A., & Fullan, M. (2012). *Professional capital: Transforming teaching in every school*. Teachers College Press.
- Harris, C., & Graham, S. (2020). Culturally responsive teaching. *Journal of Curriculum Studies*, 52(4), 455–472.
- Hassan, B. K. (2024). Teachers' perceptions on peace education. *International Journal of Education and Social Studies*, 12(3), 45–60.
- Hatano, G., & Inagaki, K. (1986). Two courses of expertise. In H. Stevenson, H. Azuma, & K. Hakuta (Eds.), *Child development and education in Japan* (pp. 262–272). W. H. Freeman.
- Hattie, J. (2009). *Visible learning: A synthesis of over 800 meta-analyses relating to achievement*. Routledge.
- Herrera, N. J. N. (2024). MATATAG curriculum challenges. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 5(12), 4112–4125.
-



-
- Herrera, N. J. N. (2025). MATATAG curriculum scoping review. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 6(1), 200–215.
- Hudson, P., & Meyer, M. (2011). Instructional design and the role of lesson exemplars in curriculum implementation. *International Journal of Educational Practice*, 4(2), 78–92.
- Kazanas, H. C., & Rothwell, W. J. (2019). *Mastering the instructional design process: A systematic approach* (6th ed.). Wiley.
- Kiger, M. E., & Varpio, L. (2020). Thematic analysis of qualitative data: AMEE Guide No. 131. *Medical Teacher*, 42(8), 846–854. <https://doi.org/10.1080/0142159X.2020.1755030>
- Kim, T., & Podolsky, A. (2016). *Teaching experience and effectiveness*. Learning Policy Institute.
- Klafki, W. (2000). Didactic analysis and categorical education theory. In I. Westbury, S. Hopmann, & K. Riquarts (Eds.), *Teaching as a reflective practice: The German Didaktik tradition* (pp. 139–174). Peter Lang.
- Knowles, M. S. (1984). *Andragogy in action: Applying modern principles of adult learning*. Jossey-Bass.
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2015). *UP diksiyonaryong Filipino*. Komisyon sa Wikang Filipino.
- Lagon, H. M. (2026, February 17). The quiet learning loss. *Panay News*. <https://www.panaynews.net/the-quiet-learning-loss-2/>
- Lave, J., & Wenger, E. (1991). *Situated learning: Legitimate peripheral participation*. Cambridge University Press. <https://doi.org/10.1017/CBO9780511815355>
- Lieberman, A., & Mace, D. P. (2010). Making practice public: Teacher learning in the 21st century. *Journal of Teacher Education*, 61(1–2), 77–88. <https://doi.org/10.1177/0022487109347319>
- Liego, M. A., Santos, R. D., & Reyes, F. L. (2021). Module-based distance learning challenges. *International Journal of Research Publications*, 71(1), 101–115.
- Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). *Naturalistic inquiry*. Sage Publications.
- Llanes, M. F. G., & Santos, J. M. (2025). MATATAG implementation challenges. *INTI Journal*, 2025(12), 45–59.
- Lozanta, J. (2022). New media tools in education. *Asian Journal of Education and Information Technology*, 10(2), 15–29.
- Marzano, R. J. (2007). *The art and science of teaching: A comprehensive framework for effective instruction*. ASCD.
-




-
- Mendoza, L., & Flores, J. (2023). Challenges in the implementation of lesson exemplars among Filipino teachers. *Philippine Journal of Teacher Education*, 10(1), 112–128.
- Miles, M. B., & Huberman, A. M. (1994). *Qualitative data analysis: An expanded sourcebook* (2nd ed.). Sage Publications.
- Mintzberg, H. (1994). *The rise and fall of strategic planning*. Free Press.
- Moll, L. C., Amanti, C., Neff, D., & González, N. (1992). Funds of knowledge for teaching: Using a qualitative approach to connect homes and classrooms. *Theory Into Practice*, 31(2), 132–141. https://doi.org/10.1207/s15430421tip3102_5
- Muntinlupa National High School Study Group. (2022). *ICT integration and 21st century skills*. Zenodo. <https://doi.org/10.5281/zenodo.6543210>
- National Commission on Indigenous Peoples. (2012). *Indigenous Knowledge Systems and Practices guidelines*. NCIP.
- National Economic and Development Authority. (2023). *Philippine Development Plan 2023–2028*. NEDA.
- Organisation for Economic Co-operation and Development. (2019a). *OECD Learning Compass 2030: A series of concept notes*. OECD Publishing.
- Organisation for Economic Co-operation and Development. (2019b). *TALIS 2018 results (Volume I): Teachers and school leaders as lifelong learners*. OECD Publishing. <https://doi.org/10.1787/1d0bc92a-en>
- Organisation for Economic Co-operation and Development. (2019c). *Education at a glance 2019: OECD indicators*. OECD Publishing. <https://doi.org/10.1787/f8d7880d-en>
- Organisation for Economic Co-operation and Development. (2023). *PISA 2022 results (Volume I): The state of learning and equity in education*. OECD Publishing. <https://doi.org/10.1787/53f23881-en>
- Palinkas, L. A., Horwitz, S. M., Green, C. A., Wisdom, J. P., Duan, N., & Hoagwood, K. (2015). Purposeful sampling for qualitative data collection and analysis in mixed method implementation research. *Administration and Policy in Mental Health and Mental Health Services Research*, 42(5), 533–544. <https://doi.org/10.1007/s10488-013-0528-y>
- Papagiannis, G., & Pallaris, C. (2024). *Makerspace and 21st century skills*. arXiv. <https://doi.org/10.48550/arXiv.2401.00000>
- Philippine Information Agency. (2023). *DepEd, PIDS conduct assessment of MATATAG curriculum pilot implementation*. <https://pia.gov.ph>
- Philippine Normal University. (2021). *Instructional time, learner-centered pedagogy, and differentiated instruction in basic education: A research-based policy review*. Philippine Normal University.
-



-
- Piaget, J. (1972). *The psychology of the child*. Basic Books.
- Priestley, M., Biesta, G., & Robinson, S. (2015). *Teacher agency: An ecological approach*. Bloomsbury Academic.
- Ramos, A., & De Vera, C. (2022). Utilization of lesson exemplars in Filipino subject under distance learning modality. *Philippine Journal of Language Education*, 16(2), 45–61.
- Ramos, A., & Inocian, R. (2022). Design thinking in education. *Journal of Research, Policy & Practice of Teachers & Teacher Education*, 12(1), 78–93.
- RAND Corporation. (2018). *Curriculum-aligned instructional materials and student learning gains* (RAND Education Report). RAND Corporation. <https://www.rand.org>
- Reigeluth, C. M. (Ed.). (2013). *Instructional-design theories and models: A new paradigm of instructional theory* (Vol. II). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9780203064283>
- Republic Act No. 11476. (2019). *GMRC and Values Education Act*. Official Gazette of the Republic of the Philippines. <https://www.officialgazette.gov.ph>
- Republic of the Philippines, Senate of the Philippines. (2021). *Senate Bill No. 122: E-Textbook Para Sa Lahat Act*. https://legacy.senate.gov.ph/lis/bill_res.aspx?congress=18&q=SBN-122
- Robbins, S. P., & Judge, T. A. (2019). *Organizational behavior* (18th ed.). Pearson.
- Rogers, E. M. (2003). *Diffusion of innovations* (5th ed.). Free Press.
- Salazar, J., Cruz, E., & Santos, M. (2024). Pedagogical coherence in the implementation of the MATATAG Curriculum. *Philippine Curriculum Research Journal*, 11(2), 89–104.
- Salazar, M. G., Ramos, J. L., & Torres, P. E. (2024). SDG 4 integration in education. *Journal of Educational Sustainability*, 5(1), 12–27.
- Saldaña, J. (2016). *The coding manual for qualitative researchers* (3rd ed.). SAGE Publications.
- Schleicher, A. (2018). *World class: How to build a 21st-century school system*. OECD Publishing. <https://doi.org/10.1787/9789264300002-en>
- Shulman, L. S. (1987). Knowledge and teaching: Foundations of the new reform. *Harvard Educational Review*, 57(1), 1–23. <https://doi.org/10.17265/1548-6605/2017.02.001>
- Souto-Manning, M. (2021). *Critical pedagogy*. Oxford University Press.
- Spall, S. (1998). Peer debriefing in qualitative research. *Qualitative Health Research*, 8(3), 425–434. <https://doi.org/10.1177/104973239800800311>
-



-
- Steiner, D. (2017). *Curriculum research and the importance of high-quality instructional materials*. Johns Hopkins Institute for Education Policy. <https://edpolicy.education.jhu.edu>
- Steinmann, I., Sánchez, D., van Laar, S., & Braeken, J. (2022). The impact of inconsistent responders to mixed-worded scales on inferences in international large-scale assessments. *Assessment in Education: Principles, Policy & Practice*, 29(1), 5–26. <https://doi.org/10.1080/0969594X.2021.2005302>
- Sweller, J. (1988). Cognitive load during problem solving: Effects on learning. *Cognitive Science*, 12(2), 257–285. https://doi.org/10.1207/s15516709cog1202_4
- Tila, S. (2018). *Pedagogy of justice in K to 12*. UST Publishing House.
- Timperley, H., Wilson, A., Barrar, H., & Fung, I. (2007). *Teacher professional learning and development: Best evidence synthesis iteration*. Ministry of Education, New Zealand.
- Tomlinson, B. (Ed.). (1998). *Materials development in language teaching*. Cambridge University Press.
- Tomlinson, B. (Ed.). (2020). *Developing materials for language teaching* (2nd ed.). Bloomsbury Academic.
- Tomlinson, C. A. (2003). *Fulfilling the promise of the differentiated classroom: Strategies and tools for responsive teaching*. Association for Supervision and Curriculum Development.
- Tomlinson, C. A. (2014). *The differentiated classroom: Responding to the needs of all learners* (2nd ed.). ASCD.
- Torres, M. (2020). Lesson exemplar as pedagogical text. *Ateneo de Manila University Journal of Education*, 15(2), 45–59.
- United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2020). *Global education monitoring report 2020: Inclusion and education—All means all*. UNESCO Publishing. <https://doi.org/10.54676/IBSR6682>
- United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2021). *Reimagining our futures together: A new social contract for education*. UNESCO Publishing.
- United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2023). *Global education monitoring report 2023: Technology in education—A tool on whose terms?* UNESCO Publishing. <https://doi.org/10.54676/UZQV8501>
- UNICEF, & SEAMEO. (2020). *Situation analysis of children in the Philippines*. UNICEF Philippines.
- Voogt, J., Fisser, P., Good, J., Mishra, P., & Yadav, A. (2013). Technological pedagogical content knowledge (TPACK): A review of the literature. *Journal of Computer Assisted Learning*, 29(2), 109–121. <https://doi.org/10.1111/j.1365-2729.2012.00487.x>
-



- Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.
- Wenger, E. (1998). *Communities of practice: Learning, meaning, and identity*. Cambridge University Press. <https://doi.org/10.1017/CBO9780511803932>
- Wiggins, G., & McTighe, J. (2005). *Understanding by design* (Expanded 2nd ed.). ASCD.
- World Bank. (2021). *Philippines education sector analysis: Learning outcomes and instructional quality*. World Bank Group. <https://www.worldbank.org>
- World Bank. (2022). *The state of global learning poverty: 2022 update*. World Bank Group. <https://www.worldbank.org/en/topic/education/publication/state-of-global-learning-poverty>
- World Bank. (2023). *Philippines education sector analysis: Improving learning outcomes and system efficiency*. World Bank Group. <https://www.worldbank.org/en/country/philippines>
- Zafra, N. (2016). *Wika, kultura, at edukasyon sa kontekstong Pilipino*. Ateneo de Manila University Press.